


Lipunan at Rebolusyong Pilipino *Isinalarawan*


Lipunan at Rebolusyong Pilipino
Isinalarawan
CPP/NPA







# LIPUNAN at REBOLUSYONG PILIPINO

*Isinalarawan*

IKALAWANG EDISYON
PALIMBAGANG SENTRAL
PARTIDO KOMUNISTA NG PILIPINAS


# MAIKLING PALIWANAG

Muling inilalathala ang ***Lipunan at Rebolusyong Pilipino*** *(Isinalarawan)* na unang inilathala noong 1981. Ang Lipunan at Rebolusyong Pilipino *(Isinalarawan)* ay isang saligang babasahin para sa edukasyong pampulitika sa hanay ng mga rebolusyonaryong pwersa laluna yaong kabilang sa uring manggagawa at magsasaka.

Ang ***Lipunan at Rebolusyong Pilipino*** *(Isinalarawan)* ay inamyendahan upang maipaloob ang mahahalagang pangyayari sa lipunan at rebolusyong Pilipino mula noong 1981 hanggang sa kasalukuyan. Isinaayos at iwinasto rin ang ilang pormulasyon na naimpluwensyahan ng mga nakaraang disoryentasyon at pagkakamali.

Ang ***Lipunan at Rebolusyong Pilipino*** *(Isinalarawan)* ay makatatayo bilang hiwalay na aralin o suplemento sa pag-aaral ng ***Maikling Kurso sa Lipunan at Rebolusyong Pilipino.***

Pambansang Kagawaran sa Edukasyon-
Pangkalahatang Kalihiman
Disyembre 1998





Robinson Projection
Scale 1:134,000,000

Boundary representation is not necessarily authoritative.

February 1994

NAPALILIGIRAN ANG PILIPINAS NG DAGAT TSINA, DAGAT CELEBES AT KARAGATANG PASIPIKO. NASA HANGGANAN NITO SA HILAGA ANG TSINA AT NASA TIMOG NAMAN ANG INDONESIA AT HILAGANG BORNEO.

| PULO | SUKAT (KM.KWADRADO) | POPULASYON |
|---|---|---|
| 1. LUZON | 104,688 | 30,782,432 |
| 2. MINDANAO | 94,630 | 13,297,430 |
| 3. SAMAR | 13,080 | 1,246,722 |
| 4. NEGROS | 12,705 | 3,182,180 |
| 5. PALAWAN | 11,785 | 528,287 |
| 6. PANAY | 11,575 | 3,136,425 |
| 7. MINDORO | 9,735 | 832,642 |
| 8. LEYTE | 7,214 | 1,807,768 |
| 9. CEBU | 4,422 | 2,646,517 |
| 10. BOHOL | 3,865 | 948,403 |
| 11. MASBATE | 3,269 | 599,355 |



# Balik-aral Sa Kasaysayan Ng Pilipinas

Ang Kasaysayan ng Pilipinas ay kasaysayan ng mahaba at mahirap na pakikibaka para sa pambansa at panlipunang paglaya. Ang pinakadakilang mga pahina ng ating kasaysayan ay sinulat ng api at pinagsasamantalahang sambayanan na armadong nag-alsa para ipagtanggol ang sarili at ipaglaban ang kanilang mga karapatan laban sa mapang-api at mapagsamantalang mga dayuhan at lokal.

Tungkulin ng bawat mamamayang Pilipino na pag-aralan ang kasaysayan ng Pilipinas. Sa gayon lamang natin mauunawaan ang pangkasaysayang ugat ng saligang mga suliranin ng bayan at ng umiiral na malakolonyal at malapyudal na balangkas ng lipunang Pilipino. Sa ganitong paraan lamang masasapol ang pangangailangan at saligang mga tungkulin ng demokratikong rebolusyong bayan na palayain ang Pilipinas sa salot ng imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo.



# I. Ang Pilipinas at ang Sambayanang Pilipino


MAYAMAN ANG PILIPINAS pero naghihirap ang sambayanang Pilipino.

Ang Pilipinas ay isang bulubunduking kapuluan na sagana sa likas na yaman. Nahahati ang mahigit pitong libong pulo sa tatlong malalaking grupo ng mga pulo: Luzon, Visayas, at Mindanao. Ang 30 milyong ektarya o 300 kilometro-kwadradong kapuluan ay punung-puno ng yaman sa agrikultura, kagubatan, mineral at katubigan.

Subalit ang kumokontrol at nakikinabang sa likas na kayamanang ito ay ang imperyalismong US, iilang malaking burgesya kumprador at malalaking panginoong maylupa, kayat naghihikahos ang mamamayan sa kabila ng kayamanan ng bayan.

Dakila at magiting ang sambayanang Pilipino. Mayaman at maningning ang ating tradisyon sa pakikibaka sa mga dayuhang mananakop at mga lokal na nagsasamantala't nang-aapi. Ang rebolusyonaryong pakikibaka ng sambayanang Pilipino, laluna ng uring manggagawa at magsasaka, ay patuloy na nagpapasulong sa lipunan. Sa ating paglaya sa pagsasamantala't pang-aapi ng imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo, magagawa ng sambayanang Pilipino na mabuhay nang masagana, magpakahusay sa iba't ibang larangan ng kakayahan at kaalaman, at ibayong mag-ambag sa pagsulong ng rebolusyon at kaunlaran ng buong daigdig.




DAHIL SAGANA SA ARAW AT ULAN AT MARAMI SA MGA BUNDOK ANG DATING BULKAN, NAPAKATABA NG LUPA SA PILIPINAS. BAGAY ITO SA MARAMING KLASE NG PANANIM NA MAKAKAIN AT MAGAGAMIT SA INDUSTRIYA.
KAGUBATAN ANG IKALIMANG BAHAGI (1/5) NG BUONG LUPAIN. MAPAGKUKUNAN ITO NG MARAMING PRODUKTONG GUBAT GAYA NG TROSO, GAMOT, PAPEL AT IBA PA. MAYAMAN ANG PILIPINAS SA BAKAL, GINTO, TANSO, NIKEL, KARBON, BAUXITE, LANGIS AT IBA PANG MINERAL NA KAILANGAN SA INDUSTRIYA.
KARBON
BAKAL
LANGIS
TANSO
TROSO
MARAMING ILOG NA MAGAGAMIT SA TULUY-TULOY NA PAGPAPATUBIG SA MGA BUKIRIN AT SA PAGLIKHA NG KURYENTE PARA SA BUONG KAPULUAN. SAGANA ANG PILIPINAS SA ISDA, HIPON, AT IBA PANG URI NG PAGKAING GALING SA DAGAT, ILOG AT LAWA. MARAMING LOOK ANG MAPAGDADAUNGAN NG MGA BAPOR PARA SA KOMERSYO AT TRANSPORTASYON.
ISDA
HIPON
DAMONG DAGAT
TALABA

HUMIGIT-KUMULANG 61 MILYON NA ANG MAMAMAYANG PILIPINO NOONG 1990, AT DUMARAMI NANG 2.35 PORSYENTO TAUNTAON. TINATAYANG AABOT SA 68 MILYON ANG POPULASYON SA 1995. PITUMPU'T LIMANG PORSYENTO (75%) NG POPULASYON ANG NAKATIRA SA KANAYUNAN. PITUMPU'T ANIM NA PORSYENTO (76%) ANG NABUBUHAY NANG MAS MABABA SA TAKDANG PAMANTAYAN SA KAHIRAPAN (POVERTY LINE). BILANG UMUUNLAD NA TAGAPAGLIKHA NG LAHAT NG PRODUKTO AT SERBISYO, ANG MAMAMAYAN AY MAPAGPASYANG PWERSA PARA SA KAUNLARAN NG PILIPINAS.

ILANG LAHI ANG PINAGMULAN NG MGA PILIPINO. LAHING MALAYO ANG WALUMPU'T LIMANG PORSYENTO (85%) NG LAHING PINAGMULAN NG MGA PILIPINO. INDONES AT TSINO ANG IBA PANG MAHAHALAGANG SALIK SA LAHI NG MAMAMAYAN. MAYROON DING SALIK NA ARABE, INDIAN, ESPANYOL, AMERIKANO AT NEGRITO, PERO MALIIT NA PORSYENTO LAMANG ANG MGA ITO.

SA NGAYON, ANG KARANIWANG SINASALITANG LENGGWAHE AT DYALEKTO, BATAY SA PORSYENTO AY TAGALOG (29.7%), CEBUANO (24.2%), ILOCANO (10.3%), ILONGGO (9.2%), BIKOL (5.6%), KAPAMPANGAN (2.8%) PANGASINAN (1.8%) AT WARAY (0.4%).
















AYON SA PINAKAPOPULAR NA TEORYA, ANG MGA ITA O NEGRITO ANG KAUNA-UNAHANG TUMIRA SA PILIPINAS. SILA AY MALIIT AT MAITIM NA MGA TAONG NAGLAKBAY MULA SA KONTINENTE NG ASYA MAY 25,000 HANGGANG 30,000 TAON NA ANG NAKALILIPAS.


MGA 5,000 HANGGANG 6,000 TAON NA ANG NAKAKARAAN, DUMATING ANG MGA INDONES. DALA NILA ANG MGA KAGAMITANG GAWA SA BATO AT NANG MAGLAON, MGA KASANGKAPANG YARI SA BRONSE AT TANSO.



NAGSIMULANG DUMATING ANG MGA MALAYO SA PILIPINAS 2,300 TAON NA ANG NAKALILIPAS. UMABOT HANGGANG SA IKALABING-APAT NA SIGLO ANG KANILANG PAGDATING. DALA NILA ANG SISTEMA SA PAGSULAT KAYA SILA ANG UNANG NAKAPAG-IWAN NG MGA ISTORIKONG TALA. NAKASABAY NG HULING DAGSA NG MGA MALAYONG DUMATING ANG MGA ARABENG MANGANGALAKAL AT GURO NG RELIHIYON NA NAGLATAG NG PUNDASYON NG ISLAM SA SULU AT MINDANAO.

## II. Ang Mamamayan Nang Dumating Ang Mga Kolonyalistang Espanyol

**B**AGO DUMATING ANG MGA KOLONYALISTANG ESPANYOL, ang mga sistemang panlipunang umiiral sa Pilipinas ay ang sistemang primitibo komunal ng mga Ita, sistemang malakomunal at mala-alipin sa mas malawak na saklaw at sistemang pyudal sa ilang lugar tulad ng Mindanao at Sulu. May sistemang pang-estado na ginamit ng naghaharing uri para makapagpanatili sa poder, manakop sa ibang baranggay o magdepensa laban sa pananakop at pananalakay.

May isang milyon ang kabuuan ng populasyon. Walumpung porsyento (80%) nito ang nakatira sa baybay-dagat at tabing-ilog. May mga nagsasariling pinagsamang komunidad na may populasyong umaabot sa 20,000 tulad ng sa Jolo at Maynila. Mayroon nang komersyo sa pagitan ng mga pulo mula Luzon hanggang Mindanao at sa pagitan ng Pilipinas at mga kalapit-bayan.

Nang dumating ang mga kolonyalistang Espanyol, may panloob na mga batayan na para lalong umunlad ang lipunang Pilipino. May mga tiyak na paraan sa produksyon na siguradong uunlad pa hanggang sa mapawi at mapalitan ng bago. May mga tiyak na uring nagtutunggali, na ang pagtutunggalian ay siguradong magiging dahilan ng pag-unlad ng lipunan.





ANG PINAKAATRASADONG SISTEMANG PANLIPUNANG INABUTAN NG MGA KOLONYALISTANG ESPANYOL AY ANG SISTEMANG PRIMITIBO KOMUNAL NG MGA ITA. ANG MGA ITA AY WALANG PIRMIHANG TIRAHAN AT PINAGKUKUNAN NG PAGKAIN.



WALA SILANG GUBYERNO. GRUPU-GRUPO ANG SAMPU HANGGANG TATLUMPUNG KATAO SA PAMUMUNO NG PINAKAMAGITING O PINAKAMATANDA SA KANILA.


SILA AY NANGANGASO, NANGINGISDA, NAMIMITAS NG BUNGANGKAHOY, NANGUNGUHA NG PULOT-PUKYUTAN AT NAGHUHUKAY NG KAMOTE, GABI AT IBA PANG HALAMANG-UGAT SA MGA GUBAT, ILOG, AT TABING-DAGAT. PAG-AARI NG BUONG PANGKAT O TRIBU ANG MGA KASANGKAPAN NILA SA KABUHAYAN, TULAD NG SIBAT, SUMPIT AT PANA. ANG PAGKAING NAKAKALAP SA PAGGAMIT NG MGA KASANGKAPANG ITO AY PARA RIN SA KANILANG LAHAT.


ANG BARANGGAY ANG TIPIKAL NA KOMUNIDAD SA BUONG KAPULUAN. ITO ANG SALIGANG YUNIT SA PULITIKA AT EKONOMYA NA INDEPENDYENTE SA IBA PANG KAPAREHO NITO. MAY ILANDAANG KATAO AT MALIIT NA TERITORYO ANG BAWAT BARANGGAY. ANG BAWAT ISA AY MAY PINUNO NA TINATAWAG NA DATU. SISTEMANG MALAKOMUNAL AT MALA-ALIPIN ANG UMIRAL SA MGA BARANGGAY.
ANG NAGHAHARING URI AY BINUBUO NG MGA DATU AT KANILANG MGA ANGKAN (NOBILIDAD). NAGMAMAY-ARI SILA NG LUPAIN, MGA ALIPIN, O KAYA'Y NAMAMAHALA SA MGA LUPANG PAG-AARI NG BUONG BARANGGAY. PANGGITNANG URI ANG MGA MAHARLIKA O TAONG MALAYA, NA NAGSASAKA SA SARILING LUPA O KAYA'Y NAGSASAGAWA NG ISPESYAL NA SERBISYO SA MGA NAGHAHARI AT HINDI NA KAILANGANG MAGTRABAHO SA BUKID.
ANG MGA URING PINAGHAHARIAN AY ANG MGA TIMAWA NA NAKIKIPARTE NG ANI SA MALIIT NA NOBILIDAD, AT ANG MGA ALIPIN AT MALA-ALIPING NAGTATRABAHO NANG WALANG TIYAK NA PARTE SA ANI. NAGIGING ALIPIN ANG MGA ANAK NG ALIPIN, MGA DI NAKAPAGBABAYAD NG UTANG AT TRIBUTO, MGA MAY NAGAWANG KRIMEN, AT MGA NABIHAG SA GERAHAN NG MGA BARANGGAY.


UNANG ITINATAG SA PILIPINAS ANG SISTEMANG PYUDAL SA MGA SULTANATO SA MINDANAO. SAKOP NG BAWAT SULTANATO ANG SANLIBO (1,000) HANGGANG ANIM NA LIBONG MAGSASAKA, MANGINGISDA AT KOMERSYANTE. MAS MAUNLAD ANG SISTEMANG ITO KAYSA SA SISTEMANG MALAKOMUNAL AT MALA-ALIPIN.
ANG NAGHAHARING URI AY ANG MGA PANGINOONG MAYLUPA NA KINABIBILANGAN NG SULTAN(ANG DATUNG MAKAPANGYARIHAN AT MAYAMAN SA LAHAT AT DIUMANO'Y MAY BANAL NA KARAPATAN), MGA DATU AT NOBILIDAD. PINAGSISILBIHAN SILA NG MGA ALAGAD NA GURO SA RELIHIYON, MANUNULAT AT NAMUMUNONG MANDIRIGMA. MAUNLAD NA MAUNLAD ANG KANILANG ISTRUKATURANG MGA LIDER SA PULITIKA AT RELIHIYON.
PARA PAKAININ AT TUSTUSAN ANG NAGHAHARING URI, INAANGKIN NG SULTAN ANG KALAHATI NG ANI NG MGA MAGSASAKA, HULING ISDA NG MGA MANGINGISDA AT GANANSYA NG MGA KOMERSYANTE.



SA BUONG KAPULUAN, NAPAHUSAY NG TAO ANG KANILANG MGA KASANGKAPAN SA PRODUKSYON AT PAGGAMIT SA MGA ITO. MAY MALALAWAK SILANG TANIMAN NG PALAY, MILET, TUBO, NIYOG, ABAKA, BULAK, GULAY AT PUNONGKAHOY. MAY SISTEMA SILA NG IRIGASYON SA MGA PATAG, BUROL AT BUNDOK.
NAG-AALAGA SILA NG MANOK, BABOY, KALABAW AT IBA PANG HAYOP. GUMAGAMIT SILA NG LAMBAT, BAKLAD AT IBA PA SA PANGINGISDA. MAYROON DIN SILANG MGA PALAISDAAN AT ASINAN.
GUMAGAWA SILA NG ALAK, TAPA, DAING, TINAPAY, AT IBA PANG KLASE NG PAGKAIN AT INUMIN. NAGHAHABI SILA NG TELA MULA SA ABAKA'T BULAK. GUMAGAWA RIN SILA NG BURDA, LUBID, BASKET, BANIG, AT PALAYOK. MABILIS NA UMUUNLAD NOON ANG PAGYAYARING-KAMAY.


NAGMIMINA SILA NG GINTO, TANSO, PILAK, AT BAKAL PARA GAWING ALAHAS, SANDATA AT KAGAMITAN SA TRABAHO. GUMAGAWA RIN SILA NG PULBURA PARA SA GERA.
MULA SA MGATROSO SA GUBAT, GUMAGAWA SILA NG MALAKI'T MALIIT NA SASAKYANG-DAGAT PARA SA PANGINGISDA, PANGONGOMERSYO AT PAKIKIDIGMA, GAYA NG BANGKANG CARACOA NA MAY KAKAYAHANG MAGDALA NG 50 HANGGANG 100 PASAHERO AT NG BANGKANG JOANGGA NA KAYANG MAGLULAN NG HANGGANG 300 PASAHERO.
MAY MGA PIRMIHANG PANDAY, KARPINTERO, MAGPAPALAYOK, AT IBA PANG ARTISANO SA MGA BARANGGAY AT SULTANATO. ANG KANILANG MGA PRODUKTO AY IPINAGPAPALIT SA PAGKAIN, ISDA AT IBA PANG PRODUKTO NG MGA ALIPIN AT TIMAWANG MAGSASAKA'T MANGINGISDA.


MAYROON NANG LIMITADONG PAGPA-PALITAN NG PRODUKTO SA IBA'T IBANG PULO AT SA BUONG KAPULUAN. ANG ISDA AT ASIN NG MGA NAKATIRA MALAPIT SA DAGAT, LAWA AT ILOG AY IPINAGPAPALIT SA MGA KALAKAL NG NASA IBANG POOK. KASABAY NITO, ANG GINTO, PULOT-PUKYUTAN AT IBA PANG PRODUKTO NG MGA TAGA-BUNDOK AY IPINAGPA-PALIT SA MGA KALAKAL NG MGA TAGA-PATAG.


SA SULU, MAYNILA, BUTUAN AT IBA PANG SENTRO NG KOMERSYO SA PILIPINAS, DUMARAYO NA ANG MGA MANGANGALAKAL MULA SA TSINA, INDOTSINA, HILAGANG BORNEO, INDONESIA, MALAYA, THAILAND, HAPON, INDIA AT MIDDLE EAST. ANG PAGKIT, KAHOY, BIGAS, BULAK AT IBA PANG KATUTUBONG PRODUKTO AY IPINAGPAPALIT SA PORSELANA, SEDA, AT PRODUKTONG METAL. GINAGAMIT ANG MGA PRODUKTONG METAL PARA LUMIKHA NG MGA KASANGKAPAN AT PAUNLARIN ANG MGA KATUTUBONG PRODUKTO.


GUMAMIT NG ARMAS ANG MGA NAGHAHARING URI PARA PANATILIHIN ANG SISTEMA NG LIPUNAN, IPILIT ANG KANILANG INDEPENDENSYA SA IBANG BARANGGAY O ITABOY ANG MGA DAYUHANG MANANALAKAY.
NAGPATUPAD NG SISTEMA NG BATAS, PAGLILITIS AT PAGPAPARUSA PARA LALONG IGIIT ANG PAGHAHARI NG MGA PANGINOONG MAYLUPA.
MAHIGIT SANDAANG WIKA AT DYALEKTO ANG SINASALITA NG MGA TAO BAGO DUMATING ANG MGA ESPANYOL. MAYROON SILANG SARILING ABAKADA AT KALENDARYO, AT MARAMING MARUNONG BUMASA'T SUMULAT. LUMILIKHA SILA NG MGA EPIKO, AWIT, BUGTONG AT SALAWIKAIN, SAYAW AT TUGTOG, KAMPANA, GONG, PLAWTA, KUDYAPI AT TAMBOL AT NG MGA DISENYO, ISTATWA AT IBA PANG LIKHANG-SINING.


MABILIS NA UMUNLAD ANG KANILANG KAGAMITAN AT PARAAN SA PRODUKSYON. HABANG UMUUNLAD ANG PRODUKSYON, HINAHATI-HATI NILA ANG IBA'T IBANG BAHAGI O TIPO NG TRABAHO, AT MAY NAGSIMULANG MANG-ANGKIN NG SARILI O PRIBADONG PAG-AARI. SA GANITO LUMITAW AT LUMAWAK ANG MGA URI.
SA LIPUNANG ITO, MAY BATAYAN NA PARA TUMINDI ANG TUNGGALIAN NG MGA NAGHAHARING URING MAPANG-API, NA NAIS MAGPANATILI SA UMIIRAL NA SISTEMA NG PRODUKSYON, AT NG PINAGHAHA-RIANG MGA URI NA NAIS BAGUHIN ITO. MAY BATAYAN NA PARA PAUNLARIN NG TUNGGALIAN NG MGA URI ANG SISTEMA NG PRODUKSYON AT ANG BUONG LIPUNAN.

# III. Ang Kolonyal at Pyudal na Lipunang Pilipino

KOLONYAL AT PYUDAL ANG LIPUNANG NABUO sa mahigit tatlong siglo ng paghahari ng Espanya sa Pilipinas. Isa itong lipunan na pundamental na pinaghaharian ng uring panginoong maylupa, kabilang na ang kolonyal na mga upisyal na Espanyol, mga ordeng Katoliko at mga lokal na pinunong papet. Nanatili sa katayuang timawa ang masa ng mamamayan, at inagawan ng ari-arian kahit ang mga maharlika.

Ipinatupad ng kolonyalismong Espanyol ang mga sistemang engkomyenda at asyenda upang paugatin ang pyudalismo sa malawak na bahagi ng Pilipinas. Sa pulitika at kultura, namayani ang pagsasanib ng estado at simbahan, ang pangunahing institusyong kultural sa bayan. Ginamit ang relihiyong Katoliko para alipinin ang isip ng mamamayan habang winawasak ang katutubong kultura.

Mula nang ipataw ang kolonyal na paghahari sa Pilipinas, tuloy-tuloy na sumiklab ang mga pag-aalsa sa iba't ibang bahagi ng kapuluan. Di kukulangin sa dalawang daang pag-aalsa ang naganap noong naghahari ang kolonyalismong Espanyol. Lumaki at lumawak ang mga pag-aalsa at bumuo ng dakilang tradisyong rebolusyonaryo ng sambayanang Pilipino.



NOON PA MANG IKA-15 SIGLO, ANG MGA KOMERSYANTENG ESPANYOL, SA NGALAN NG KANILANG HARI, AY NAGSIMULA NANG MANAKOP SA MIDDLE EAST, APRIKA AT AMERIKA. HINANGAD NILA ANG MGA KOLONYANG MAPAGKUKUNAN NG GINTO AT REKADONG IPINAGBIBILI SA EUROPA, AT MAPAGDADAUNGAN NG KANILANG MGA BARKONG PANGKOMERSYO. NOONG IKA-16 NA SIGLO, NAGPADALA SILA NG MGA EKSPEDISYON SA PILIPINAS PARA SAKUPIN ITO AT GAWING HIMPILAN SA PANANAKOP AT PAGKOKOMERSYO SA ASYA. [ ANG LIPUNANG PINAUNLAD DITO NG MGA KOLONYALISTA SA LOOB NG MAHIGIT TATLONG DAANG (300) TAON AY KOLONYAL AT PYUDAL. NAGHAHARI DITO ANG URING PANGINOONG MAYLUPA, KABILANG NA ANG MGA KOLONYAL NA UPISYAL NA ESPANYOL, ORDENG KATOLIKO AT MGA KATUTUBONG PUNONG PAPET.]




GINAMIT NG MGA KOLONYALISTA ANG DAHAS AT PANLILINLANG - ESPADA AT KRUS - PARA SAKUPIN ANG MAMAMAYAN. KINANYON AT SINUNOG NILA ANG MGA KOMUNIDAD NG MASA AT DINAMBONG ANG MGA SASAKYANG-DAGAT, BIGAS, ALAGANG HAYOP, GINTO AT IBA PANG ARI-ARIAN.
PINAPATAY, INAALILA O IPINAGBIBILI BILANG ALIPIN ANG MGA BIHAG.
NAMATAY SA GUTOM AT SAKIT ANG MARAMI SA MGA LUMIKAS PAAKYAT NG KABUNDUKAN DAHIL NAPILITANG IWAN ANG KANILANG MGA TANIM. PARA PASUKUIN ANG MASANG NAMUNDOK, NAGBANTA ANG MGA KOLONYALISTA NA PAPATAYIN ANG MGA BIHAG.


DAHIL WALA PANG MALAWAK NA PAGKAKAISA SA PULITIKA ANG MAMAMAYAN SA PILIPINAS, MADALING NAIPATUPAD NG MGA KOLONYALISTA ANG TAKTIKANG "MANGHATI AT MAGHARI". NILANSI ANG ILANG BARANGGAY PARA YAKAPIN NG MGA ITO ANG KRISTIYANISMO AT PAGKATAPOS AY GINAMIT LABAN SA IBA PANG BARANGGAY NA LUMALABAN SA KOLONYAL NA PAGHAHARI.
SINABI NG MGA KOLONYALISTA NA SILA'Y MGA "KINATAWAN NG LANGIT" NA NAGHAHATID NG "TUNAY NA RELIHIYON". GINAMIT NILA ANG RELIHIYONG KATOLIKO PARA GAWING SUNUD-SUNURAN ANG MAMAMAYAN SA KANILANG PANANAKOP AT PAGHAHARI. SINIRAAN NILA ANG RELIHIYONG DI KRISTYANO, WINASAK ANG MGA PALATANDAAN NITO SA MGA LUGAR NA NASAKOP, AT INILABAN ANG MGA KATOLIKO SA MGA DI KATOLIKO.
INAKIT NILA ANG MGA DATU SA PAMAMAGITAN NG MGA REGALO AT PANGAKONG HINDI SILA AALISAN NG KAPANGYARIHAN. KINASANGKAPAN NILA ANG MGA DATU PARA UTUSAN ANG MAMAMAYAN NA TUMIGIL SA PAGLABAN.


SA BAWAT REHIYON SA KAPULUAN, NILABANAN NG MAMAMAYAN ANG PANANALAKAY NG KOLONYALISMONG ESPANYOL. SA PATAG, PARA GUTUMIN ANG KAAWAY, MAY TUMATANGGING MAGBIGAY NG PAGKAIN SA KAAWAY O KAYA'Y NAGBIBIGAY NG PAGKAING MAY LASON. ANG PINAKATAMPOK NA PAKIKIPAGLABAN NG MAMAMAYAN SA MGA MANANAKOP NOONG IKA-16 SIGLO AY PINAMUNUAN NI LAPULAPU NOONG 1521 AT NI RAHA SULAYMAN NOONG 1564 AT 1571.


KAHIT NASAKOP NG MGA KOLONYALISTA ANG MGA KOMUNIDAD, PANAKANAKA PA RIN SILANG TINATAMBANGAN AT NILULUSOB NG MAMAMAYAN. PINARURUSAHAN ANG ILAN SA MGA DATUNG NAKIKIPAGSABWATAN SA MGA KOLONYALISTA.


NAKAPANATILING MALAYA SA KOLONYAL NA PANANAKOP ANG MGA MORO SA MINDANAO AT ANG MGA TAGA-BUNDOK, LALUNA ANG MGA IGOROT SA HILAGANG LUZON.BINIGO NG MGA IGOROT ANG MGA EKSPEDISYONG MILITAR NA NAGTANGKANG MANLUPIG SA MASA AT MANGAMKAM NG GINTO SA KABUNDUKANG KORDILYERA. PARA IPAGTANGGOL ANG KANILANG MGA KOMUNIDAD, PINALILIGIRAN NILA NG PATIBONG ANG MGA ITO.


MULA SA MATAAS NA LUGAR, PINAGUGULUNGAN NILA NG MALALAKING BATO ANG MGA SUNDALONG KOLONYAL. NILALANSI NILA ANG KAAWAY. KUNWARI'Y UMUURONG O SUMUSUKO SILA, PERO PAGKATAPOS AY TINATAMBANGAN NILA ANG PWERSANG ESPANYOL AT NILULUSOB ANG MGA KAMPO NITO.


SA MINDANAO, SULU, BASILAN, AT TAWI-TAWI, BINIGO NG MAMAMAYANG MORO ANG PAKANA NG MGA KOLONYALISTA NA SILA'Y SAKUPIN, KONTROLIN SA KOMERSYO AT PATAWAN NG RELIHIYONG KATOLIKO. SA PINAKATAMPOK NA DEPENSANG PINAMUNUAN NI SULTAN KUDARAT, NAGBUKLOD ANG MGA SULTANATO LABAN SA MGA EKSPEDISYONG ESPANYOL.
PAULIT-ULIT NA NILUSOB NG MGA MORO ANG KAAWAY SA MGA BAYANG ITINAYO SA VISAYAS AT LUZON. SINUSUNOG NILA ANG MGA KAMPONG MILITAR, PAGAWAAN NG BAPOR, SIMBAHAN, MUNISIPYO AT BAHAY NG MGA KOLONYALISTA'T DATU. KINUKUMPISKA ANG MGA KANYON, BARIL, BALA AT BIGAS SA MGA ITO.


IPINAMAHALA ANG SAKOP NA MGA LUGAR SA MGA UPISYAL AT SUNDALONG ESPANYOL, MGA PRAYLE AT ILANG PILING DATU BILANG ENGKOMYENDANG KALOOB, ISANG GANTIMPALA PARA SA SERBISYO NILA SA HARI NG ESPANYA. SA PAMAMAGITAN NG SISTEMANG ENGKOMYENDA, SINIMULANG PALAGANAPIN NG MGA KOLONYALISTANG ESPANYOL ANG PYUDALISMO SA BUONG PILIPINAS. GINAWANG KASAMA SA SAKAHAN ANG MGA TIMAWA, ALIPIN AT MAHARLIKA.
PINATAWAN ANG BAWAT PAMILYANG MAGSASAKA NG BUWIS NA KATUMBAS NG KALAHATI HANGGANG DALAWANG-KATLO (2/3) NG ANING PALAY. GINAMIT ITO PARA SA SARILING PAGKAIN AT LUHO NG MGA KOLONYALISTA.
INANGKIN NILA ANG LUPAIN NG MGA MAGSASAKA SA PAMAMAGITAN NG PWERSA, PAGPAPATITULO SA LUPA, AT USURA. INAGAWAN NILA NG SAKAHAN ANG MGA DI-MAKABAYAD SA UTANG.


SAPILITANG PINATATRABAHO ANG MASA, MATANDA MAN O BATA, SA MGA PROYEKTONG KOLONYAL. ILANG BUWAN TAUN-TAON, PINAGHAHAWAN NG GUBAT ANG MGA LALAKI PARA PALAWAKIN ANG MGA ENGKOMYENDA. O KAYA'Y PINAGTITIBAG NG BATO, PINAGMIMINA AT PINAGTATRABAHO SA MGA BODEGA'T BARKO.
PINAGAGAWA SILA NG MGA KALSADA, TULAY, SIMBAHAN, MUNISIPYO, BAHAY NG MGA KOLONYALISTA, BARKO AT KANYON. KARANIWANG HINDI SILA BINABAYARAN.
WALANG BAYAD NA PINAGSISILBI ANG MARAMING BABAE'T BATA SA MGA BAHAY NG MGA UPISYAL NG GUBYERNO, SIMBAHAN AT KUMBENTO NG MGA PRAYLE. PINAPANGISDA ANG MARAMING IBA PANG MAMAMAYAN PARA SA SARILING PAGKAIN NG MGA KOLONYALISTA.
IKINUKULONG AT PINAGMAMALUPITAN ANG MGA TUMATANGGI SA PWERSAHANG PAGGAWA. DAHIL PINAPAGTRABAHO ANG MARAMING MAGSASAKA SA MALALAYONG LUGAR, NAPAPABAYAAN ANG KANILANG MGA BUKID AT MADALAS DUMANAS NG TAGGUTOM ANG MASA.


NOONG 1571, ITINAYO SA MAYNILA ANG SENTRO NG GUBYERNONG KOLONYAL SA PAMUMUNO NG GUBERNADOR-HENERAL. IPINATUPAD NIYA ANG MGA KOLONYAL NA BATAS, TULAD NG PANGINGIKIL NG MABIBIGAT NA BUWIS AT SAPILITANG PAGGAWA, SA PAMAMAGITAN NG MGA PRAYLE AT MGA SUNDALONG ESPANYOL AT KATUTUBO.
PANGUNAHING PINAGKAKAKITAAN NG GUBYERNONG KOLONYAL ANG KOMERSYONG GALYON SA PAGITAN NG MAYNILA AT MEXICO (SA AMERIKA LATINA) HANGGANG NOONG IKA-18 SIGLO. BINIBILI AT IPINAGBIBILI NITO ANG MGA PWESTO SA MGA BARKONG GALYON NA NAGLULULAN NG MGA PRODUKTO MULA SA TSINA PARA IPALIT SA PILAK NG MEXICO.
IPINUPUHUNAN NG MGA PRAYLE ANG SALAPING"PANGKAWANGGAWA" SA KOMERSYONG ITO O KAYA'Y IPINAUUTANG SA IBA PANG KOMERSYANTE. GINAGAMIT NG MGA KOLONYALISTA ANG KANILANG GANANSYA RITO PARA PALAWAKIN ANG KANILANG MGA TANIMAN AT RANTSO AT PARA SA LUHO. NAGPAPADALA RIN SA ESPANYA NG BAHAGI NG KITA SA KALAKALANG GALYON.


KINONTROL NG MGA PRAYLE DI LAMANG ANG KAISIPAN KUNDI PATI ANG KABUHAYAN NG MAMAMAYAN, LALUNA SA MGA LUPAIN NG MGA RELIHIYOSONG ORDEN. NAPASAKAMAY NG MGA PRAYLE ANG MARAMING SAKAHAN BILANG "PAMANA" NG MGA ENGKOMENDERO'T DATU, KAPALIT NG "GRASYA NG LANGIT" NA SILA RAW ANG NAGBIBIGAY.
NAPASAKAMAY NG SIMBAHANG KATOLIKO ANG MAHIGIT 180,000 EKTARYA O MAHIGIT KALAHATI NG MGA SAKAHAN AT PASTULAN SA MGA LALAWIGANG MORONG (RIZAL NGAYON), CAVITE, LAGUNA AT BULACAN. SA BAWAT KABAN NG BINHING IPINUPUNLA SA MGA LUPAIN NG PRAYLE, PINAGBUBUWIS ANG MGA MAGSASAKA NG LIMANG KABANG PALAY. TINATAASAN ANG UPANG ITO TAUN-TAON.
TUWING ANIHAN, NANGUNGULEKTA RIN ANG MGA PRAYLE NG 2 HANGGANG 4 NA KABANG BIGAS SA BAWAT PAMILYANG MAGSASAKA BILANG "PASASALAMAT SA GRASYA NG LANGIT". KASABAY NITO, GINAGAWA NILANG NEGOSYO ANG MGA BINYAG, KASAL AT LIBING.


BINUO ANG MGA PROBINSYA BATAY SA HALOS GANAP NANG PAGKAKAHATI NG KAPULUAN SA MGA ENGKOMYENDA. PINAPANGASIWAAN NG MGA ALKALDE-MAYOR NA ESPANYOL ANG KOLONYAL NA PAGHAHARI DITO. BILANG PANG-ENGGANYO,BINIBIGYAN SILA NG GOBERNADOR-HENERAL NG BAHAGI NG BUWIS MULA SA KANI-KANILANG PROBINSYA AT NG KARAPATANG SARILININ ANG KOMERSYO DITO.
PARA LALONG MATIYAK NA MAY PAGKAIN AT PANLUHO ANG MGA KOLONYALISTA, PWERSAHANG KUMUKUBRA ANG MGA ALKALDE-MAYOR NG MGA PRODUKTO SA MGA MAGSASAKA TAUN-TAON. DI KAYA, SAPILITANG BINIBILI ANG MGA PRODUKTO NANG NAPAKAMURA SA MGA MAGSASAKA AT IPINAGBIBILI NANG MAHAL SA MGA POBLASYON.
MULA SA PERANG KINUKURAKOT SA KABANGYAMAN NG GUBYERNO O HINIHIRAM SA "PANGKAWANGGAWANG" PONDO NG MGA PRAYLE, NAGPAPAUTANG SILA SA MGA MAGSASAKA SA MATAAS NA PATUBO. IBINIBILANGGO ANG MGA MAGSASAKANG UMAANI NANG KULANG SA KOTANG ITINATAKDA NG MGA KOLONYALISTA.


ANG MGA MUNISIPALIDAD AY IPINAMAHALA SA MGA GUBERNADORSILYO, ANG PINAKAMATAAS NA PUSISYONG NAHAWAKAN NG MGA PILIPINO SA SISTEMANG KOLONYAL. INIHALAL SILA NG MGA PRINSIPALES. ANG PRINSIPALYA AY BINUBUO NG MGA DATING GUBERNADORSILYO AT MGA DATI AT NAKAUPONG KABESA DE BARANGGAY.
BILANG MGA KATUTUBONG PAPET NA UPISYAL, KUMUKUBRA NG BUWIS ANG MGA GUBERNADORSILYO'T KABESA. SILA RIN ANG TAGAPANGULEKTA NG MGA TRABAHADOR PARA SA SAPILITANG PAGGAWA. UPANG PAHIGPITIN ANG PAGKATUTA NG PRINSIPALYA SA MGA KOLONYALISTA, INILILIBRE SILA SA PAGSASAMANTALANG IYON.
TUWING HINDI NATUTUPAD NG PRINSIPALYA ANG KOTA SA BUWIS, PINAPAG-ABONO SILANG MGA KOLONYALISTA, O KAYA'Y SINASAMSAM ANG KANILANG MGA ARI-ARIAN. PARA MAIWASAN ITO, NAGPAPATAW SILA NG DAGDAG NA BUWIS AT LALO NILANG IBINABAON SA UTANG ANG MGA MAGSASAKA.


DAHIL SA KAAYUSANG PYUDAL NG LIPUNAN, MAGKASAMANG NAGHAHARI ANG ESTADO AT SIMBAHAN. MALAWAK ANG KAPANGYARIHAN NG MGA PRAYLE, LALUNA SA MGA MUNISIPALIDAD. SILA ANG NAGING MGA SUPERBISOR AT INSPEKTOR SA ELEKSYON, SENSUS, BADYET, ISTATISTIKS AT KONSEHONG MUNISIPAL.


SILA RIN ANG NAMAMAHALA SA MGA ESKWELA NG PAROKYA, PAGPILI NG PULIS AT SUNDALO, AT SA PAGPAPAGAWA NG MGA DAAN, TULAY AT GUSALI. MYEMBRO SILA NG MGA LUPON SA PANGUNGULEKTA NG PERANG "PANG-KAWANGGAWA" AT PAMAMAHAGI NG MGA ENGKOMYENDYA.


DAHIL SA KANILANG IMPLUWENSYA, KAYA NILANG TANGGALIN, SUSPINDIHIN O ILIPAT ANG MGA UPISYAL NG GUBYERNONG KOLONYAL. SA KATUNAYAN, DALAWANG BESES SILANG PUMATAY NG GUBERNADOR-HENERAL - SINA SALCEDO AT BUSTAMANTE - NANG TANGKAIN NILANG BAWASAN ANG PAGNENEGOSYO NG SIMBAHAN.


PARA MAPANATILI ANG PAGHAHARI NG MGA KOLONYALISTA AT PANGINOONG MAYLUPA, PINALAGANAP NG MGA PRAYLE ANG KULTURANG KOLONYAL AT PYUDAL. TINAWAG NILANG "GAWA NG DEMONYO" ANG KATUTUBONG PANITIKAN AT RELIHIYON AT MARAHAS NA SINUPIL ANG MGA ITO.
ANILA, "LIKAS NA SUPERYOR" ANG MGA ESPANYOL KAYAT DAPAT SILANG SUNDIN NG MAMAMAYAN. ISINISISI NG MGA PRAYLE ANG KAHIRAPAN NG MASA SA "KATAMARAN". SINASABI PANG "SAGRADO" ANG KARAPATAN NG MGA PANGINOONG MAYLUPA NA MAGMAY-ARI NG MALALAWAK NA LUPAIN. ANG MGA NOBENA, DASAL, PRUSISYON, PAMAHIIN AT IBA PANG PANATIKONG PANINIWALA AY GINAWA NILANG OPYONG PAMPAMANHID SA PAGDURUSA NG MAMAMAYAN.
SINANAY NILA ANG MASA NA "TANGGAPIN ANG KAPALARAN", "MAGTIIS NANG WALANG-HANGGAN", "MAGHINTAY NG MILAGRO O GRASYA NG LANGIT", AT "UMASA SA GINHAWA SA KABILANG BUHAY".

BUONG GITING NA NAGBANGON ANG MASA LALUNA ANG MGA MAGSASAKA, LABAN SA PANANAKOP AT PANG-AAPI NG KOLONYALISMONG ESPANYOL. MULA NOONG IKA-16 HANGGANG IKA-19 NA SIGLO, SUMIKLAB ANG MAY DALAWANDAANG PAG-AALSA. LUMIKHA ANG MGA ITO NG REBOLUSYONARYONG TRADISYON. NILABANAN NG MASA ANG KOLONISASYON, MABIGAT NA BUWIS, SAPILITANG PAGPAPATRABAHO, MONOPOLYO SA KOMERSYO, SOBRA-SOBRANG UPA SA LUPA, PANGANGAMKAM NG LUPA, PAGPAPATAW NG RELIHIYONG KATOLIKO, MGA DI MAKATWIRANG BATAS AT IBA PANG MALULUPIT NA PALAKAD NG MGA KOLONYALISTA. SA MARAMING LUGAR, SINALAKAY AT NILIPOL NG MASA ANG MGA PWERSANG KOLONYAL AT PINATAY O BINIHAG ANG MGA UPISYAL, PRAYLE AT IBA PANG PANGINOONG MAYLUPA.




PINAMUNUAN NINA SULAYMAN (1574) AT MAGAT SALAMAT (1587-88) SA MAYNILA AT MAGALAT SA CAGAYAN (1596) ANG PINAKATAMPOK SA MGA PAG-AALSA NOONG UNANG SIGLO NG PAGHAHARING ESPANYOL.


NOONG IKA-17 SIGLO, ANG PAG-AALSANG PINANGUNGUNAHAN NI SUMUROY SA SAMAR AY LUMAGANAP SA CEBU, CAMIGUIN, BUONG KABIKULAN, TIMOG KATAGALUGAN, AT HILAGANG MINDANAO, KASAMA NA ANG ZAMBOANGA. MULA SA BATAAN, ZAMBALES, PANGASINAN, PAMPANGA AT TARLAC, KUMALAT ANG PAGBABANGON SA PAMUMUNO NI MALONG SA ILOCOS, LA UNION, CAGAYAN AT ISABELA.


NOONG IKA-18 AT IKA-19 NA SIGLO, LALONG NILABANAN NG MAMAMAYAN ANG PAGHAHARI'T PANG-AAPI NG URING PANGINOONG MAYLUPA. SA PANGUNGUNA NI MATIENZA, SUMIKLAB NOONG 1740 ANG PAG-AALSA NG MGA MAGSASAKA LABAN SA MGA HESWITANG MANG-AAGAW NG LUPA. MULA SA BATANGAS, KUMALAT ITO SA LAGUNA, CAVITE AT MORONG (RIZAL).


KAHIT NALULUPIG SILA, PAULIT-ULIT NA NAGHIMAGSIK ANG MAMAMAYAN. NOONG 1762, NAGBANGON ANG MGA TAGA-PANGASINAN AT TARLAC SA PAMUMUNO NI JUAN DE LA CRUZ PALARIS, AT PINARUSAHAN NILA ANG SAGADSAGARING MGA TUTA NG MGA KOLONYALISTA.
KASABAY NITO, NAGALSA ANG MGA TAGA-ILOKOS AT BINUO NILA ANG ISANG INDEPENDYENTENG GUBYERNONG PINAMUNUAN NI DIEGO SILANG. SA PAG-AALSANG ITO, KINUMPISKA NG MAMAMAYAN ANG MGA LUPAIN AT IBA PANG ARI-ARIAN NG MGA MANANAKOP.
NANG NAPATAY SI DIEGO SILANG, PUMALIT SA PAMUMUNO ANG ASAWA NIYANG SI GABRIELA HANGGANG SA MAPATAY RIN NG KAAWAY. ANG MGA PAGAALSANG ITO AY SINABAYAN NG PAGHIHIMAGSIK SA CAGAYAN, ISABELA, MAYNILA, TIMOG KATAGALUGAN, KABIKULAN, PANAY, CEBU, SAMAR, LEYTE AT ZAMBOANGA, AT ITINAON SA PAGSAKOP NG MGA KOLONYALISTANG BRITANIKO SA MAYNILA NOONG 1762.


NOONG 1822, NAGHIMAGSIK ANG MGA MAGSASAKA SA TIMOG KATAGALUGAN AT BULACAN LABAN SA MGA PANGINOONG MAYLUPA. NANGALAP ANG MGA KOLONYALISTANG ESPANYOL NG MARAMING MAGSASAKANG ILALABAN SA KAPWA MAGSASAKA AT GINAMIT SILA SA MARAHAS NA PAGSUPIL SA MGA PAG-AALSANG ITO.
CASA ARRIOLA


ANG PINAKAMATAGAL NA PAGHIHIMAGSIK (WALUMPU'T LIMANG TAON) AY SUMIKLAB SA BOHOL NOONG 1744 HANGGANG 1829. NOONG UMPISA AY PINAMUNUAN ITO NI DAGOHOY AT NANG LUMAON, NG KANYANG MGA KAHALILI. NOONG MALAKAS NA MALAKAS SILA, UMABOT SILA SA 20,000 TAO AT NAKAPAGTATAG NG SARILING GUBYERNO SA KANILANG MGA BASE SA BUNDOK. HINAYAAN NILANG PUMASOK ANG MARAMING EKSPEDISYONG ESPANYOL SA KALIBLIBAN NG KANAYUNAN PARA KUBKUBIN AT GAPIIN ANG MGA ITO.

PAGDATING NG IKA-19 NA SIGLO, NAGIPIT NA NANG HUSTO ANG KOLONYALISMONG ESPANYOL. NATATALO NA ITO SA MGA GERA SA EUROPA AT AMERIKA. MAHIGPIT ANG KUMPITENSYA NG MGA BAGONG-SIBOL NA BAYANG KAPITALISTA. SA AMERIKA LATINA, SUMUSULONG ANG MGA KILUSAN PARA SA PAMBANSANG PAGPAPALAYA. SA ESPANYA MISMO, MASIDHI ANG TUNGGALIAN SA PAGITAN NG MGA BURGES AT MAKAHARI. DAGDAG DITO, HUMUHUPA NA NOON ANG KALAKALANG GALYON. KAYA NAPILITAN ANG GUBYERNONG KOLONYAL NA PUMIGA NG MAS MARAMING GANANSYA SA PILIPINAS. TUMINDI ANG PAGSASAMANTALANG KOLONYAL AT PYUDAL, AT LALONG SUMIDHI ANG REBOLUSYONARYONG DAMDAMIN NG APING SAMBAYANANG PILIPINO.




ITINATAG NG MGA KOLONYALISTANG ESPANYOL ANG MGA ASYENDA O MALALAWAK NA TANIMAN NG MGA PRODUKTONG PANG-EKSPORT, TULAD NG TUBO, ABAKA, TABAKO, KOPRA, ANYEL, KAPE AT BULAK. (SA GANITO, ANG PYUDALISMO AY GANAP NA NAHINOG AT NAGSIMULANG MALUSAW UNTI-UNTI.)
GINAGAMIT ANG MGA PRODUKTONG ITO SA MANUPAKTURA NG PAGKAIN, LUBID, SIGARILYO, SABON AT IBA PANG YARING PRODUKTO SA MGA PABRIKA SA EUROPA AT UNITED STATES.
PARA SA ILANG TUBUHAN SA NEGROS, HINAHAKOT ANG MGA MAGSASAKA SA PANAY BILANG SAKADA AT ITINITIRA SILA SA MGA DAMPA SA ASYENDA. BINABAYARAN SILA NG NAPAKABABANG SAHOD AT BINIBIGYAN NAMAN NG MALAKING KUMISYON ANG HUMAHAKOT AT TUWIRANG NANGANGASIWA SA KANILA. PARA SA BYAHE AT SA PAGKAIN SA ASYENDA, IBINABAON SA UTANG ANG MGA SAKADA.

ITINAKDA NG GUBYERNONG KOLONYAL NA WALANG ITATANIM SA REHIYON NG ILOKOS KUNDI TABAKO. AT SINOLO NITO ANG PAGBEBENTA NG TABAKO SA PILIPINAS. NILAPATAN ANG MGA MAGSASAKA NG MATAAS NA KOTA. BINIBILI NANG MURA ANG KANILANG ANI AT IPINAGBIBILI NAMAN SA KANILA NANG MAHAL ANG MABABANG KLASENG SIGARILYO.



LUMAGANAP ANG PANGANGAMKAM NG LUPA NG MGA ASENDERO. BINABARAT NG MALALAKING PANGINOONG MAYLUPANG ESPANYOL AT KATUTUBO ANG MARAMING SAKAHAN NG MGA MAGSASAKANG MAYLUPA O KAYA'Y INAAGAWAN ANG MGA WALANG TITULO O WALANG PANTUBOS SA MGA LUPAING ISINANLA AT ANG MGA DI MAKATUPAD SA KOTA SA TABAKO.



PARA MAPARAMI ANG MAIBEBENTA NG MGA ASENDERO, TINATAASAN NILA ANG UPA O PARTE NILA SA MGA PALAYAN. PINATINDI NG SISTEMANG ASYENDA ANG PAGSASAMANTALA SA MGA MAGSASAKA.




SA SISTEMANG ASYENDA, UMUNLAD ANG KOMERSYO SA PILIPINAS. KINAILANGANG PAUNLARIN ANG TRANSPORTASYON AT KOMUNIKASYON PARA MAPABILIS ANG PALITAN NG MGA PRODUKTONG AGRIKULTURAL SA KAPULUAN, MAKAPAGHATID NG MGA EKSPORT NA PANANIM SA MAYNILA AT IBA PANG PWERTO NG KALAKALAN AT MAIPAMAHAGI ANG MGA IMPORTED NA KALAKAL MULA SA EUROPA'T UNITED STATES. SINIMULANG GAMITIN ANG MGA BAPOR AT TREN, ANG KABLE AT TELEGRAMA.
PARA MAPAUNLAD ANG TRANSPORTASYON AT KOMUNIKASYON, LALO PANG PINASIDHI ANG PAGSASAMANTALA SA MASA. PARAMI NANG PARAMI ANG SAPILITANG PINAGAGAWA NG MGA DAAN, TULAY AT DAUNGAN SA MALALAYONG LUGAR.
SA KABILANG DAKO, LALONG LUMAWAK ANG PAG-UUGNAYAN NG APING MASA AT ANG PAGPAPALITAN NILA NG MGA BALITA'T OPINYON MULA SA LOOB AT LABAS NG KAPULUAN. UNTI-UNTING LUMAGANAP ANG IDEYA NG PAMBANSANG INDEPENDENSYA AT DEMOKRASYA - ANG PAGLAYA NG SAMBAYANANG PILIPINO SA KOLONYALISMO AT PYUDALISMO.


ANG MGA KAPITALISTANG BRITANIKO AT AMERIKANO AY UNTI-UNTING PUMASOK AT KUMONTROL SA PAG-EEKSPORT AT PAG-IIMPORT SA PILIPINAS. NAGPAUTANG SILA NG KAPITAL SA MGA PANGINOONG MAYLUPA PARA PALAWAKIN ANG MGA ASYENDA, ITAYO ANG MGA ASUKARERA AT GAWING AHENTE SA KOMERSYONG KOLONYAL ANG MGA PANGINOONG MAYLUPA.
MARAMING PANGINOONG MAYLUPA AT KOMERSYANTENG MESTISO AT TSINO TULAD NG MGA AYALA, ROXAS, AT ZOBEL ANG NAGSILBING MGA KUMPRADOR O TAGABILI PARA SA MGA DAYUHANG KAPITALISTA NG HILAW NA MATERYALES MULA SA MGA ASENDERO. SILA RIN ANG NAGBEBENTA NG MGA YARING PRODUKTONG INIIMPORT.
KASABAY NITO, ANG PRINSIPALYA AY SUMALI SA PAMIMILI AT PAGBEBENTA NG SINAMAY, BANIG, PAGKAIN AT IBA PANG KATUTUBONG PRODUKTO. GINAGAMIT NILA ANG KANILANG GANANSYA PARA MAS PALAWAKIN ANG KANILANG LUPAIN, MANGUPAHAN SA MGA LUPAING PRAYLE AT MANG-USURA.



SA PAGDATING NG MGA DAYUHANG KAPITALISTA AT SA PAGLITAW NG KATUTUBONG KAPITALISTA SA PILIPINAS, NAGBINHI ANG PROLETARYADONG PILIPINO. SILA ANG MGA MANGGAGAWA SA PEROKARIL, BAPOR, DAUNGAN, BARADERO, ASUKARERA, IMPRENTA, PANDAYAN, BODEGA AT MGA PABRIKA NG SIGARILYO AT ALAK NA PAWANG PINAUNLAD NG MGA KAPITALISTA. WALANG PAG-AARING KAGAMITAN SA PRODUKSYON ANG MGA MANGGAGAWA, AT IPINAGBIBILI NILA ANG KANILANG LAKAS-PAGGAWA SA MGA KAPITALISTA KAPALIT NG MABABANG SAHOD.


ARAW-ARAW, SAMA-SAMA SILANG NAGTRABAHO AT NAGHATI-HATI SA GAWAIN. UNTI-UNTI NILANG NAKITA ANG KAHALAGAHAN NG PAGKAKAISA AT ORGANISASYON. NAGBUO SILA NG MGA SAMAHANG DAMAYAN PARA MAPABUTI ANG KANILANG KALAGAYAN SA TRABAHO AT PAMUMUHAY.



NOONG IKALAWANG HATI NG IKA-19 NA SIGLO, DUMAMI ANG BILANG NG ANAK NG MGA KATUTUBONG KOMERSYANTE NA NAG-AARAL SA MGA UNIBERSIDAD, KOLEHIYO AT SEMINARYO NG SIMBAHANG KATOLIKO. SA GAYON, DUMAMI ANG MGA ILUSTRADO O EDUKADONG PILIPINO. PERO KAHIT MAY PERA SILA PARA MAG-ARAL, KINUKUTYA'T HINAHAMAK PA RIN SILA NG KANILANG MGA KAKLASE AT MAESTRONG ESPANYOL.
BAGAMAT KASABWAT ANG MGA PRINSIPALYA SA PANG-AAPI'T PAGSASAMANTALANG KOLONYAL, GINIGIPIT DIN SILA NG MGA KOLONYALISTA. TINATAASAN NG MGA PRAYLE'T UPISYAL NA ESPANYOL ANG KANILANG UPA SA LUPA, KOTA SA KINUKOLEKTANG BUWIS, BUWIS SA NEGOSYO, INTERES SA UTANG AT KOTA SA ANI SA MGA ASYENDA. TUWING LUMALAKI ANG ANI SA ASYENDA, ANG MGA RELIHIYOSONG ORDEN LAMANG ANG NAKIKINABANG DAHIL TINATAASAN NILA ANG UPA SA LUPA.
DAGDAG PA, INUUTUSAN NG MGA PRAYLE ANG GWARDYA SIBIL NA PALAYASIN ANG MARAMI SA PRINSIPALYANG NANGUNGUPAHAN SA ASYENDA NG SIMBAHAN, SAMSAMIN ANG ARIARIAN NG MGA ITO AT ITAPON SILA SA IBANG LUGAR.




HINILING NG MGA PARING PILIPINO SA MGA NAMUMUNO NG SIMBAHAN NA IBIGAY NA SA KANILA ANG PAMAMAHALA SA MGA PAROKYANG HAWAK NG MGA PRAYLENG ESPANYOL. ITO ANG TINATAWAG NA "KILUSANG SEKULARISASYON". KASABAY NITO, NANAWAGAN ANG MGA ABOGADO AT KOMERSYANTE NA BIGYAN ANG MGA ILUSTRADO NG MAS MARAMING POSISYON SA GUBYERNONG KOLONYAL AT IBABA ANG BUWIS SA PANGANGALAKAL NG MGA KATUTUBONG PRODUKTO.




NOONG 1872, SUMIKLAB ANG UNANG MGA WELGA SA PILIPINAS SA IMPRENTA NG GUBYERNONG KOLONYAL SA PAMPANGA AT SA BARADERO SA CAVITE. NAGPROTESTA ANG MGA MANGGAGAWA SA KALUPITAN AT MAPANG-ALIPING PATAKARAN NG MGA KOLONYALISTA. SA CAVITE, NAKIISA SA MGA MANGGAGAWA ANG MGA SUNDALONG PILIPINO. NILUSOB AT GINAPI NILA ANG MGA UPISYAL AT TAUHANG ESPANYOL.


PARA SUPILIN ANG PAG-AALSA, SINALAKAY, TINORTYUR AT PAGKATAPOS AY ITINAPON SA IBAYONG-DAGAT O PINATAY NG GUBYERNONG KOLONYAL ANG MARAMING NAG-ALSANG MANGGAGAWA AT SUNDALONG PILIPINO.


KINASANGKAPAN NG MGA KOLONYALISTA ANG PAG-AALSA SA CAVITE PARA SUGPUIN NA RIN ANG KILUSAN NG MGA PILIPINONG PARI, ABOGADO AT KOMERSYANTE. SINA PADRE BURGOS, GOMEZ AT ZAMORA AY GINAROTE MATAPOS AKUSAHAN NG PAGSASABWATAN PARA IBAGSAK ANG KOLONYAL NA REHIMENG ESPANYOL. IKINULONG AT ITINAPON NAMAN ANG MARAMING ILUSTRADO.

IBINUNSOD NG MGA ILUSTRADONG PILIPINO NA NASA ESPANYA ANG KILUSANG PROPAGANDA PARA SA REPORMA. HINILING NILA SA MGA KOLONYALISTA AT PULITIKONG ESPANYOL NA ANG PILIPINAS AY GAWING ISANG GANAP NA PROBINSYA NG ESPANYA. IBIG SABIHIN, HINDI NILA HINAHANGAD NA MAGING INDEPENDYENTE ANG PILIPINAS. NANAWAGAN SILANG MAGKAROON NG REPRESENTANTENG PILIPINO SA PARLAMENTO NG ESPANYA AT IPAIRAL ANG KALAYAANG SIBIL ALINSUNOD SA MGA BATAS NG ESPANYA.






NANG MABIGO ANG UNANG KILUSANG PROPAGANDA, UMUWI SI RIZAL AT ITINATAG NIYA SA MAYNILA NOONG 1892 ANG LA LIGA FILIPINA PARA IBUNSOD SA PILIPINAS MISMO ANG KILUSAN PARA SA REPORMA. NANAWAGAN ANG LIGA NG PAGBUBUO NG ISANG PAMBANSANG KOMUNIDAD. WALA NGA LAMANG ANUMANG PAGTUKOY ITO SA PANGANGAILANGAN NG ARMADONG REBOLUSYON.


HINANGAD DIN NG LIGA ANG KAUNLARAN NG KABUHAYAN NG BANSA, SUBALIT HINDI RIN MALINAW DITO NA MAKAKAMIT LANG ITO KAPAG WINASAK ANG SISTEMANG PYUDAL NA PINAIIRAL NG MGA KOLONYALISTA. KARAMIHAN SA MGA NIREKLUTA NG LIGA AY MGA ABOGADO AT MALIIT NA KOMERSYANTE, DALA NG PANINIWALA NI RIZAL NA DAPAT PAMUNUAN NG MGA ILUSTRADO ANG PAGBABAGO SA LIPUNAN. PAGKARAAN NG ILANG ARAW, DINAKIP SI RIZAL NG HUKBONG ESPANYOL AT IPINATAPON SA DAPITAN, ZAMBOANGA.

# IV. Ang Rebolusyong Pilipino ng 1896

Ang Rebolusyong Pilipino ng 1896 ang unang pambansa at demokratikong pagtugon ng mamamayang Pilipino sa dominasyong kolonyal at pyudal. Ang uring ilustrado ang nangungunang uri sa rebolusyong ito. Sa esensya ang uring ito'y binubuo ng mga edukadong anak ng mga pamilya ng panginoong maylupa, burukrata at mangangalakal na sumunod sa ideolohiya ng burgesyang liberal. Ipinaglaban ng rebolusyon ang soberanya ng sambayanang Pilipino, pagkukumpiska sa lupain ng mga prayle, pagtatanggol at pagtataguyod sa mga kalayaang sibil, at pagpawi sa magkasanib na paghahari ng simbahan at kolonyalismong Espanyol. Ito ay pinangunahan ng Katipunan sa pamumuno ni Bonifacio.

Nagtagumpay ang Rebolusyon ng 1896 na ibagsak ang kolonyalismong Espanyol. Pero hindi naganap ang pormal na pagsuko ng mga Espanyol sa kilusang rebolusyonaryo dahil sa pakikialam at pananalakay ng imperyalismong Estados Unidos sa pakikipagsabwatan ng mga ilustrado, sa pamumuno ni Aguinaldo.

Naiproklama si Aguinaldo bilang pinuno ng Unang Republika ng Pilipinas noong 1898. Pero dahil palasuko ang pamunuan, di nila naipagtanggol ang kasarinlan ng republika laban sa pananalakay at panghihimasok ng United States.




IBINANDILA NG KATIPUNAN (KATAAS-TAASAN, KAGALANG-GALANGANG KATIPUNAN NG MGA ANAK NG BAYAN O KKK) ANG REBOLUSYONARYONG PANAWAGAN PARA SA INDEPENDENSYA NG PILIPINAS. ANG SAMAHANG ITO AY LIHIM NA ITINATAG NG BODEGERONG SI ANDRES BONIFACIO NOONG 7 HULYO 1892 SA TONDO, MAYNILA. MABILIS NA LUMAWAK ANG KASAPIAN NITO SA IBA'T IBANG DAKO NG KAPULUAN, MULA SA 200 KASAPI HANGGANG 20,000 NOONG IKATLONG TAON.



PANGUNAHING NIREKLUTA ANG MGA KATIPUNERO MULA SA MGA MANGGAGAWA'T MAGSASAKA, NA KILALANG NAKARARAMI AT PINAKAAPI SA LIPUNAN AT PINAKAHANDANG MAGREBOLUSYON. IPINASOK DIN SA KATIPUNAN ANG IBA PANG MARALITA NG LUNSOD, ESTUDYANTE, MAESTRO AT IBA PANG PROPESYUNAL, EMPLEYADO SA GUBYERNO, MALIIT NA KOMERSYANTE, PARI AT SUNDALO. MATAPOS MABUNYAG NANG DI SINASADYA, 1,000 KATIPUNERONG NAGTIPON NOONG AGOSTO 1896 SA PUGAD LAWIN, KALOOKAN, ANG NAGPASYANG SIMULAN NA ANG ARMADONG PAKIKIBAKA.




ITINAGUYOD NG KATIPUNAN ANG PAGHA-
HARI NG MGA PILIPINO SA SARILING
BAYAN, ANG KALAYAANG SIBIL, ANG PAGKU-
KUMPISKA SA MGA LUPAIN NG PRAYLE AT
ANG PAGHIHIWALAY NG ESTADO ATSIMBA-
HAN. MANGGAGAWA SI BONIFACIO PERO GINAGABAYAN SIYA
NG KAISIPAN NG LIBERAL NA BURGES TULAD NG PUMATNUBAY SA
REBOLUSYONG PRANSES. DAHIL ANTIKOLONYAL AT ANTIPYUDAL, ANG
REBOLUSYON NG 1896 AY ISANG PAMBANSA-DEMOKRATIKONG REBOLUS-
YON; LUMANG TIPO NGA LAMANG DAHIL KAISIPANG LIBERAL BURGES ANG
PUMATNUBAY. PAGKATAPOS NG SIGAW SA PUGADLAWIN, SINALAKAY NG 700
ARMADONG MAMAMAYAN ANG IMBAKAN NG PULBURA NG HUKBONG ESPAN-
YOL SA SAN JUAN DEL MONTE, MALAPIT SA MAYNILA. SA LOOB NG ILANG
LINGGO, SUMIKLAB ANG PAG-AALSA SA LUZON, VISAYAS AT MINDANAO.



BUONG LUPIT NA DINAHAS NG MGA KOLONYALISTA ANG MASA SA TANGKANG DURUGIN ANG REBOLUSYON. PORMAL NA IPINATAW NG GUBYERNONG KOLONYAL ANG BATAS MILITAR SA MARAMING PARTE NG KAPULUAN. INARESTO ANG MAHIGIT 4,000 MAMAMAYAN. NILUSOB, HINALUGHOG AT SINUNOG ANG MARAMING BAHAY NG MASA.
UPANG PWERSAHANG KUNAN NG IMPORMASYON ANG MGA BIHAG, IPINAILALIM SILA SA "WATER CURE", PINASO, KINURYENTE, IBINARTOLINA. ITINAPON SA MGA PULONG CAROLINAS AT MARIANAS AT SA APRIKA ANG IBA PANG DINAKIP.
PARA TAKUTIN ANG MAMAMAYAN, PINATAY NG HUKBONG ESPANYOL ANG MARAMING PILIPINONG WALANG ARMAS.
MATAPOS LITISIN SI RIZAL NG ISANG HUKUMANG MILITAR SA SALANG "SUBERSYON", BINARIL SIYA SA BAGUMBAYAN (LUNETA NGAYON). PERO SA KATUNAYAN, SIYA PA NGA'Y TUTOL SA ARMADONG REBOLUSYON.


LALO LAMANG PINAIGTING NG SAMBAYANAN ANG REBOLUSYONARYONG PAKIKIBAKA. SINALAKAY NILA ANG MGA GARISON NG MILITAR, KUMBENTO, MUNISIPYO, SIMBAHAN AT BAHAY-ASYENDA SA IBA'T IBANG LUGAR. PINATAY O BINIHAG NILA ANG MARAMING PRAYLE, SUNDALO AT GWARDYA SIBIL. NAKAKUMPISKA SILA NG MARAMING BARIL AT PERA SA MGA KOLONYALISTA.
PARA HADLANGAN ANG PAGLUSOB NG MGA SUNDALONG KOLONYAL, SINIRA NILA ANG MARAMING RILES NG TREN AT TULAY AT NAGTAYO SILA NG MGA BARIKADA SA MARAMING DAAN AT TABING ILOG.
SA CAMARINES SUR, SULU AT PALAWAN, NAG-ALSA ANG MGA SUNDALONG PILIPINO LABAN SA KANILANG MGA UPISYAL AT UMANIB SA REBOLUSYON.


SAMANTALA, INAGAW NG MGA ILUSTRADO ANG PAMUMUNO SA REBOLUSYON. MULA KAY BONIFACIO SA KAPULUNGANG TEJEROS SA CAVITE. NOONG DISYEMBRE 1896, PINAGKAISAHAN NG MGA ILUSTRADO SA CAVITE NA PALITAN NG ISANG REBOLUSYONARYONG GUBYERNO ANG KATIPUNAN, AT PALITAN NI EMILIO AGUINALDO SI BONIFACIO. HINAMAK NILA SI BONIFACIO DAHIL ISA LAMANG SIYANG MANGGAGAWA, "WALANG PINAG-ARALAN", "EREHE", AT DI KABITENYO.
KAHIT ANG PAGKAKA HALAL KAY BONIFACIO BILANG MINISTRONG PANLOOB NA LAMANG AY TINUTULAN PA RIN NG ISANG ILUSTRADO SA DAHILANG HINDI ABOGADO SI BONIFACIO. BUNGA NITO PINAWALANG BISA NI BONIFACIO ANG NAGING DISISYON NG PULONG NA IYON.
UPANG PIGILIN ANG KANYANG PAGSISIKAP NA PANATILIHIN ANG KATIPUNAN, SI BONIFACIO AY HINULI AT PINATAY NG GUBYERNONG AGUINALDO.


DAHIL SA MAKASARILING PAMUMUNO AT KAHINAANG-LOOB NG MGA ILUSTRADO, DUMANAS NG SUNUD-SUNOD NA PAGKATALO ANG MGA PWERSA NG REBOLUSYON. NABAWI NG KOLONYALISTANG KAAWAY ANG CAVITE AT NAPILITANG UMURONG ANG GUBYERNONG AGUINALDO SA BIYAK-NA-BATO, BULACAN.
DALA NG MGA PAGKATALO AT HIRAP NA DINANAS SA PAKIKIBAKA, TULUYANG SUMURENDER SINA AGUINALDO SA MGA KOLONYALISTANG ESPANYOL NOONG DISYEMBRE 1897 SA PAMAMAGITAN NI PEDRO PATERNO, ISANG ILUSTRADONG NASA GUBYERNONG KOLONYAL. TINANGGAP NG LIDERATONG AGUINALDO ANG ALOK NG MGA KOLONYALISTA NA APAT NA RAANG LIBONG PISO (P400,000).
BAGO IPINATAPON SI AGUINALDO SA HONGKONG, NANAWAGAN SIYA SA MAMAMAYAN NA SUMUKONA RIN SA KOLONYALISTANG KAAWAY.



KAHIT SUMURENDER SINA AGUINALDO, NAGPATULOY ANG MARAMING GRUPO SA PAGREREBOLUSYON. SA LUZON AT VISAYAS, PATULOY NA TINAMBANGAN AT NILUSOB NILA ANG MGA PWERSANG KOLONYAL. SA CEBU, INAGAW NG 6,000 KATAO ANG KAPITOLYO, ASYENDA AT PERA NG GUBYERNONG KOLONYAL.
SINIRA NG MGA TAGA-PAMPANGA ANG MGA RILES NG TREN PARA DI MAKAPAGPADALA NG MGA SUNDALONG ESPANYOL SA PANGASINAN. SA ZAMBALES, INAGAW NG TAUMBAYAN ANG ISTASYON NG KABLE AT LINYANG PANTELEGRAMA NA SIYANG UGNAY NG GUBYERNONG KOLONYAL SA IBAYONG DAGAT.
ISANG BUONG REHIMYENTO (BRIGADA SA AFP) NG MGA SUNDALONG TAGA-CAVITE ANG TUMANGGING SUMUNOD SA KOLONYALISTANG MGA UPISYAL AT SUMANIB SA REBOLUSYONARYONG MGA PWERSA.
KASABAY NITO, SA GITNANG LUZON, NAGTATAG ANG MGA KUMANDER AT MANDIRIGMANG HINDI SUMUKO NG GUBYERNONG SENTRAL AT MGA KONSEHO SA MGA MUNISIPALIDAD AT BARYO.


HABANG NASA HONGKONG SI AGUINALDO NILAPITAN SIYA NG MGA AHENTE NG UNITED STATES PARA GAMITIN SA BALAK NILANG AGAWIN ANG PILIPINAS AT GAWIN ITONG KOLONYA NG IMPERYALISMONG US. NAGKUNWARI ANG MGA AHENTE NA TUTULUNGAN ANG SAMBAYANANG PILIPINO NA MAKALAYA SA KOLONYAL NA PAGHAHARI NG ESPANYA.
NOO'Y NAGSISIMULA NANG MANGOLONYA ANG IMPERYALISMONG U.S. SA AMERIKA LATINA AT KARAGATANG PASIPIKO. KAILANGAN NG US NG MGA KOLONYANG MAPAGKUKUNAN NG HILAW NA MATERYALES PARA SA KANYANG MGA INDUSTRIYA, MAPAGBEBENTAHAN NG KANYANG MGA PRODUKTO, AT MABILIS NA MAPAGPAPALAGUAN NG PUHUNANG AMERIKANO. KINAILANGANG MANAKOP NG IMPERYALISMONG US NG IBANG BAYAN. NAGDEKLARA ITO NG GERA SA ESPANYA.
INALOK SI AGUINALDO NA KIKILALANIN SIYANG PRESIDENTE. PERO BALAK NG MGA IMPERYALISTA NA GAMITIN SIYA PARA MAPADALI ANG KANILANG PAG-AGAW SA PILIPINAS. PUMAYAG SIYA SA ALOK. IBINALIK SI AGUINALDO SA CAVITE MATAPOS PASUKIN NG MGA BARKONG PANDIGMA NG U.S. ANG LOOK NG MAYNILA PARA LIPULIN ANG PLOTANG ESPANYOL.


ANG LABANAN SA LOOK NG MAYNILA AY HUDYAT NA PATALO NA ANG MGA ESPANYOL SA GERA NILA SA UNITED STATES. SA GANITONG KALAGAYAN, LALONG PINAIGTING NG MGA MAMAMAYAN ANG ARMADONG PAKIKIBAKA LABAN SA KOLONYALISMONG ESPANYOL. SINALAKAY AT GINAPI NILA ANG MGA PWERSANG KOLONYAL AT ITINAYO ANG NAGSASARILING GUBYERNO SA LUZON AT 12 PULO SA VISAYAS. NOONG HUNYO 1898, MAHIGIT 9,000 SUNDALONG ESPANYOL ANG NABIHAG NILA AT MAHIGIT 23,000 BARIL NG KAAWAYANG NAKUMPISKA.


SUMUKO SA REBOLUSYONARYONG MAMAMAYAN ANG HUKBONG ESPANYOL SA MGA KAMPO NITO SA MORONG, TAYABAS (QUEZON NGAYON), NUEVA ECIJA, ILOILO,NEGROS. TANGING ANG INTRAMUROS - ANG SENTRO NG GUBYERNONG KOLONYAL - AT ILANG GARISON NA LANG ANG DI PA NAGAGAPI. PINALIGIRAN NG 12,000 MANDIRIGMANG PILIPINO ANG INTRAMUROS. HINARANGAN ANG DAANAN NG PAGKAIN SA ILOG PASIG PARA GUTUMIN AT PASUKUIN ANG MGA NAKUBKOB NA KOLONYALISTA.


NOONG 12 HUNYO 1898, IPRINOKLAMA NI AGUINALDO SA KAWIT, CAVITE, ANG INDEPENDENSYA, NA MAY MASAKLAP NA PASUBALING ITO AY "PINOPROTEKTAHAN NG MAKAPANGYARIHAN AT MAKATAONG BANSANG NORTE-AMERIKANO". HINDI NIYA NAMALAYAN NA IDINEKLARA NIYANG PROTEKTORADO LAMANG NG IMPERYALISMONG U.S. ANG TINATAWAG NA UNANG REPUBLIKA NG PILIPINAS.


NOON DING BUWANG IYON, NAGSIMULANG DUMAGSA ANG MGA DAGDAG NA SUNDALONG AMERIKANO. SA KUNG ANU-ANONG DAHILAN AY IBINABA SILA PARA AGAWIN ANG MGA PWESTONG OKUPADO NG REBOLUSYONARYONG PWERSANG PILIPINO SA PALIGID NG INTRAMUROS. ANG MGA PWESTO AY SUNUD-SUNOD NA ISINUKO NG MAHINANG SI AGUINALDO SA MGA IMPERYALISTANG U.S. HANGGANG MAWALAN NG PWESTO ANG BUONG REBOLUSYONARYONG PWERSA.

NANG NAPAPALIGIRAN NA NANG HUSTO ANG INTRAMUROS NG MGA TROPANG PANDAGAT AT KATIHAN NG U.S. , SIKRETONG NAGDAOS NG MGA NEGOSASYONG DIPLOMATIKO SI ADMIRAL DEWEY NG U.S. AT ANG GUBERNADOR-HENERAL NA ESPANYOL. NAGKASUNDO SILANG MAGLABANAN KUNWARI PARA MABIGYAN NG DAHILAN ANG MGA KOLONYALISTANG ESPANYOL NA IPASA ANG MAYNILA SA MGA IMPERYALISTA . SINIGURADO NG MGA IMPERYALISTANG U.S. NA HINDI MAKAKAPASOK ANG MGA TROPANG PILIPINO SA INTRAMUROS. SA GAYON, NAAGAW NG IMPERYALISMONG U.S. ANG TAGUMPAY NG SAMBAYANANG PILIPINO LABAN SA KOLONYALISMONG ESPANYOL. LALONG LUMAGANAP SA MASANG PILPINO AT SA MGA MAKABAYANG TROPA NILA ANG PAGKAMUHI SA IMPERYALISMONG U.S. NAGDEMONSTRASYON ANG MAHIGIT 20,000 TAO SA PAMPANGA AT HINARANGAN NG 12,000 TAO ANG PYER NG ILOILO. GUSTO NG REBOLUSYONARYONG MASA NA SALAKAYIN ANG HUKBO NG U.S. PERO PINAGBAWALAN SILA NI AGUINALDO.






UPANG MAIWASANG MAKAHARAP ANG IMPERYALISTANG TROPA, INILIPAT NG GUBYERNONG AGUINALDO ANG HIMPILAN NITO SA MALOLOS, BULACAN MULA SA CAVITE NOONG SETYEMBRE 1898. DOON IDINAOS ANG KONGRESO NG MALOLOS PARA MAGLABAS NG ISANG KONSTITUSYON. ANG KONSTITUSYON AY NAGLAMAN NG MGA ANTI-PYUDAL NA PROBISYONG NAGHIHIWALAY SA ESTADO AT SIMBAHAN AT KUMUKUMPISKA SA MGA LUPAIN NG PRAYLE. IPINAREHO ITO SA MGA KONSTITUSYONG BURGES-DEMOKRATIKO.
KASABAY NITO, PINILIT NG MGA MANANAKOP NA AMERIKANO NA LALO PANG UMURONG ANG MGA PWERSANG PILIPINO. NAGMANIOBRA SILA UPANG MAKAOKUPA NG MAS MARAMING TERITORYO SA PALIGID NG MAYNILA.
NOONG DISYEMBRE 10, 1898, NAYON SA TRATADO NG PARIS, ANG PILIPINAS AY ISINUKO NG MGA KOLONYALISTANG ESPANYOL SA IMPERYALISMONG U.S., KAPALIT NG $20,000,000 AT GARANTIYANG PATULOY NA AARIIN NG MGA PANGINOONG MAYLUPANG ESPANYOL ANG KANILANG MGA LUPAIN AT NEGOSYO SA PILIPINAS.

## V. Ang Digmaang Pilipino-Amerikano


NOONG 1898, NAGDEKLARA NG GERA ANG IMPERYALISMONG US sa kolonyalismong Espanyol para mapalaki ang bilang ng mga kolonyang mapagkukunan ng murang hilaw na materyales, mapagtatambakan ng labis na produkto at mapaglalagakan ng labis na kapital. Madaling nagapi ng US ang lipas na at papahinang kapangyarihan ng kolonyalismong Espanyol. Dahil dito, nakontrol ng imperyalismong US ang Sentral Amerika at hilagang bahagi ng Timog Amerika na matagal na pinagharian ng Espanya.

Para masakop ang Pilipinas, pangunahing ginamit ng imperyalismong US ang kontrarebolusyonaryong dahas at panlilinlang. Noong simula, nakapanghimasok ang US sa mga usaping pambansa sa pamamagitan ng kunwa'y pagtulong sa ilustradong liderato ng rebolusyon laban sa kolonyalismong Espanyol. Sa sumunod na yugto, ginamit ng US ang lakas militar para sugpuin ang rebolusyonaryong gubyernong Pilipino at ang paglaban ng rebolusyonaryong masa.

Hindi kailanman nilubayan ng mga mananalakay na Amerikano ang paggamit ng kontra-rebolusyonaryong dalawahang taktika. Inakit nila ang mga liberal na burges sa pamunuang Aguinaldo sa pamamagitan ng negosasyon at mga pangako ng kapayapaan, kayamanan at bahagi sa kapangyarihan. Nagtagumpay silang hatiin ang pamunuang ilustrado: ang mga palasuko sa isang banda at ang mga lider na malapit sa anakpawis, sa kabilang banda.

Bago mapagpasyang naipanalo ng imperyalismong US ang Digmaang Pilipino-Amerikano noong 1902, 126,468 tropa ng US ang pinakawalan laban sa pitong milyong mamamayang Pilipino. Hindi kukulangin sa 4,000 ang napatay sa mga dayuhang agresor at halos 3,000 ang nasugatan. Samantala halos 200,000 Pilipinong pangkombat at di pangkombat ang napatay at mahigit 50,000 ang namatay na hindi direktang resulta ng mga labanan (sa sakit, gutom atbp.) Upang masupil ang magiting na paglaban ng sambayanang Pilipino nagsagawa ang mga imperyalistang mananalakay ng iba't ibang karahasan tulad ng pagma-masaker sa mga bihag at sibilyan, pagsasamantala sa kakabaihan, panununog sa mga tahanan at ari-arian, tortyur, pagsosona at paghahamlet.


MATAPOS ISUKO NG ESPANYA SA U.S. ANG PILIPINAS SA TRATADO NG PARIS, INILABAS NI PRESIDENTE MCKINLEY NG U.S. ANG PROKLAMASYON NG "MAPAGPALANG ASIMILASYON" PARA MAGDEKLARA SA MATAMIS NA PANANALITA, NG GERANG AGRESYON LABAN SA SAMBAYANANG PILIPINO. NOONG PEBRERO 4, 1899, BIGLANG SINALAKAY NG MGA TROPA NG U.S. ANG REBOLUSYONARYONG PWERSANG PILIPINO SA MGA LUGAR NA MALAPIT SA MAYNILA. DINAMBONG, KINANYON AT SINUNOG ANG MGA BAHAY NG MASA SA MALATE, PACO, TONDO, KALOOKAN AT PASAY. PINATAY ANG DI KUKULANGIN SA 3,000 PILIPINO. GANOON NAG-UMPISA ANG ARMADONG LABANAN NG IMPERYALISMONG U.S. AT SAMBAYANANG PILIPINO.







MASIGLANG SUMUPORTA AT LUMAHOK SA PAKIKIDIGMANG ITO ANG MALAWAK NA MASA NG MAMAMAYAN. SA MGA BAYAN AT BARYO, ITINAYO NG MGA GERILYA ANG MGA LIHIM NA REBOLUSYONARYONG GUBYERNONG NAGLUWAL NG MGA MANDIRIGMA, ARMAS, GAMOT, PERA, PAGKAIN, BAHAY NA MATUTULUGAN AT IMPORMASYON TUNGKOL SA KILOS NG KAAWAY.






BUONG KAHAYUPANG SINUGPO NG IMPERYALISMONG U.S. ANG REBOLUSYONARYONG PAKIKIBAKA NG SAMBAYANANG PILIPINO. UPANG PWERSAHANG ALAMIN ANG KILOS NG MGA MANDIRIGMANG PILIPINO, GINAMITAN ANG MGA BIHAG NG "WATER CURE", "ROPE CURE" AT IBA PANG MALUPIT NA TORTYUR.
SA MGA PROBINSYANG SAMAR, BATANGAS AT IBA PA, MINASAKER NG HUKBO NG U.S. PATI ANG BATA'T MATANDA AT GINAHASA ANG KABABAIHAN, PARA TAKUTIN ANG MASA AT DURUGIN ANG KANILANG PAGLABAN. DINAMBONG AT SINUNOG ANG MGA BAHAY NG MASA.
SA MARAMING LUGAR, SAPILITANG PINALIKAS ANG MASA, IKINONSENTRA SILA SA MGA KAMPO SA MGA POBLASYON PARA GIPITIN AT IHIWALAY SA MGA MANDIRIGMANG PILIPINO. PINAPATAY ANG MGA LUMALABAS SA KAMPO NANG WALANG PERMISO.
HALOS 200,000 PILIPINO ANG PINATAY AT MAHIGIT 50,000 IBA PA ANG NAMATAY SA SAKIT AT GUTOM DULOT NG PAGPAPALIKAS.


MULING NAPATUNAYAN NA WALANG KAKAYAHAN, LAMPA AT MAPAGKOMPROMISO ANG ILUSTRADONG LIDERATO NG REBOLUSYON. TINALIKURAN NI AGUINALDO ANG MGA ANTI-IMPERYALISTANG TULAD NINA APOLINARIO MABINI AT ANTONIO LUNA, AT UMASA NANG UMASA SA MGA PALASUKONG TULAD NINA PEDRO PATERNO AT FELIPE BUENCAMINO NA BANTOG BILANG MGA DATING PAPET NG KOLONYALISMONG ESPANYOL. NAIS NI PATERNO AT BUENCAMINO NA IPAILALIM ANG PILIPINAS SA U.S.


SA MGA BAYANG OKUPADO NA NG IMPERYALISTANG TROPA NG U.S., NAGDAOS NG MGA HUWAD NA ELEKSYON NA PINAGHARIAN NG LUMANG PRINSIPALYA. ANG PRINSIPALYA AT MGA ILUSTRADO LAMANG ANG BINIGYAN NG KARAPATANG KUMANDIDATO AT BUMOTO. LAYON NG MGA ELEKSYON NA ILAYO ANG PRINSIPALYA SA REBOLUSYON AT GAWING TUTA ANG MGA MYEMBRO NITO.



DI NAGTAGAL, PUMANIG NA NANG TULUYAN SINA PATERNO, BUENCAMINO AT IBA PANG ILUSTRADO SA MGA IMPERYALISTA. TUMULONG SILA SA IMPERYALISTANG PROPAGANDA AT NANAWAGAN NA SUMURENDER ANG MAMAMAYAN. BINUO NG MGA ILUSTRADONG NAGTRAYDOR ANG PARTIDO FEDERAL NOONG 1900. NANAWAGAN SILANG GAWING BAHAGI NG UNITED STATES ANG PILIPINAS.


PINAGTIBAY NG IMPERYALISMONG U.S. ANG IBA'T IBANG BATAS PARA SUGPUIN ANG REBOLUSYONARYONG PAKIKIBAKA NG MASA. ALINSUNOD SA TINATAWAG NILANG BATAS SA PANUNULISAN, ITINURING NA BANDIDO ANG MGA MANDIRIGMANG PILIPINO. NILAPATAN SILA, AT ANG MGA TUMUTULONG SA KANILA, NG PARUSANG KAMATAYAN O NAPAKAHABANG-PANAHONG PAGKABILANGGO.
ITINAKDA NG BATAS SA SEDISYON NA PAPATAYIN O IPIPIIT NANG MATAGAL ANG SINUMANG MANAWAGAN NA IPAGLABAN ANG KALAYAAN NG PILIPINAS. ITINAPON SA GUAM ANG MGA ANTI-IMPERYALISTA, TULAD NI MABINI, NA TUMANGGING MANUMPA NG KATAPATAN SA MGA MANANAKOP.
IKINULONG NG HUKBO NG U.S. ANG MGA NAGSUSULAT AT NAGTATANGHAL NG MGA REBOLUSYONARYONG AKDA AT LIKHANG-SINING. IPINAGBAWAL ANG PAGLALADLAD NG BANDILANG PILIPINO.


NAGREKRUT ANG MGA IMPERYALISTA NG MGA BAYARANG SUNDALO SA HANAY NG MGA MAGSASAKA PARA ILABAN SA KANILANG MGA KABABAYAN. PINALABAS NILA NA MGA "SUNDALONG BAYAN" ANG MGA ITO, PARA MAS MADALING MAKAPANGOLEKTA SA MAMAMAYAN NG BUWIS NA GAGAMITIN SA PAGSUSUSTENTO SA MGA ITO.
PAGKATAPOS KATULUNGIN ANG ILANG BAYARANG SUNDALO SA PAGDAKIP KAY AGUINALDO NOONG 1901, BINUO NG MGA MANANAKOP ANG PHILIPPINE SCOUTS NA IPINALOOB SA HUKBO NG U.S. NOON DING TAONG IYON, ITINATAG NILA ANG KONSTABULARYA NG PILIPINAS (PC) SA PAMAMAHALA NG MGA UPISYAL NA AMERIKANO, DATING UPISYAL NA ESPANYOL AT ILANG ILUSTRADO.
PINAKILOS ANG MGA BAYARANG TROPANG ITO SA LUZON, VISAYAS AT MINDANAO.




SA VISAYAS, LALUNA SA CEBU, SAMAR, LEYTE AT PANAY, TUMAGAL HANGGANG 1911 ANG PAKI-KIDIGMANG GERILYA SA PANGUNGUNA NG PULAHANES NA BUONG BAGSIK NA LUMABAN SA MGA TROPANG AGRESOR NG U.S. AT PAPET NA KONSTABULARYA. NAAGAW NILA SA KAAWAY ANG MGA BAYAN AT POBLASYON MULA SA MGA BASE NILA SA KANAYUNAN. SA NEGROS, NILABANAN NG MASA DI LAMANG ANG MGA MANANALAKAY NA AMERIKANO KUNDI PATI ANG MGA ASENDE-RONG PUMANIG SA IMPERYALISMONG U.S. MATAPOS SUMAKAY SA AGOS NG REBOLUSYON NG 1896.



MATAGAL-TAGAL DING NILINLANG NG MGA IMPERYALISTANG U.S. ANG SULTAN NG SULU NA KINIKILALA NILA ANG KANYANG PYUDAL NA SOBERANYA AYON SA TRATADONG BATES NG 1899 NA PINIRMAHAN NIYA. PUMASOK ANG MGA UPISYAL NG U.S. SA GANITONG PAKIKIPAGKASUNDO PARA MAIWASAN ANG SABAY-SABAY NA REBOLUSYONARYONG PAKIKIBAKA SA LUZON, VISAYAS AT MINDANAO.



MATAPOS TALUNIN ANG MGA PANGUNAHING DITATSMENT NG GUBYERNONG AGUINALDO, SINIMULANG IPAILALIM NG MGA IMPERYALISTANG MANANAKOP SA KANILANG ADMINISTRATIBONG KONTROL ANG TINATAWAG NILANG "PROBINSYANG MORO". ITINAYO ANG ISANG GUBYERNONG MILITAR SA MINDANAO. BUONG-GITING NAMANG NAGLUNSAD NG MABAGSIK NA ARMADONG PAKIKIBAKA ANG MGA MAMAMAYANG MORO MULA 1903 HANGGANG 1916, SA PAMUMUNO NINA HASSAN, USAP, PALA, BUD DAJO, ALI AT JAKIRI.




NOONG DIGMAANG PILIPINO-AMERIKANO, ANG URING MANGGAGAWANG PILIPINO AY NAGSISIMULA NANG MAGING ISANG MALAKAS NA PWERSA LABAN SA IMPERYALISMONG U.S. NOON PA MANG 1898, ANG KAUNA-UNAHANG UNYON SA PILIPINAS AY ITINATAG NA NG MGA MANGGAGAWA SA IMPRENTA NG UPISYAL NA DYARYO NG GUBYERNONG AGUINALDO.
ANG UNION OBRERO DEMOCRATICA (UOD) ANG PINAKAUNANG PEDERASYON SA PILIPINAS. NANAWAGAN ITO SA MGA MANGGAGAWA NA IPAGLABAN ANG PAMBANSANG KALAYAAN AT ANG PAGPAPABUTI NG KANILANG KALAGAYAN SA TRABAHO. NOONG 1902, PINAMUNUAN NG UOD ANG UNANG PANGKALAHATANG WELGA SA PILIPINAS.
WELGA


PINAG-ARALAN AT PINALAGANAP NG MGA LIDER-MANGGAGAWA ANG MARXISMO, ANG PANDAIGDIGANG TEORYA SA PAGREREBOLUSYON NG URING MANGGAGAWA. NOONG 1 MAYO 1903, NAGMARTSA ANG 100,000 MANGGAGAWA SA PANGUNGUNA NG UOD PATUNGONG MALAKANYANG. ANG SIGAW NILA: "IBAGSAK ANG IMPERYALISMONG U.S.".
MABUHAY ANG URING MANGGAGAWA!

# VI. Ang Kolonyal na Paghahari ng Imperyalismong US

ANG KAHULUGAN NG MAKAHAYOP NA PAGLUPIG NG IMPERYALISMONG US sa sambayanang Pilipino ay ang pagpapatuloy ng kolonyal na katayuan ng Pilipinas. Dumating ang imperyalismong US para biguin ang pambansa't demokratikong adhikain ng sambayanang Pilipino at ipilit ang gusto ng uring monopolyong kapitalista ng US sa pamamagitan ng dahas at panlilinlang.

Interesado ang imperyalismong US sa Pilipinas bilang mapagkukunan ng hilaw na materyales, mapagbebentahan ng sobrang produkto at mapagpapasukan ng sobrang kapital. Higit pa, kailangan ng US ang Pilipinas bilang lunsaran ng pananalakay nito sa Tsina at sa ibang lugar sa Asya.

Kolonyal at malapyudal ang lipunang itinayo ng imperyalismong US sa Pilipinas. Ang kapangyarihang pampulitika ay tuwirang hinawakan ng mga kolonyalista at ang ekonomya ay itinali sa pag-eeksport ng hilaw na materyales at pag-iimport ng mga yaring produkto. Inalagaan bilang pangunahing mga papet ang mga mapagsamantalang uring kasabwat ng kolonyalismong Espanyol noong ika-19 siglo at kinatulong sila sa panlilinlang at panunupil ng sambayanang Pilipino. Ang kolonyal na hukbong sandatahan ay nagsilbing haligi ng estadong kolonyal at ipinantugis sa mga pwersang nagpupunyagi sa armadong pakikibaka laban sa mga kolonyalista. Kaalinsabay, ipinalaganap ang paggamit ng wikang Inggles at ang kaisipang kolonyal.

Ang pakikibaka ng masang manggagawa't magsasaka sa imperyalismong US at katutubong pyudalismo ay umabot sa bago at mas mataas na yugto nang itatag ang Partido Komunista ng Pilipinas noong 7 Nobyembre 1930. Ang Rebolusyong Oktubre ng 1917 sa Rusya ang nagbigay-inspirasyon sa pagsilang na ito, na naganap sa gitna ng masiglang pagsulong ng militanteng kilusang manggagawa't magsasaka at ng malubhang krisis ng kapitalismo sa buong daigdig.



NANG MAGDESISYON ANG U.S. NA AGAWIN ANG PILIPINAS AT IBA PANG KOLONYA NG ESPANYA, UMABOT NA ANG KAPITALISMONG U.S. SA HULING YUGTO NG KAPITALISMO—ANG MONOPOLYONG KAPITALISMO O IMPERYALISMO. ANG MALAYANG KUMPETISYON AY NAGBIGAY-DAAN SA KONSENTRASYON NG PRODUKSYON SA KAMAY NG IILAN. KUNG HINDI MAGLULUNSAD NG IMPERYALISTANG PAGPAPALAWAK ANG NAGHAHARING URING MONOPOLYONG KAPITALISTA NG U.S., HINDI NILA MALULUTAS KAHIT PANSAMANTALA, ANG KRISIS SA SOBRANG PRODUKSYON. PINASASAKLAW NG IMPERYALISMO SA IBANG BAYAN AT MAMAMAYAN ANG MAKAURING PANG-AAPI'T PAGSASAMANTALA SA LOOB NG U.S. SA PAMAMAGITAN NG PAGEEKSPORT NG SOBRANG PRODUKTO AT KAPITAL.




ANG PYUDALISMO AY PINANATILI AT GINAMIT NG IMPERYALISMONG U.S. IPINAGPATULOY ANG MONOPOLYO SA LUPA NG MGA PANGINOONG MAYLUPA AT ANG URING MALAKING BURGESYANG KUMPRADOR AY NAGSILBING TAGASUPLAY NG HILAW NA MATERYALES SA MGA MONOPOLYONG EMPRESA NG U.S. AT TAGABENTA NG MGA IMPORTED NA MANUPAKTURA NG U.S. SA BAYAN. SA INTERAKSYON NG MONOPOLYONG KAPITALISMO NG U.S. AT KATUTUBONG PYUDALISMO, NANAIG SA BAYAN ANG EKONOMYANG MALAPYUDAL.



KINUHA NG KOLONYAL NA GUBYERNO NG U.S. ANG HALOS LAHAT NG PROPYEDAD NG MGA PRAYLE PARA IPAMAHAGI AT BINUKSAN ANG LUPAING PUBLIKO PARA MAGING RESETELMENT NG MGA MAGSASAKANG WALANG LUPA. MAY 40,000 EKTARYANG NANATILI SA SIMBAHAN.




INAKIT NG GUBYERNONG KOLONYAL ANG MGA MAGSASAKANG WALANG LUPA NA UMUPA O BUMILI NG LUPA O KAYA'Y MANIRAHAN SA MGA LIBLIB NA LUGAR SA MINDANAO, MINDORO, CAGAYAN, ISABELA AT BOHOL.
KAPAG NAHAWAN NA NG MGA MAGSASAKA ANG KAGUBATAN AT NATAMNAN NA NILA ANG NALINIS NANG LUGAR, PWERSAHANG KINAKAMKAM ITO SA KANILA NG MGA PANGINOONG MAYLUPA. O KAYA'Y, MURANG BINIBILI ITO SA KANILA NANG HULUGAN KAPALIT NG PAUTANG. HINDI SILA BINIBIGYAN NG TITULO SA LUPA O KUNG MAY IBINIBIGAY MAN AY HUWAD.
SA PAMAMAGITAN NG PAGPAPATITULO, KINASAPAKAT NG MGA PANGINOONG MAYLUPA ANG MGA KORTE AT AHENSYA NG GUBYERNONG KOLONYAL PARA KAMKAMIN ANG IPINAMAHAGING LUPA MULA SA PROPYEDAD NG PRAYLE PATI NA ANG NIRESETEL NA LUPAING-BAYAN.


IPINILIT NG IMPERYALISMONG U.S. ANG DI PANTAY NA MALAYANG PALITAN NG MURANG HILAW NA MATERYALES MULA SA PILIPINAS AT MAHAL NA YARING PRODUKTO MULA SA U.S. ALINSUNOD SA BATAS PAYNE-ALDRICH NG 1909, WALANG LIMITASYON AT WALANG BINABAYARANG BUWIS ANG INIIMPORT NA MGA YARING PRODUKTO TULAD NG KOTSE, TRAK, ABONO, TELA, KEMIKAL AT MAKINA SA PAGSASAKA'T PAGTOTROSO. DAHIL DITO, BUMAGSAK ANG LOKAL NA PAGYAYARING-KAMAY TULAD NG TELA, ALAK AT LAMBAT.
KASABAY NITO, INEKSPORT SA U.S. NANG WALANG BINABAYARANG BUWIS ANG ASUKAL, KOPRA, TROSO, ABAKA AT IBA PANG HILAW NA MATERYALES NG PILIPINAS. NOONG 1913, INALIS ANG LAHAT NG KOTA SA DAMI NG HILAW NA MATERYALES NA MAIPAPASOK SA U.S.
COPRA
NAGING AHENTE NG MGA IMPERYALISTA SA KOMERSYO ANG MALALAKING BURGESYANG KUMPRADOR TULAD NG MGA AYALA AT ELIZALDE.

IPINASOK NG MONOPOLYO KAPITALISTANG AMERIKANO ANG SOBRANG PUHUNAN NILA RITO HINDI PARA GAWING INDUSTRIYALISADO ANG PILIPINAS. SA HALIP, NANGAPITAL SILA SA PRODUKSYON AT BAHAGYANG PAGYAYARI NG MGA HILAW NA MATERYALES—SA MGA MINAHAN (BENGUET CONSOLIDATED, HALIMBAWA), ASUKARERA (VICTORIAS), PABRIKA NG LUBID (MANILA CORDAGE), TABLA (INSULAR LUMBER) AT LANGIS NG NIYOG (FRANKLIN BAKER).






PARA LALONG KONTROLIN ANG PILIPINAS, PINAUNLAD NG MGA IMPERYALISTA ANG TRANSPORTASYON AT KOMUNIKASYON. DAGDAG PA, MALAKI ANG TINUBO NG MGA KORPORASYONG AMERIKANO NA KINONTRATA SA PAGGAWA NG MGA BAGONG DAAN, TULAY, DAUNGAN AT RILES NG TREN.


SA GAYON, MAS MABILIS NA NAIBENTA ANG MGA KOTSE, TRAK AT MAKINA NG GENERAL MOTORS AT FORD, AT ANG GASOLINA, KRUDO, LANGIS AT GRASA NG STANDARD OIL AT CALTEX.


BUKOD DITO, NAGPAGAWA ANG MGA KUMPANYANG AMERIKANO NG MGA PALIPARAN AT PINAUNLAD ANG PAGGAMIT SA TELEPONO, TELEGRAMA, KABLE, RADYO, GAS AT KURYENTENG KAILANGAN SA MGA PABRIKA AT IBA PA NILANG NEGOSYO.



DAHIL SA PAG-UNLAD NA ITO, BUMILIS ANG PAGHAHAKOT SA ATING HILAW NA MATERYALES AT PAGBEBENTA SA PROBINSYA NG MGA PRODUKTONG AMERIKANO. NAPADALI RIN ANG PAGPAPADALA SA IBA'T IBANG REHIYON NG KAPULUAN NG MGA BAYARANG SUNDALO PARA MANLUPIG.


ITINATAG NG MGA IMPERYALISTA SA PILIPINAS ANG MALAWAKANG SISTEMA NG EDUKASYONG KOLONYAL AT PYUDAL. SA MGA ESKWELAHANG ELEMENTARYA, SINIKAP NILANG LOKOHIN ANG MAMAMAYAN. ANILA'Y DUMATING SILA SA PILIPINAS PARA ITURO ANG "DEMOKRASYA, KAPAYAPAAN, PAMAMAHALA SA SARILI, SIBILISASYON AT KRISTYANISMO".
APPLE
A
IPINADALA SA PILIPINAS ANG MGA TITSER NA AMERIKANO PARA MAGBUKAS NG MGA PAARALAN SA PAGTUTURO AT PAGSASAKA. IPINALAGANAP ANG INGLES BILANG WIKA SA GUBYERNO AT MGA ESKWELAHAN PARA HIGIT NA MAKAPANGIBABAW ANG KULTURANG IMPERYALISTA AT MAGKAHILIG ANG TAUMBAYAN SA MGA PRODUKTONG AMERIKANO.
American way of life
DUMATING DIN ANG MGA AMERIKANONG MISYONERO, KATOLIKO AT PROTESTANTE, PARA MAGKALAT NG KOLONYAL NA KAISIPAN, LALUNA SA MGA LIBLIB NA LUGAR.

NAGREKRUT ANG IMPERYALISMONG U.S. NG MGA ABOGADO, DOKTOR, SYENTIPIKO, PROPESOR, INHINYERO, MANUNULAT AT IBA PANG PROPESYONAL PARA MAGSILBI SA GUBYERNONG KOLONYAL AT MGA KORPORASYONG AMERIKANO. MARAMING ESTUDYANTE ANG IPINADALA SA U.S. PARA MAGTREYNING. PAGBALIK NG MGA PENSYONADONG ITO, SILA ANG NAGING MGA PINAKAMAASAHANG PAPET NG IMPERYALISMONG U.S..






IPINALAGANAP ANG RADYO, PELIKULA, DYARYO AT IBA PANG BABASAHIN PARA IKALAT ANG MGA KASINUNGALINGAN TUNGKOL SA "DEMOKRASYANG AMERIKANO". NAGPOPROPAGANDA RIN ANG MGA ITO TUNGKOL SA MGA PRODUKTONG AMERIKANO. BUKOD PA'Y NABEBENTA ANG MGA KAGAMITAN SA PAG-IIMPRENTA AT KOMUNIKASYON.




NAGSANAY ANG MGA IMPERYALISTA NG MGA PANGINOONG MAYLUPA AT MALAKING BURGESYA KUMPRADOR PARA GAWING MGA BURUKRATANG KAPITALISTA. LUMAHOK SILA SA GUBYERNONG KOLONYAL KAPALIT NG PRIBILEHIYONG MAGNAKAW NG PONDONG PUBLIKO. UNANG UMASA ANG MGA MANANAKOP SA PINAKAPUSAKAL NA MGA TAKSIL SA REBOLUSYONG PILIPINO, TULAD NG MGA LIDER NG PARTIDO FEDERAL.



NOONG 1907, IDINAOS NG MGA IMPERYALISTA ANG UNANG PAMBANSANG ELEKSYON PARA SA ASEMBLEYA NG PILIPINAS NA BUBUUIN NG MGA KATUTUBONG PAPET NITO. SA PAMUMUNO NINA SERGIO OSMENA AT MANUEL QUEZON, NANGIBABAW ANG PARTIDO NACIONALISTA SA PARTIDO PROGRESISTA (DATING PARTIDO FEDERAL). NANALO ANG PARTIDO NACIONALISTA DALA ANG ISLOGANG "KAGYAT, ABSOLUTO AT KUMPLETONG INDEPENDENSYA" PERO NAPANIWALA RIN SILA NA MAPAYAPANG IBIBIGAY NG U.S. ANG TUNAY NA INDEPENDENSYA NG PILIPINAS.


KINASABWAT NG IMPERYALISMONG U.S. ANG URING PANGINOONG MAYLUPA, MALAKING BURGESYANG KUMPRADOR AT MGA BURUKRATANG KAPITALISTA SA PANG-AAPI'T PAGSASAMANTALA SA MASA.
NASA PANGGITNANG SEKSYON NG LIPUNANG PILIPINO ANG PETI-BURGESYA AT PAMBANSANG BURGESYA. KABILANG SA PETIBURGESYA ANG MGA PANGGITNANG MAGSASAKA, MALIIT NA NEGOSYANTE, MAESTRONG ARTI-SANO, KARAMIHAN SA MGA ESTUDYAN-TE, AT KARAMIHAN SA MGA PROPESYO-NAL. MEDYO NAKASASAPAT SILA SA KA-BUHAYAN DAHIL MAY KAUNTI SILANG KAGAMITAN SA PRODUKSYON, PUHUNAN O ESPESYAL NA KASANAYAN. ANG PAM-BANSANG BURGESYA O MAKABAYANG KAPITALISTA AY GINIGIPIT NG MGA IMPERYALISTA NA NAGTATAMBAK DITO NG SOBRANG PRODUKTO AT KAPITAL.
NASA PUNDASYON NG LIPUNAN ANG MASANG ANAKPAWIS—MGA MANGGAGAWA'T MAGSASAKANG BUMU-BUO NG MAHIGIT SIYAMNAPUNG POR-SYENTO (90%) NG MAMAMAYAN. PINA-KAMALAKI ANG BILANG NG URING MAG-SASAKA NA PITUMPU'T LIMANG POR-SYENTO (75%) NG BUONG POPULASYON.


SA KABILA NG PANDARAHAS AT PANLOLOKO NG IMPERYALISMONG U.S. AT MGA KATUTUBONG NAGHAHARING URI, LUMAWAK ANG MGA MILITANTENG UNYON AT SAMAHAN NG MGA MANGGAGAWA. DUMALAS ANG KANILANG MGA WELGA. SA PAMUMUNO NI CRISANTO EVANGELISTA, NAG-AKLAS ANG MGA MANGGAGAWA SA MGA IMPRENTANG PAG-AARI NG MGA IMPERYALISTA.
WELGA
ITAAS ANG SAHOD!
BILANG SAGOT, BUONG LUPIT NA BINUWAG ANG WELGA. IGINIIT NG GUBYERNONG KOLONYAL NA ANG MGA MANGGAGAWA AY DAPAT MAKIISA SA MGA MONOPOLYONG KAPITALISTANG DAYUHAN AT HINDI DAPAT MAKIALAM SA MGA USAPING PAMPULITIKA.
IPAGTANGGOL ANG UNYON!
SUBERSIBO" RAW ANG MGA WELGISTA, KAYA'T TINANGGAL SILA SA TRABAHO AT IBINILANGGO. NAGLAGAY NG MGA AHENTE AT ESPIYA NG GUBYERNO SA MGA SAMAHAN NG MANGGAGAWA.



PARA SAMANTALAHIN ANG PAGDAMI NG MGA MAGSASAKANG WALANG TRABAHO, LALONG TINAASAN NG MGA PANGINOONG MAYLUPA ANG UPA SA LUPA AT ANG INTERES SA UTANG. NAGBAYAD SILA NG MGA MATON PARA SUPILIN ANG MGA SAMAHANG MAGSASAKA. IMBIS NA MATAKOT, NAGWELGA'T NAGDEMONSTRASYON ANG MGA MAGSASAKA'T MANGGAGAWANG-BUKID.
PARA SUPORTAHAN ANG MGA WELGA SA PABRIKA, LALUNA SA MGA ASUKARERA, TUMANGGI ANG MGA MANGGAGAWANG-BUKID AT MAGSASAKA NA MAG-ANI SA MGA ASYENDA. NAGBIGAY SILA NG PAGKAIN, DAMIT AT IBA PANG TULONG SA MGA WELGISTA.
SA GITNANG LUZON, KINUMPISKA NILA AT IPINAMAHAGI ANG BIGAS AT PALAY NA NASA BODEGA NG MGA PANGINOONG MAYLUPA AT NG GUBYERNONG KOLONYAL. KASABAY NG PAGTUTOL NILA SA MGA ABUSONG PYUDAL, NANAWAGAN SILA PARA SA TUNAY NA PAMBANSANG KALAYAAN.


SA PAMUMUNO NG MGA LIHIM NA SAMAHANG KOLORUM, NAG-ALSA ANG MARAMING MAGSASAKA AT MARALITA NG LUNGSOD NOONG MGA TAON NG 1920 PARA KAMTIN ANG PAMBANSANG KALAYAAN AT KUMPISKAHIN ANG LUPAIN NG MGA PANGINOONG MAYLUPA. NOONG 1923-24, NAGHIMAGSIK SILA SA DALAWANG PROBINSYA SA MINDANAO (AGUSAN AT SURIGAO).
NAMUNO RIN ANG SAMAHANG ITO SA PAPUTA-PUTAKING PAGSALAKAY SA PC SA NEGROS, RIZAL, LAGUNA, BATANGAS, PAMPANGA AT TARLAC. SA ILANG BAYAN NG NEGROS OCCIDENTAL, NILUSOB NG MAMAMAYAN ANG MGA MUNISIPYO AT SINUNOG ANG MGA DOKUMENTO.
SUMIKLAB ANG ISPONTANYONG PAG-AALSA NG MGA MAGSASAKA TULAD NG NANGYARI SA TAYUG, PANGASINAN NOONG 1931. SINUNOG ANG TALAAN NG BUWIS AT UTANG, MGA TITULO NG LUPA AT KONTRATA SA UGNAYANG-KASAMÁ NA NASA MUNISIPYO.


BILANG TUGON SA LUMALAKAS NA PAGGIGIIT SA PAMBANSA'T PANLIPUNANG PAGLAYA, ITINATAG NINA CRISANTO EVANGELISTA AT IBA PANG LIDER-MANGGAGAWA ANG PARTIDO KOMUNISTA NG PILIPINAS (PKP). NAGSIKAP ANG PARTIDO NA ISANIB SA KONGKRETONG KUNDISYON NG LIPUNANG PILIPINO ANG UNIBERSAL NA TEORYA NG MARXISMO-LENINISMO AT ITAAS ANG ANTAS NG REBOLUSYONG PILIPINO SA BAGONG TIPO NG PAMBANSA-DEMOKRATIKONG REBOLUSYON SA PANAHON NG IMPERYALISMO. NANAWAGAN ANG PKP SA MGA MAMAMAYANG PILIPINO NA IBAGSAK ANG IMPERYALISMONG U.S. AT MAGTATAG NG TUNAY NA GUBYERNONG BAYAN. NAGDIIN ITO SA PAGOORGANISA SA MGA MANGGAGAWA SA SYUDAD.
PKP
MANGGAGAWA NG BUONG DAIGDIG, MAGKAISA!


INORGANISA AT PINAMUNUAN NG PARTIDO KOMUNISTA ANG ISANG MARTSA SA MAYNILA NOONG 1 MAYO 1931. MARAHAS ITONG BINUWAG NG GUBYERNONG KOLONYAL. MARAMING LIDER AT MYEMBRO NG PARTIDO ANG INARESTO'T IKINULONG SA BINTANG NA "SUBERSYON."
NANG SUMUNOD NA TAON, IDINEKLARA NG KORTE SUPREMA NA ILEGAL ANG PARTIDO AT SININTENSYAHANG MATAGAL NA MABILANGGO ANG MGA LIDER, KABILANG SI EVANGELISTA.
KAHIT IPINAGBAWAL ANG PARTIDO, PATULOY NA NAKIBAKA ANG MASA. SA PAMUMUNO NG KATIPUNANG ANAKPAWIS, KINUMPISKA NG MARAMING MAGSASAKANG TAGA-LAGUNA AT TAYABAS ANG PALAY AT KALABAW NG MGA PANGINOONG MAYLUPA AT PINARUSAHAN ANG PUSAKAL NA MGA UPISYAL, PULIS, AHENTE NG PC AT IMPORMER.
NOONG 1935, SINAKOP NG 60,000 MAGSASAKANG KASAPI NG PARTIDONG SAKDAL ANG MGA MUNISIPYO SA LABING-WALONG (18) MUNISIPALIDAD SA LAGUNA, BULACAN, RIZAL AT CAVITE.



DAHIL SA PAKIKIBAKA NG MASA PARA SA PAMBANSANG KALAYAAN AT SA MALUBHANG IMPERYALISTANG KRISIS SA BUONG MUNDO, NAPILITANG LUMIKHA NG ILUSYON ANG IMPERYALISMONG U.S. NA IPAGKAKALOOB NITO ANG INDEPENDENSYA NG PILIPINAS. NOONG 1934, PINAGTIBAY NG KONGRESO NG U.S. ANG BATAS TYDINGS-MCDUFFIE NA NAGBIGAY-DAAN SA PAGBABALANGKAS NG ISANG KONSTITUSYON NA AAPRUBAHAN PA NG PRESIDENTE NG U.S. AT SA PAGTATATAG NG GUBYERNONG KOMONWELT BILANG PAGHAHANDA SA PAGTATAYO NG PAPET NA REPUBLIKA SA PILIPINAS PAGDATING NG 4 HULYO 1946.


SINIGURADO NG BATAS TYDINGS-MCDUFFIE NA KABILANG SA NAPAKARAMING PRIBILEHIYO NG MGA IMPERYALISTA ANG SUMUSUNOD: PANANATILI NG KARAPATAN NG MGA MAMAMAYAN AT KORPORASYON NG U.S. NA MAGKAROON NG ARI-ARIAN SA PILIPINAS; PAGPUPWESTO NG TROPA AT PAGTATAYO NG MGA BASE MILITAR NG U.S.; PAGPAPATULOY NG WALANG BUWIS NA KALAKALAN NG U.S. AT PILIPINAS. TUMAWAG NG KUMBENSYONG KONSTITUSYONAL NA BINUO SA KALAKHAN NG MGA PANGINOONG MAYLUPA AT MALAKING BURGESYANG KUMPRADOR. BINALANGKAS NITO ANG ISANG KONSTITUSYONG KOLONYAL.
KONSTITUSYON
NG
PILIPINAS


ANG UNANG BATAS NA PINAGTIBAY NG GUBYERNONG KOMONWELT AY ANG BATAS SA DEPENSANG PAMBANSA. ALINSUNOD DITO, I-NORGANISA ANG REAKSYUNARYONG ARMADONG PWERSA MULA SA HANAY NG MGA KATUTUBONG BAYARANG SUNDALO. PINAMUNUAN ITO NI HENERAL DOUGLAS MACARTHUR.
BILANG PAPET NA PRESIDENTE NG KOMONWELT, IBI-NANDILA NG MALAKING PANGINOONG MAYLUPANG SI QUEZON ANG ISLOGANG "KATARUNGANG PANLIPU-NAN" PARA PAGTAKPAN ANG IBAYONG PAGSASAMAN-TALA'T PANUNUPIL SA MGA MAGSASAKA. NILUTO NG KAWANIHAN SA LUPA AT MGA HUKUMAN ANG MGA KA-SO PARA PILITIN ANG MGA MAGSASAKA NA MAGBAYAD NG MATAAS NA UPA SA LUPA.
NAGBUO ANG MGA PANGINOONG MAYLUPA NG MGA PANGKAT NG BAYARANG MGA MATON PARA GULUHIN ANG MGA WELGA AT PALAYASIN ANG PA-MILYA NG MGA LIDER-MAGSASAKA. ITINAPON NG GUBYERNONG KOMONWELT SA ISABELA, BUKIDNON AT COTABATO ANG MARAMING MAGSASAKANG NAGSI-ALSA.


NOONG MGA TAON NG DEKADANG 1930, NIYANIG NG PANDAIGDIGANG KRISIS NG KAPITALISMO ANG BALANSE NG KAPANGYARIHAN SA PAGITAN AT SA LOOB NG MGA BAYANG KAPITALISTA. NANAIG ANG PASISMO SA GERMANY, ITALY AT JAPAN AT NALAGAY SA PILIGRO ANG MAMAMAYAN NG MUNDO. SINUPIL NG MGA IMPERYALISTANG ALEMAN, ITALYANO AT HAPONES ANG DEMOKRATIKONG KARAPATAN NG MGA MANGGAGAWA'T IBA PANG MAMAMAYAN. NAGLUNSAD SILA NG GERA PARA MANG-AGAW NG MGA KOLONYA.
ASYA
APRIKA


DALA NG PANGANIB NG PASISMO SA BUONG MUNDO, NANAWAGAN ANG MGA KOMUNISTA NG IBA'T IBANG BAYAN NA MAGBUO NG ISANG PRENTE POPULAR NA KASAMA ANG LAHAT NG PWERSANG ANTIPASISTA. PARA HUWAG MAHIWALAY PANG LALO SA MASANG PILIPINO, NAPILITAN ANG GUBYERNONG KOMONWELT NA PALAYAIN NOONG 1936 ANG MGA NAKABILANGGONG LIDER NG PARTIDO. PAGKALAYA NILA, PINAIGTING NG PARTIDO ANG KILUSANG ANTIPASISTA NG MGA MANGGAGAWA AT MAGSASAKA SA LOOB NG PRENTE POPULAR.
IBAGSAK ANG PASISMONG HAPONES!
BOYCOTT!
HAPONES, HUWAG DILHIN!


PKP
PARA PALAKIHIN AGAD ANG KASAPIAN NG PARTIDO AT ANG SUPORTANG MASA NITO, NAKIPAGSANIB ITO SA PARTIDO SOSYALISTA NG PILIPINAS, ISANG SAMAHAN NG MGA MAGSASAKA'T MANGGAGAWANG-BUKID SA GITNANG LUZON.


SA KONGRESONG NAGPATIBAY SA PAGSASANIB, NAKAPASOK SA LIDERATO ANG MGA DI NAGBAGONG ELEMENTONG PETIBURGES SA PANGUNGUNA NINA VICENTE LAVA AT LUIS TARUC.

# VII. Ang Pakikibaka ng Sambayanan sa Imperyalismong Hapones


KAPAREHO NG LAHAT NG IBA PANG KAPANGYARIHANG PASISTA, nagdisisyon ang imperyalismong Hapones na maglunsad ng gera para hatiin uli ang mundo, sa desperadong hakbang na iligtas ang sarili sa paghina ng ekonomya nito. Ambisyon nitong monopolisahin ang Asya kahit ayaw ng mga dating among Briton at Amerikano. Naglunsad ang imperyalismong Hapones ng malakihang pagsalakay sa Tsina noong mga taon ng dekadang 1930 bago niyon sinalakay ang iba pang bayan noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Isa ang Pilipinas sa sinalakay at sinakop ng imperyalismong Hapones.

Hindi ang imperyalismong US ang nagpalaya sa Pilipinas mula sa imperyalismong Hapones. Ang kabuuang pagpupunyagi ng Partido Komunista ng Pilipinas, Hukbalahap at iba pang makabayang pwersang gerilya ang tumalo sa imperyalismong Hapones sa Pilipinas. Sila ang nagtaboy sa mga Hapones mula sa mga garison sa syudad at kabayanan, at gumapi sa kaaway sa pakikidigmang gerilya sa kanayunan. Bumalik na lamang ang imperyalismong US upang muling ipataw ang kolonyal na paghahari nito.



NOONG DISYEMBRE 7 AT 8, 1941, BIGLANG SINALAKAY NG MGA ERUPLANO NG JAPAN ANG MGA BASE MILITAR NG U.S. SA BUONG KARAGATANG PASIPIKO AT DAGAT TSINA, KABILANG ANG NASA PILIPINAS. BAGO PA NITO, ANG JAPAN AY ISA NANG MAYOR NA IMPERYALISTANG KAPANGYARIHAN SA ASYA. HULING KWARTO PA MAN NG IKA-19 SIGLO, MAY MGA KOLONYA NA ITO SA TSINA AT RUSYA. SA PAGTATAPOS NG UNANG DIGMAANG PANDAIGDIG (1914-1918), IKATLO NA SA PINAKAMAKAPANGYARIHAN SA BUONG DAIGDIG ANG LAKAS- NABAL NITO. SA JAPAN IBINIGAY NG IMPERYALISMONG U.S. AT BRITANIKO ANG TUNGKULING MAGING ISPESYAL NA TANOD LABAN SA UNYONG SOBYET AT PRINSIPAL NA ASYANONG KOLABOREYTOR SA KOLONISASYON NG MAMAMAYANG ASYANO. IBINIGAY SA KANYA ANG PRIBILEHIYONG MAGPANATILI NG MGA DATING KOLONYA AT MAGKAROON PA NG MGA BAGO, BASTA'T HINDI NITO HAHAMUNIN ANG HEGEMONYA NG U.S. AT BRITANYA. PERO DALA NG PANDAIGDIGANG KRISIS NG KAPITALISMO, TINANGKA NG JAPAN NA SOLOHIN ANG PANGONGOLONYA SA SILANGANG ASYA.




ANG ESTRATEHIYANG MILITAR NG U.S. AY ASIKASUHIN MUNA ANG EUROPA AT HAYAANG KUMALAT NANG HUSTO SA ASYA ANG MGA HAPONES KUNG KAYA'T INUTUSAN NG U.S. ANG GUBYERNONG KOMONWELT NA IDEKLARANG "OPEN CITY" (HINDI LALABAN) ANG MAYNILA NOONG DISYEMBRE 26, 1941. NOONG ENERO 2, 1942, INOKUPA NG MGA MANANALAKAY NA HAPONES ANG MAYNILA.
OPEN CITY


HINDI SAPAT NA NAPAGHANDAAN NG PARTIDO ANG PAGLUSOB NG MGA PASISTA. DAHIL SA MAPAMINSALANG IMPLUWENSYA NG MGA LAVA AT TARUC, NATUON ANG PANSIN NG LIDERATO NG PARTIDO SA PARLAMENTARISMONG BURGES, PASIPISMO AT KALAYAANG SIBIL AT SA GAYO'Y HINDI PREPARADO SA GERA. MAHIGIT TATLONG LINGGO MATAPOS SAKUPIN NG MGA HAPONES ANG MAYNILA, NAARESTO ANG MGA LIDER NG PARTIDO HABANG NAGMIMITING SA SYUDAD. BINITAY SI EVANGELISTA.

TULAD NG INAASAHAN NG MGA MANANALAKAY NA HAPONES, TINIPON NI MACARTHUR SA BATAAN AT CORREGIDOR ANG MGA SUNDALONG AMERIKANO AT PILIPINO NA BUMUBUO NG USAFFE (U.S. ARMED FORCES IN THE FAR EAST). MABILIS NA SUMALAKAY ANG HUKBONG HAPONES MULA SA IBA'T IBANG LUGAR NG KAPULUAN. NAPALIGIRAN AT NAPASUKO NG 55,000 SUNDALONG HAPONES ANG MAHIGIT 80,000 SUNDALONG USAFFE SA BATAAN NOONG ABRIL 9, 1942 AT SA CORREGIDOR NOONG MAYO 7.






INUTUSAN NI MACARTHUR ANG MGA NATIRANG SUNDALONG USAFFE NA UMIWAS SA LABANAN AT MANGALAP NA LAMANG NG IMPORMASYON PARA SA HIMPILAN NG HUKBONG U.S. SA AUSTRALIA.






NAHATI SA DALAWANG KAMPO ANG MGA MALAKING BURGESYANG KUMPRADOR AT PANGINOONG MAYLUPA. MAY NANATILING TAPAT SA IMPERYALISMONG U.S. AT MAYRO-ON NAMANG PUMANIG SA IMPERYALISMONG HAPON. TUMAKAS PATUNGONG WASHINGTON D.C. O SUMANIB SA USAFFE ANG MGA BURU-KRATANG KAPITALISTANG NANATILING TAPAT SA U.S.



ANG MGA NAGING MAKA-HAPONES NA-MAN AY NAGSILBI SA KOMISYONG TAGAPAGPAGANAP, ANG PAPET NA GUB-YERNONG ITINAYO SA PILIPINAS NO-ONG ENERO 1942.


NAGSILBI SA GUBYERNONG PAPET ANG ILAN SA MGA SUMUKONG UPISYAL NG USAFFE TULAD NI MANUEL ROXAS. BINUO SA ISANG PARTIDO—ANG KAPISANAN NG LINGKOD SA BAGONG PILIPINAS (KALIBAPI) — ANG KARAMIHAN SA MGA DATING KONG-RESMAN, GUBERNADOR AT IBA PANG KAGA-WAD NG GUBYERNONG KOMONWELT.


PARA SUPILIN ANG PAGLABAN NG MAMAMAYAN, PORMAL NA IPINATAW ANG BATAS MILITAR SA PILIPINAS. MAHIGPIT NA KINONTROL NG HUKBONG HAPONES ANG MGA DISKUSYONG PULITIKAL, ANG RADYO AT DYARYO.
SA BUONG KAPULUAN, ITINAKDA ANG KARPYU AT ITINAYO ANG MGA TSEKPOYNT PARA KONTROLIN ANG KILOS NG MAMAMAYAN. KAMATAYAN ANG PARUSA SA MGA "NAGSUSULSOL NG PAG-AALSA" AT "NAGTITSISMIS" LABAN SA MGA PASISTA.
HINALUGHOG ANG MGA KABAHAYAN AT DINAMBONG NG MGA MANANAKOP NA HAPONES ANG KAGAMITAN NG MASA. IKINULONG ANG MGA PINAGSUSUSPETSAHANG GERILYA AT TUMUTULONG SA KANILA. SARI-SARI ANG PARAAN NG PAGTORTYUR SA MGA BIHAG: "WATER CURE", KURYENTE, PLANTSA, BAYONETA; MARAMI ANG PINUGUTAN NG ULO.
SA MGA KOMUNIDAD, "NAGSONA" ANG MGA PASISTA PARA IPATURO SA KANILANG BAYARANG MGA ESPIYA ANG MGA GERILYA'T UNYONISTA.


PARA UNAHAN ANG IMPERYALISMONG U.S., IBINIGAY NG HAPON ANG HUWAD NA INDEPENDENSYA NG PILIPINAS NOONG 14 OKTUBRE 1943. ITINATAG ANG ISANG PAPET NA REPUBLIKANG PINAMUMUNUAN NG MALAKING ASENDERO AT BURUKRATANG SI JOSE LAUREL.
BINALANGKAS NG MGA PAPET NA PULITIKONG PINANGUNGUNAHAN NINA LAUREL AT ROXAS ANG ISANG KONSTITUSYONG BATAY SA KONSTITUSYONG KOLONYAL NG 1935. KASABAY NITO, PINAGTIBAY NG HAPON AT GUBYERNONG LAUREL ANG ISANG SIKRETONG KASUNDUAN NA MAGIGING PANTAY ANG KARAPATAN NG MGA HAPONES AT PILIPINO SA MGA ARI-ARIAN SA PILIPINAS.
MULING BINUO NG HUKBONG HAPONES ANG PC PARA "KUBKUBIN AT SUPILIN" ANG MGA GERILYANG PILIPINO NA TINATAWAG NA "KRIMINAL" NG MGA PASISTA.


SINAMANTALA NG MGA IMPERYALISTANG HAPONES ANG MURANG LAKAS-PAGGAWA AT HILAW NA MATERYALES NG PILIPINAS PARA MAGKAMAL NG SUPERGANANSYA. SINOLO NILA ANG MGA ESTRATEHIKONG INDUSTRIYA TULAD NG BANGKO, GASOLINA AT TRANSPORTASYON.
GINAWANG TANIMAN NG BULAK ANG MGA DATING TUBUHAN AT MARAMING PALAYAN PARA MAPADALHAN NG HILAW NA MATERYALES ANG MGA PABRIKA NG TELA SA HAPON.
SA PANGANGASIWA NI ROXAS, KINUHA NG HUKBONG HAPONES ANG PALAY AT IBA PANG PAGKAIN NG MGA MAGSASAKA, KAPALIT NG HALOS WALANG-HALAGANG PERANG "MICKEY MOUSE". PILIT NA PINAGTRABAHO ANG MAHIGIT NA 250,000 TAO SA PAGGAWA NG MGA ERPORT AT DAUNGAN NG HUKBONG HAPONES.
ANG MGA PANGINOONG MAYLUPANG LUMIPAT SA MAYNILA AY NAGING MALALAKING NEGOSYANTE AT HINAYAAN SILA NG HUKBONG HAPONES NA MAGTAKDA NG NAPAKATAAS NA PRESYO NG BILIHIN. PERO INAARESTO AT KINIKIKILAN ANG MGA MALIIT NA NAGTITINDA.


PARA KONTROLIN ANG ISIP NG MAMAMAYAN, ITINURO NG MGA TITSER NA HAPONES ANG WIKANG NIPPONGGO SA MGA ESKWELAHAN. GUSTO NILANG PALAGANAPIN ANG KULTURANG HAPONES AT UNTI-UNTING MAKAHILIGAN NG MGA PILIPINO ANG MGA BILIHING HAPONES.
BAGONG PILIPINAS


PINAPAG-ARAL ANG MARAMING ESTUDYANTENG PILIPINO SA MGA UNIBERSIDAD SA JAPAN PARA SANAYING MAGING MGA PROPAGANDISTA NG PASISTA AT MGA MANIDYER HABANG INAAKIT SILA SA "GANDA NG BUHAY HAPONES".


IPINALAGANAP ANG IDEYANG "DAPAT SAMBAHIN ANG EMPERADOR NA SIYANG ANAK NG LANGIT" AT "MAY BANAL NA ATAS SA HAPON NA MAGHARI SA BUONG MUNDO".


NAGTANGHAL NG MGA ROMANSA'T BODABIL PARA ILIHIS ANG GALIT NG SAMBAYANAN SA MGA MANANAKOP AT IKUBLI ANG KAAPIHAN NG BAYAN.


NOONG PEBRERO 6, 1942, NAIDAOS NG MGA REBOLUSYUNARYONG KADRE AT MYEMBRO NG PARTIDO ANG KUMPERENSYA NG KAWANIHAN NG GITNANG LUZON AT DINISISYUNAN NA BUUIN ANG HUKBONG BAYAN PARA LABANAN ANG MGA AGRESOR NA HAPONES. NILIKHA NG PARTIDO ANG HUKBO NG BAYAN LABAN SA HAPON (HUKBALAHAP) NOONG MARSO 29, 1942 AT PINAGKAISA ANG SAMBAYANAN SA ARMADONG PAKIKIPAGLABAN. SA PAMAMAHALA NG MGA KOMITENG BAYAN AT SAMAHANG MAGSASAKA, SUMANIB ANG MARAMING MAMAMAYAN SA HUKBONG BAYAN, NANIKTIK SA KAAWAY, NAGHATID NG BALITA, NAGLAAN NG PAGKAIN AT BAHAY-URUNGAN NG MGA GERILYA AT TUMULONG SA PAGPAPARUSA NG MGA PAPET NA UPISYAL, MALULUPIT NA PANGINOONG MAYLUPA, ESPIYA AT MANGANGALABAW. PINUKAW, MINOBILISA AT PINAMUNUAN NG MGA KOMUNISTA AT PULANG MANDIRIGMA ANG MAMAMAYAN SA PAGKAMIT NG MALAWAK NA DEMOKRATIKONG KARAPATAN, LALUNA SA GITNANG LUZON AT ILANG LUGAR SA TIMOG LUZON.





SA PAMAMAGITAN NG DIGMANG GERILYA, NILIPOL NG HUKBALAHAP ANG MGA TROPANG PASISTA AT PINARAMI ANG SARILING ARMAS AT PWERSA. TINAMBANGAN NG MGA ISKWADRON (LAKING-KUMPANYA) NG HUKBONG BAYAN ANG MGA PATRULYA'T TRAK NG HUKBONG HAPONES AT PC, NILUSOB ANG MGA KAMPONG MILITAR AT INAGAW ANG MGA ARMAS.



SINALAKAY ANG MGA BODEGA NG MGA PASISTANG HAPONES AT KASABWAT NITONG MGA PANGINOONG MAYLUPA AT BURUKRATA. ITINAGO NAMAN NG MGA MAGSASAKA ANG KANILANG ANI, LALUNA SA GITNANG LUZON, PARA PAGKAITAN NG PAGKAIN ANG KAAWAY.



SA KALUNSURAN, NANGALAP ANG KILUSANG LIHIM NG TAUHAN, ARMAS, BALA, PERA, GAMOT AT IMPORMASYON PARA SA HUKBONG BAYAN.


GAYUNMAN, ANG DIGMANG BAYAN AY PATULOY NA SINABOTAHE NG REAKSYUNARYONG PANGKATING BURGES NINA LAVA AT TARUC SA LOOB NG PARTIDO. IKINALAT NILA ANG LINYA NA SA MGA HAPONES LAMANG ITUON ANG PAKIKIBAKANG BAYAN AT TANGGAPIN ANG PAGBABALIK NG IMPERYALISMONG U.S. AT PAPET NA KOMONWELT.



SA KAIGTINGAN NG GERA, KINUBKOB NG MGA HAPONES ANG PUNONG-HIMPILAN NG HUKBALAHAP SA BUNDOK ARAYAT NOONG MARSO 1943. MATAPOS NITO, IBINABA NG LIDERATONG VICENTE LAVA ANG DUWAG NA PATAKARANG "UMURONG PARA MAGTANGGOL" O HUWAG SUMALAKAY SA KAAWAY, KAHAWIG NG PATAKARANG "MAGTAGO AT MAGHINTAY" NG USAFFE.



PERO NAGPURSIGI ANG MAMAMAYAN SA ARMADONG PAKIKIBAKA. DAHIL SA PAGGIGIIT NG MGA REBOLUSYUNARYONG KADRE AT MASA, ITINAKWIL NG KOMITE SENTRAL NG PARTIDO ANG PATAKARANG ITO NOONG SETYEMBRE 1944.


BAGO PA DUMAGSA PABALIK ANG MGA TROPA NG IMPERYALISMONG U.S. SA PILIPINAS, NAPALAYA NA NG HUKBALAHAP ANG HALOS BUONG GITNANG LUZON. NOONG ENERO 1945, GINAPI NG HUKBONG BAYAN ANG MGA PASISTANG HAPONES SA MGA KABISERA NG SAN FERNANDO, PAMPANGA, SA CABANATUAN, NUEVA ECIJA AT TARLAC, TARLAC.
NAKAPAGBUO NA NG MGA GUBYERNONG PAN-LALAWIGAN SA PAMPANGA, NUEVA ECIJA AT LAGUNA, AT NG MGA PAMBAYANG GUBYERNO SA GITNANG LUZON AT TIMOG KATAGALUGAN.
NAKALIPOL NA ANG HUKBALAHAP NG 25,000 UPISYAL AT SUNDALONG HA-PONES, PATI MGA KASABWAT NITO. MAY MGA ARMADONG PANGKAT NA SA MAYNI-LA AT TIMOG KATAGALUGAN. SA PAGTA-TAPOS NG GERA, ANG PARTIDO AT HUKBA-LAHAP ANG MAY PINAKAMALAKAS NA PWERSANG GERILYA SA PILIPINAS.


NANG NALILIPOL NA ANG KABUUANG PWERSANG PANALAKAY NG HAPON DAHIL SA MAGITING NA PAKIKIBAKA NG MGA KILUSAN PARA SA PAMBANSANG PAGPAPALAYA SA ASYA, LALUNA SA TSINA, SAKA LAMANG NAKIPAGLABAN ANG IMPERYALISMONG U.S. SA JAPAN. NAIS ANGKININ NG U.S. ANG TAGUMPAY LABAN SA MGA PASISTANG HAPONES, BAWIIN ANG PILIPINAS AT IBA PANG KOLONYA NITO AT MANAKOP PA NG BAGO. SA PILIPINAS, BINOMBA AT KINANYON NG PWERSANG U.S. ANG MGA BARYO'T SYUDAD AT WINASAK ANG KALAKHAN NG MAYNILA AT CEBU.


GUMANTI NAMAN ANG PAPAATRAS NANG MGA PASISTANG HAPONES. MINASAKER AT TINORTYUR NILA ANG MARAMING TAUMBAYAN AT GINAHASA ANG MARAMING PILIPINA. ITINAKAS NILA ANG GINTO AT IBA PANG KAYAMANANG DINAMBONG SA PILIPINAS.


NANG MABAWI ANG PILIPINAS BILANG KOLONYA, IBINALIK NG IMPERYALISMONG U.S. ANG PYUDAL NA PAGHAHARI'T PAGSASAMANTALA SA BUONG GITNANG LUZON. BINUO ANG PULISYANG MILITAR MULA SA MGA SUNDALONG USAFFE AT PC. ITO ANG TUMULONG SA MGA PANGINOONG MAYLUPA NA KUBRAHIN ANG UPA SA LUPA NA DI BINAYARAN NG MAGSASAKA NOONG PANAHON NG GERA.
TINANGGAL NG HUKBONG U.S. ANG MGA LIDER NG MGA REBOLUSYONARYONG GUBYERNONG MUNISIPAL AT IPINALIT SA KANILA ANG MGA KINATAWAN NG URING PANGINOONG MAYLUPA.
SA UTOS NG KWERPONG KONTRA-PANINIKTIK NG U.S., MARAMING KADRE NG PARTIDO, PULANG MANDIRIGMA AT AKTIBISTANG MAGSASAKA SA IBA'T IBANG PARTE NG GITNANG LUZON ANG INARESTO, TINORTYUR AT IKINULONG.
MARAMI ANG MINASAKER O KAYA'Y DINAKIP AT LIHIM NA PINATAY NG MGA SUNDALONG AMERIKANO , PULISYANG MILITAR AT GWARDYANG SIBILYAN (CIVILIAN GUARDS) NG MGA PANGINOONG MAYLUPA.


HANDA ANG MASA NA IPAGPATULOY ANG DIGMANG BAYAN LABAN SA IMPERYALISMONG U.S. AT LOKAL NA NAGHAHARING URI. PERO IPINAGPILITAN NG PANGKATING LAVA-TARUC NA SAWA NA ANG TAUMBAYAN SA GERA AT NAGNANAIS NG "DEMOKRATIKONG KAPAYAPAAN".
SA KAGUSTUHANG MAKAKUHA NG MATATAAS NA PWESTO SA PAPET NA GUBYERNO, BINUO NG PANGKATING LAVA-TARUC ANG DEMOKRATIKONG ALYANSA (DA), ISANG LIGAL NA ALYANSA PARA SA PAKIKIBAKANG PARLAMENTARYO. SINUPORTAHAN NITO ANG PARTIDO NACIONALISTA NOONG ELEKSYON NG 1946, NA IDINAOS MATAPOS IBIGAY NG U.S. ANG HUWAD NA INDEPENDENSYA SA PILIPINAS.
INILIPAT NG PARTIDO ANG PUNONG-HIMPILAN NITO SA MAYNILA. ANG HUKBALAHAP AY GINAWA NA LAMANG "LIGA NG MGA BETERANONG HUK". ANG MGA KOMITENG BAYAN AY NAGING MGA BALANGAY NG ISANG LIGAL NA SAMAHAN NG MGA MAGSASAKA NA KINASANGKAPAN PARA IKALAT ANG MALING TIWALA SA "REPORMA SA LUPA" NA IPINANGAKO NG PAPET NA GUBYERNO.


SA UTOS NG IMPERYALISMONG U.S., PINULONG NI OSMENA ANG KONGRESONG ITINAYO BAGO MAGKAGERA. INIHALAL NILA ANG TAKSIL NA SI ROXAS BILANG PRESIDENTE NG SENADO. KUMUBRA PA ANG MGA PAPET NA PULITIKONG ITO NG BAKPEY (NAANTALANG SWELDO) PARA SA SERBISYO NILA SA MGA PASISTANG HAPONES.
SA TULONG NG PERA'T PROPAGANDA NG IMPERYALISMONG U.S., NAHALAL SI ROXAS BILANG UNANG PRESIDENTE NG PAPET NA REPUBLIKA. PINILI SIYA NG KANYANG MGA AMONG IMPERYALISTA DAHIL NAGING KOLABOREYTOR SIYA NG MGA HAPONES AT KUNG GAYO'Y MADALING PASUNURIN DAHIL TAKOT MAKASUHAN NG KOLABORASYON.
NOONG ELEKSYON NG 1946, TINALO NG PARTIDO LIBERAL (LP) NI ROXAS ANG PARTIDO NACIONALISTA (NP). SA KABILA NG PANDARAYA AT TERORISMO NG PULISYANG MILITAR AT GWARDYANG SIBILYAN, NANALO ANG PITONG KANDIDATO PARA KONGGRESMAN AT TATLO PARA SENADOR NG ALYANSANG DA-NP. DAHIL SAPAT ANG KANILANG BILANG PARA HADLANGAN ANG PAGPAPATIBAY NG DI PANTAY NA TRATADONG INIHANDA NG IMPERYALISMONG U.S., PINATALSIK SILA SA KONGRESO, SA PARATANG NA "NANDAYA SA ELEKSYON AT NANAKOT SA BOTANTE".
BALITA
Dahil sa pandaraya, pananakot
6 na kongresista ng DA-NP, inalis
Bagong bagyo, papalapit sa P.I.
-M. Roxas


ITINAGUBILIN NG MGA LAVA AT TARUC NA MALUGOD NA SALUBUNGIN ANG IMPERYALISMONG U.S. AT GUBYERNONG KOMONWELT AT PAGHANDAAN ANG PAGLAHOK SA PARLAMENTARYONG PAKIKIBAKA. DAHIL DITO'Y TINANGGAP NG HUKBALAHAP ANG MULING PAGSAKOP NG HUKBONG U.S. SA GITNANG LUZON. MARAMING ISKWADRON ANGTUMULONG SA PANINIKTIK AT PAGGAPI SA MGA NALALABING MANANAKOP NA HAPONES AT SA PAGTATAYO NG MGA KAMPONG MILITAR NG U.S.
U.S.ARMY
PERO DINISARMAHAN NG MGA PWERSANG AMERIKANO ANG MARAMING ISKWADRON NG HUKBONG BAYAN AT IBA PANG PWERSANG GERILYANG DI KONTROLADO NG USAFFE.
PAGKATAPOS TUMULONG SA HUKBONG U.S. NA TALUNIN ANG MGA HAPONES SA MAYNILA, 109 NA TAUHAN NG ISKWADRON 77 NG HUKBALAHAP ANG INARESTO, IKINULONG AT PINAGPAPATAY NG USAFFE SA MALOLOS, BULACAN.

## VIII. Ang Kasalukuyang Papet na Republika ng Pilipinas

Ang pagbibigay ng US ng bogus na kalayaan sa Pilipinas noong 1946 ay mayor na pagbabago sa estratehiya ng imperyalistang US tungo sa paghaharing malakolonyal. Reaksyon ito sa walang humpay na panawagan ng mamamayan para sa pambansang kalayaan at sa daluyong ng mga kilusan sa pambansang pagpapalaya sa buong mundo.

Para maitayo ang papet na republika sa Pilipinas, muling naglunsad ng digmang mapanalakay ang imperyalismong US at lokal na naghaharing uri laban sa sambayanan. Sinalakay ng imperyalismong US at uring panginoong maylupa ang Partido, hukbong bayan at masang magsasaka upang ibalik ang paghahari ng panginoong maylupa sa kanayunan.

Responsable ang mga Lava at Taruc sa mga kabiguan at pinsalang dinanas ng rebolusyonaryong kilusan at masa sa kamay ng imperyalismong US at katutubong mga papet nito. Samantalang sinasalakay ang mamamayan, nagpalaganap ang mga Lava at Taruc ng linyang parlamentarista at palasuko. Kumilos sila bilang mga ahente ng imperyalismong US at lokal na naghaharing uri sa loob ng Partido at rebolusyonaryong kilusan.

Sa ilalim ng papet na republika, itinayo ng imperyalismong US ang isang malakolonyal at malapyudal na lipunan. Wala itong saligang pagkakaiba sa lipunang kolonyal at malapyudal na tuwirang pinagharian ng imperyalismong US bago ang digmaang imperyalista. Ang pagkakaiba lamang ay sa anyo ng kontrol at paghahari ng imperyalismong US. Ipinagkatiwala ang kapangyarihan sa estado sa mga lokal na papet para pagtakpan ang tuluytuloy na dominasyon at pagkontrol ng imperyalismong US.

Ang dating tuwirang kontrol at paghahari ng imperyalismong US ay naging di tuwiran. Ipinatupad ito sa pamamagitan ng mga papet na malaking burgesya kumprador, malalaking panginoong maylupa at burukratang kapitalista. Nilikha ng imperyalismong US ang burukratang kapitalismo para pumalit sa dati nitong kolonyal na paghahari.


Sa esensya, nanatili ang kapangyarihan ng imperyalismong US at katutubong mga papet nito sa ekonomya, pulitika at kultura. Matindi pa ring sinasamantala't inaapi ng imperyalismong US, pyudalismo at burukratang kapitalismo ang malawak na masa ng sambayanan: ang mga uring manggagawa, magsasaka, petiburges at pambansang burges.


NOONG ARAW MISMO NA IBINIGAY NG IMPERYALISMONG U.S. ANG HUWAD NA KALAYAAN SA PILIPINAS, PINIRMAHAN NI ROXAS ANG ISANG PANGKALAHATANG TRATADO NA: NAGPAPANATILI SA KONTROL NG GUBYERNONG U.S. SA MGA BASE MILITAR NITO SA PILIPINAS; GUMAGARANTIYA SA KARAPATAN NG MGA KORPORASYON AT MAMAMAYAN NG U.S. NA MAGKAROON NG ARI-ARIAN SA PILIPINAS KAPANTAY NG MGA PILIPINO; AT NAGPAIILALIM NG UGNAYANG PANLABAS NG PILIPINAS SA GUBYERNO NG U.S. PINANATILI ANG SALIGANG KOLONYAL NA PAGKAALIPIN NG PILIPINAS SA IMPERYALISMONG U.S.




ANG PANGKALAHATANG TRATADO AY SINUNDAN NG SERYE NG MGA TRATADO NA NAGDIDITALYE SA DI PANTAY NA RELASYON SA PAGITAN NG IMPERYALISMONG U.S. AT PILIPINAS. SA BATAS BELL SA KALAKALAN, PINAHINTULUTAN ANG 100% PAGMAMAY-ARI NG MGA IMPERYALISTA SA MGA KORPORASYONG GUMAGAMIT NG LIKAS NA YAMAN NG BAYAN AT NAGPAPATAKBO NG MGA GAMIT-PUBLIKO: ELEKTRISIDAD, TRANSPORTASYON AT KOMUNIKASYON. ITINAKDA RIN NG BATAS BELL NA DOLYAR LAMANG ANG GAGAMITING SALAPI SA PAKIKIPAGKOMERSYO NG PILIPINAS SA IBA PANG BAYAN. GINARANTIYA RIN NITO NA ANG PISONG TINUTUBO NG MGA EMPRESANG AMERIKANO AY MAIPAGPAPALIT NG DOLYAR PARA MAIUWI SA U.S.
100
ONE HUNDRED DOLLARS
MADE IN U.S.A.


KAKABIT NG BATAS BELL ANG BATAS TYDINGS SA REHABILITASYON. ITINAKDA NG KASUNDUANG ITO NA BAGO IPAGKALOOB KANINUMAN ANG MAHIGIT SA 500 DAANG DOLYAR NA BAYAD-PINSALA AT SARPLAS NA KAGAMITAN, KAILANGANG PAGTIBAYIN MUNA NG PAPET NA GUBYERNO ANG BATAS BELL SA KALAKALAN AT SUSUGAN ANG KOLONYAL NA KONSTITUSYON (SUSOG PARITI) PARA HINDI ITO BUMANGGA SA MGA PROBISYON NG TRATADO. NANG IBIGAY ANG BAYAD SA NAPINSALA NG GERA, NAPUNTA LAMANG ANG KARAMIHAN NITO SA MGA MONOPOLYO NG U.S., MALALAKING KUMPRADOR, URING PANGINOONG MAYLUPA, MGA BURUKRATANG KAPITALISTA AT ORGANISASYONG PANRELIHIYON.
GINAMIT ANG BAYAD-PINSALA PARA MULING AYUSIN ANG MGA NAWASAK NA EMPRESA AT ARI-ARIAN NG MGA MONOPOLYO NG U.S. AT LOKAL NA NAGHAHARING URI, MULING PATAKBUHIN ANG DI-PANTAY NA KOMERSYO AT SUHULAN ANG MGA BURUKRATANG KAPITALISTA NANG HALOS 200 MILYONG DOLYAR "RELIEF GOODS" NA MAINENEGOSYO.
SANDAANG MILYONG DOLYAR ($100 MILYON) NAMANG HALAGA NG SARPLAS NA TANGKE, ERUPLANO AT IBA PANG KAGAMITANG PANGGERA ANG IBINIGAY NG IMPERYALISMONG U.S. SA PAPET NA GUBYERNO. UMABOT SA 500 MILYONG DOLYAR ANG IBINENTA BILANG SOBRA AT PATAPON NANG PRODUKTO SA MGA NAGHAHARING URI.



PINAGTIBAY RIN NG PAPET NA REHIMENG ROXAS ANG TRATADO NG US-RP SA MGA BASE MILITAR NA NAGPANATILI SA KARAPATAN NG GUBYERNONG U.S. NA MAGTATAG, MAGPALAWAK AT PATULOY NA KUMONTROL SA MGA BASE MILITAR NITO SA PILIPINAS. SINAKOP NG DALAWAMPU'T TATLONG (23) BASE ANG HALOS 200,000 EKTARYA SA PINAKAESTRATEHIKONG MGA LUGAR SA KAPULUAN.
NAKAISTASYON DITO ANG ARMADONG PWERSA NG UNITED STATES NA NAKAHANDANG MANALAKAY SA MGA MAMAMAYAN NG TIMOG-SILANGAN ASYA AT MAGTANGGOL SA PUHUNAN AT NABIGASYON NG U.S. RITO.
KASABAY NITO, TINIYAK NG KASUNDUAN NG US-RP SA TULONG MILITAR ANG KONTROL NG IMPERYALISMONG U.S. SA ARMADONG PWERSA NG PILIPINAS (AFP). SA PAMAMAGITAN NG PINAGSANIB NA GRUPONG TAGAPAYONG MILITAR NG U.S. (JUSMAG), ANG AFP AY BINIGYAN NG U.S. NG DIREKSYONG PANG-ESTRATEHIYA AT PANG-ISTAP, LOHISTIKA, TREYNING AT KOORDNASYON SA PANIKTIK.


ALINSUNOD SA PROGRAMA SA KONTRA-INSUREKSYON NG JUSMAG, IPINATUPAD NG PAPET NA GUBYERNO ANG SAPILITANG PAGPALIKAS SA MGA MAGSASAKANG PATULOY NA LUMALABAN MULA SA MARAMING BARYO NG GITNANG LUZON AT TIMOG KATAGALUGAN. KINANYON AT SINILABAN ANG MGA BAHAY NG MASA AT WINASAK ANG MGA PANANIM NILA.
SA BACOLOR, PAMPANGA; STA. CRUZ, LAGUNA AT SA IBA PANG LUGAR, MARAMING MAGSASAKANG DI ARMADO ANG PINAGBABARIL, PINAGBABAYONETA AT MINASAKER NG PULISYANG MILITAR.
SA KABILA NITO, ANG PANGKATING LAVA-TARUC AY UMASA PA RIN SA ELEKSYON AT REPORMA. SINUPORTAHAN NILA ANG KAMPANYA NG REHIMENG ROXAS NA "PAYAPAIN" ANG PARTIDO, HUKBONG BAYAN AT MAMAMAYAN.
PINABANTAYAN ANG MGA KADRE NG PARTIDO SA PULISYANG MILITAR AT PINALIBOT SILA PARA MANAWAGAN SA MAMAMAYAN NA ISUKO ANG KANILANG ARMAS. DAHIL SA PANANABOTAHENG ITO, MAHIGIT 1,500 KADRE, MANDIRIGMA AT MAMAMAYAN ANG INARESTO AT MAHIGIT SA 500 SA KANILA ANG PINATAY.




GAYUNDIN, MAPANGAHAS NA ISINULONG NG MGA MANGGAGAWA ANG MILITANTENG KILUSANG UNYON SA HARAP NG PANDARAHAS NG ESTADO. SA ILALIM NG BANDILA NG KONGRESO NG MGA ORGANISASYON SA PAGGAWA (CONGRESS OF LABOR ORGANIZATION O CLO) NA ITINAYO NINA KA AMADO V. HERNANDEZ NOONG 1945, LUMAGANAP ANG MGA WELGA, LALUNA SA MGA EMPRESANG IMPERYALISTA. LUMAGANAP DIN ANG MGA DEMONSTRASYON AT PULONG-PAG-AARAL NA NAGLALANTAD SA DAYUHANG PAGSASAMANTALA AT PANG-AAPI.




NANG MAMATAY SI ROXAS NOONG 1948, PUMALIT SA KANYA ANG BISE-PRESIDENTENG SI ELPIDIO QUIRINO. SA TAKOT NI QUIRINO SA PAGDALUYONG NG REBOLUSYONARYONG KILUSANG MASA, NAG-ALOK SIYA NG AMNESTIYA SA HUKBALAHAP AT NANGAKONG PAUUPUIN AT BABAYARAN NG BAKPEY ANG MGA KONGRESMAN NG DEMOKRATIKONG ALYANSA NA PINATALSIK NOONG 1946. PERO KAILANGAN MUNANG MAGPAREHISTRO AT MAGSUKO NG ARMAS ANG MGA PULANG MANDIRIGMA NG HUKBALAHAP. NOONG HUNYO 1948, PINAYAGAN NG LIDERATONG JOSE LAVA NA MAKIPAG-USAP SI LUIS TARUC SA GUBYERNONG QUIRINO TUNGKOL SA PAGKAKANULO NG REBOLUSYON.
NANG MAPAGKASUNDUAN ANG AMNESTIYA AT PAUPUIN ULI SI TARUC SA REAKSYUNARYONG KONGRESO, PUMAYAG ANG PAMUNUANG LAVA NA MAKIHALUBILO ANG MGA SUNDALO AT ESPIYA NG PC SA MGA PULANG MANDIRIGMA SA BARYO. KAYA NALANTAD AT NADAKIP ANG MARAMING KADRE NG PARTIDO.
NANG MASIRA ANG KASUNDUAN, SINUPORTAHAN NG LIDERATONG LAVA SI LAUREL (NP) LABAN KAY QUIRINO (LP). PARA TIYAKIN ANG PAGKATALO NI JOSE LAUREL, NANDAYA AT NANDAHAS SI QUIRINO SA ELEKSYON.
LAUREL
para
presidente

MATAPOS MATALO SA ELEKSYON, BUMALING ANG LIDERATONG JOSE LAVA SA LINYA NA PWEDENG AGAWIN ANG KAPANGYARIHAN SA LOOB NG DALAWANG TAON. LAGPAS ITO SA AKTWAL NA KAKAYAHAN NG HUKBONG BAYAN. IBINATAY NG LIDERATONG LAVA ANG KANILANG PAGTAYA SA MGA PANLABAS NA KONDISYON TULAD NG "KATIYAKAN" NG IKATLONG DIGMAANG PANDAIGDIG, PAGBULUSOK NG EKONOMYA NG U.S. AT PAGTATAGUMPAY NG DIGMANG BAYAN SA TSINA. SA LOOB NG BAYAN, SOBRA ANG PAGTAYA NILA SA TUNGGALIAN NINA QUIRINO AT LAUREL BILANG SALIGANG SALIK SA PAGPAPASULONG NG REBOLUSYONARYONG KILUSANG MASA.




INATASAN NG LIDERATONG LAVA ANG LAHAT NG YUNIT NG HUKBONG MAPAGPALAYA NG BAYAN (HMB), ANG DATING HUKBALAHAP, NA SABAY-SABAY NA SALAKAYIN ANG MGA KAPITOLYO, SYUDAD AT KAMPO NG KAAWAY SA MGA PETSANG 29 MARSO, 26 AGOSTO AT 7 NOBYEMBRE 1950. NOONG UNANG DALAWANG PETSA, NILUSOB NG HMB ANG MAHIGIT LABINDALAWANG (12) MUNISIPALIDAD AT KAMPO SA GITNANG LUZON AT TIMOG KATAGALUGAN.




DAHIL DITO, SOBRANG NABANAT ANG PWERSA NG HMB. NALAYO ITO NANG HUSTO SA BASENG MASA NA NAGBIBIGAY NG PAGKAIN, IMPORMASYON AT IBA PANG KLASE NG SUPORTA.






NOONG OKTUBRE 1950, GUMANTI ANG KAAWAY AT NILUSOB NITO ANG LAHAT NG SENTRAL NA UPISINA NG PARTIDO SA MAYNILA. SA GAYON, NABIHAG ANG POLITBURO-IN NA PINAMUMUNUAN NI JOSE LAVA, AT HUMALILI RITO ANG POLITBURO-OUT NA PINAMUMUNUAN NAMAN NG KAPATID NIYANG SI JESUS LAVA.
SA PANGUNGUNA NI RAMON MAGSAYSAY NA NOO'Y KALIHIM NG DEPENSANG PAMBANSA, NAGLUNSAD ANG PAPET NA MILITAR NG MGA KAMPANYANG "PAGKUBKOB AT PANUNUPIL" SA HUKBONG BAYAN. KINORDON ANG KANAYUNAN AT ANG KABUNDUKANG SIERRA MADRE. BINOMBA, KINANYON AT HINULUGAN NG NAPALM (ISANG KEMIKAL NA NAKASUSUNOG) ANG MGA INAKALANG ATRASAN NG HMB.
MADALING NABANATAN NG KAAWAY ANG MGA LINYA NG PANUSTOS AT KOMUNIKASYON NG HUKBONG BAYAN. KASABAY NITO, INARESTO'T IKINULONG ANG MGA LIDER NG CLO NA INAKUSAHAN NG REBELYON, PAMAMASLANG AT PANUNUNOG.



PABORABLENG-PABORABLE ANG OBHETIBONG KONDISYON PARA SA PAGLULUNSAD NG DIGMANG BAYAN NANG PILIIN NG LIDERATONG LAVA NA PAGURIN AT PAKALATIN NANG HUSTO ANG REBOLUSYONARYONG PWERSA. MULA 1946 HANGGANG 1949, LIMPAK-LIMPAK NA DOLYAR ANG NAUBOS SA WALANG-TIGIL NA PAG-IIMPORT MULA SA UNITED STATES NG TELA, DELATA AT SARI-SARING LUHO NG MGA PANGINOONG MAYLUPA AT MALALAKING KUMPRADOR. KINURAKOT NAMAN NG MGA BURUKRATANG KAPITALISTA ANG DOLYAR SA BANGKO SENTRAL. DAHIL DITO, KINAILANGANG IPATAW ANG KONTROL SA PAG-IIMPORT NOONG 1949 AT SA DAYUHANG SALAPI NOONG 1950 PARA TIPIRIN ANG RESERBANG DOLYAR NG REAKSYUNARYONG GUBYERNO.
Libby's
Libby's
Chase & Sanborn COFFEE
CHELSEA CIGARETTES
CHELSEA CIGARETTES
WHITE HORSE Whisky
WHITE HORSE Whisky
BANGKO SENTRAL NG
CHEVROLET


NOONG 1951, ITINALAGA NG IMPERYALISMONG U.S. SA PAPET NA GUBYERNO ANG MAHIGIT 1,000 "TAGAPAYONG" AMERIKANO. INIUTOS NG MGA ITO NA ITAAS ANG BUWIS PARA MABAYARAN ANG MGA SOBRANG PRODUKTO AT MAHAL NA KONTRATA NG MGA KUMPANYANG AMERIKANO SA PAPET NA REHIMEN. ANG MGA "TAGAPAYONG" ITO AY PINALALABAS NA "TULONG" NG IMPERYALISMONG U.S. SA MAMAMAYANG PILIPINO.


HIGIT PANG PINATINDI ANG PAGSASAMANTALA SA MGA MANGGAGAWA SA PAMAMAGITAN NG PAGSASABATAS NOONG 1951 NG MAGNA CARTA SA PAGGAWA AT IBA PANG MGA BATAS NA DIUMANO'Y MAKAMANGGAGAWA. ALINSUNOD SA MAGNA CARTA, NAGTAKDA NG MINIMUM NA SAHOD PARA SA MGA MANGGAGAWA. KINAILANGAN PA RING MAGWELGA NG MGA MANGGAGAWA PARA MAIPATUPAD ITO. MARAMI PA RIN ANG DI TUMANGGAP NG ISINABATAS NA MINIMUM.
CASHIER
KAHIT NA TUMATAAS ANG PRESYO NG ASUKAL, KOPRA AT IBA PANG PRODUKTONG PANG-EKSPORT, NAKAPAKO PA RIN ANG SAHOD NG MGA MANGGAGAWANG-BUKID.
BUKOD PA, KARANIWANG DI IBINIBIGAY NG MGA KAPITALISTA ANG MGA BENEPISYO NG MGA MANGGAGAWA NA NAG-OOBERTAYM, NAGKAKASAKIT, NAGDADALANTAO AT NAAAKSIDENTE.
MARAMING MANGGAGAWA ANG PINANATILING KASWAL O TINATANGGAL NANG TULUYAN PARA MAIWASAN ANG PAGBIBIGAY NG MGA KARAPATANG NAIPANALO NG MGA UNYON.
SCABS, KEEP OUT!
WE'RE ON STRIKE!



NIREYD ANG PUNONG-HIMPILAN NG C.L.O. AT MARAMIHANG INARESTO AT IPINIIT ANG MGA LIDER AT MYEMBRO NITO. BAGO PA NITO AY PINANGUNAHAN NA NG EMBAHADA NG U.S., SENTRAL NA AHENSYA SA PANIKTIK (CIA) AT IBA PANG AHENSYA NG U.S., ANG PAGTUTUSTOS AT PAGSASANAY SA MGA HUWAD NA LIDER OBRERO PARA MAG-ORGANISA NG MGA DILAWANG (MAKA-KAPITALISTA) PEDERASYON SA PAGGAWA.
IBINANDERA NG IMPERYALISMONG U.S. ANG "KAPAYAPAANG PANG-INDUSTRIYA" O PAG-IWAS SA WELGA. SA TULONG NG MGA DILAWAN, IPINALAGANAP ANG IDEYA NG "MALAYANG UNYONISMO" O ANG PAGTATAYO NG MGA UNYON NA HIWALAY SA PARTIDO NG MANGGAGAWA.
PAGKAKAISA NG MANGGAGAWA GOBYERNO AT KAPITALISTA
KAALINSABAY AY BINUBURO ANG MGA MANGGAGAWA SA MATAGAL NA PAG-UUSAP BAGO MAGBIGAY NG KATITING NA KONSESYON ANG MGA KAPITALISTA.
HABANG NANGINGIKIL ANG MGA DILAWAN NG SARI-SARING BUTAW SA UNYON, BINABAYARAN SILA NG MALALAKING KAPITALISTA PARA MAGBENTA NG WELGA.


SA KANAYUNAN, PINAG-IBAYO ANG MARAHAS NA PAGPAPAYAPA SA MASA KASABAY NG PAGPAPATUPAD NG MGA MAPANLINLANG NA PROGRAMA. ITINATAG ANG BISIG NG PRESIDENTE SA PAGPAPAUNLAD NG MGA KOMUNIDAD (PACD) PARA MAGBUO NG MAAASAHANG MGA PAPET NA KONSEHO SA MGA BARYO.
NAGPAGAWA ANG REHIMEN NG ILANG POSO, KUBETA AT IBA PANG PROYEKTO PARA PAGTAKPAN ANG KAHIRAPAN AT SALIGANG PROBLEMA NG MAMAMAYAN.
IPINAGYABANG NG REHIMEN NA PATATAASIN ANG ANI NG MGA MAGSASAKA SA PAMAMAGITAN NG MGA BAGONG DAAN, IRIGASYON AT PANANALIKSIK SA MGA MODERNONG KAGAMITAN AT PARAAN SA AGRIKULTURA. PERO ANG MGA ITO AY IKINAYAMAN LANG NG MGA PANGINOONG MAYLUPA.



SAMANTALA, NOONG 1950, TINANGKANG SAKUPIN MULI NG IMPERYALISMONG U.S. ANG MGA MAMAMAYAN SA KOREA AT TSINA NA KAPWA NAKALAYA NA SA IMPERYALISTANG PANANAKOP. DALAWANG BATALYON NG MGA BAYARANG SUNDALONG PILIPINO ANG IPINADALA SA KOREA PARA TUMULONG SA HUKBO NG U.S. TINALO NG MGA REBOLUSYONARYONG KOREANO AT TSINO ANG PANANALAKAY NA ITO, PERO NAGAWANG MASAKOP NG IMPERYALISMONG U.S. ANG TIMOG NA BAHAGI NG KOREA AT MAGTAYO RITO NG PAPET NA REPUBLIKA.
SA PAMAMAGITAN NG MGA KONTRATA SA PAGYAYARI NG MGA KAGAMITANG MILITAR PARA SA HUKBONG U.S. SA KOREA, MABILIS NA BINUHAY MULI NG UNITED STATES ANG MITSUBISHI AT IBA PANG ZAIBATSU. BAHAGI ITO NG PAKANA NA GAWING KASOSYONG GALAMAY ANG JAPAN SA PAGHAHARI NG IMPERYALISMONG U.S. SA ASYA.
NOONG 1951, PINAGTIBAY NG REHIMENG QUIRINO ANG TRATADO NG US-RP SA PAGDEDEPENSAHAN, NA PUMAPAYAG NA BASTA NA LAMANG MAKIALAM ANG UNITED STATES SA MGA USAPIN SA PILIPINAS.



HINDI NATUTO SA MGA PAGKAKAMALI NG LIDERATONG JOSE LAVA ANG PUMALIT NA PAMUNUANG JESUS LAVA. SA HALIP, IPINAGPATULOY NITO ANG ADBENTURISTANG PLANO SA MABILISANG PAG-AGAW NG KAPANGYARIHANG PANG-ESTADO.
NAHIWALAY SA MASA ANG MGA YUNIT NG HMB DAHIL KULANG ANG KANILANG PAGPUPUKAW, PAG-OORGANISA AT PAGPAPAKILOS SA MASA. NAGSIMULA ITONG MANG-ABUSO PARA MAKAKUHA NG PAGKAIN. SA GAYON, LALONG DUMANAS NG MALALAKING PAGKATALO ANG HMB.
SA HARAP NG MGA KABIGUANG ITO, SUMURENDER SI LUIS TARUC KAY PRESIDENTE MAGSAYSAY NOONG 1954. NOONG SUMUNOD NA TAON, ANG LIDERATONG JESUS LAVA AY BUMALING DIN SA PAGIGING PALASUKO MULA SA PAGIGING ADBENTURISTA. IDINEKLARA PA NITONG PARLAMENTARYO O MAPAYAPA NA ANG PRINSIPAL NA PORMA NG PAKIKIBAKA. NILUSAW ANG MGA YUNIT NG HMB NA NAIIMPLUWENSYAHAN PA NITO.


NATALO NI MAGSAYSAY SI QUIRINO NOONG 1953 DAHIL SA SUPORTA NG U.S.. BILANG GANTI, LALO NIYANG PINAHIGPIT ANG HAWAK NG IMPERYALISMONG U.S. SA PILIPINAS, SA PAMAMAGITAN NG KASUNDUANG LAUREL-LANGLEY NA PUMALIT SA BATAS BELL SA KALAKALAN. AYON SA KASUNDUANG ITO, MAY KARAPATAN ANG MGA KUMPANYANG 100% PAG-AARI NG AMERIKANO NA MAGMAY-ARI AT KUMONTROL SA LAHAT NG KLASE NG NEGOSYO SA PILIPINAS HANGGANG 1974. SA GAYON, NAHAWAKAN NG MGA KORPORASYONG AMERIKANO ANG MGA ESTRATEHIKONG INDUSTRIYA SA PILIPINAS TULAD NG LANGIS AT GASOLINA, GOMA AT GULONG, GAMOT AT KEMIKAL, MABIBIGAT NA KAGAMITAN, PAMAMAKYAW, PAG-EEKSPORT AT PAG-IIMPORT, SASAKYAN, KONSTRUKSYON, BANGKO, SEGURO, PAGKAING DELATA AT INUMIN.





PARA LUSUTAN ANG KONTROL SA PAG-IIMPORT AT PALABASING MAY LOKAL NA INDUSTRIYALISASYON, NAGTAYO ANG MGA IMPERYALISTANG KUMPANYA NG MGA PLANTA SA MULING PAG-AASEMBOL NG TRAK AT KOTSE, AT MULING PAG-EEMPAKE NG PAGKAIN AT GAMOT. KINAKALAS NILA ANG MGA YARING PRODUKTO BAGO IPASOK SA PILIPINAS, NA KUNWARI'Y "HILAW NA MATERYALES", AT PAGDATING DITO'Y MULING INA-ASEMBOL.
KINASOSYO NG MGA KORPORASYONG AMERIKANO TULAD NG REYNOLDS, WESTINGHOUSE AT BF GOODRICH ANG MALALAKING KUMPRADOR TULAD NINA AYALA, ZOBEL AT TUASON PARA MAGAMIT ANG PERA NILA BILANG DAGDAG NA KAPITAL, GAWIN SILANG KATULONG SA PAMAMAHALA, AT KASANGKAPANIN SA PANGUNGUTANG SA MGA BANGKONG LOKAL.
REYNOLDS ALUMINUM
PARA MALUSUTAN NAMAN ANG KONTROL SA PAG-UUWI NG GANANSYA, PINALALABIS NG MGA KUMPANYANG AMERIKANO ANG PRESYO NG MGA PRODUKTO AT SERBISYONG IPINADALA NILA SA KANILANG MGA SANGAY SA PILIPINAS.
PRODUCTION TARGETS
for 1955


NAGBEBENTA ANG MGA IMPERYALISTA NG MGA SOBRANG PRODUKTONG AGRIKULTURAL TULAD NG BIGAS, TRIGO, BULAK, TABAKO, MAIS, KESO AT GATAS. BUKOD SA NAGKAMAL SILA NG SUPERGANANSYA, PINIPIGILAN DIN NILA ANG PAG-UNLAD NG AGRIKULTURA SA PILIPINAS.
WHEAT
MILK
CHEESE
GINAMIT NILA ANG PAGBEBENTANG ITO PARA KONTROLIN ANG ILANG "PANGGITNANG" INDUSTRIYA TULAD NG TELA AT ARINA NA UMAASA SA MGA INIIMPORT NA SOBRANG HILAW NA MATERYALES MULA SA UNITED STATES.
REPUBLIC
Flour
ANG KINIKITA NILA AY KALAKHANG NAPUPUNTA SA PAGTUTUSTOS SA PAPET NA MILITAR AT SA PAGPAPAUTANG NG EXPORT-IMPORT BANK NG U.S. SA MGA KUMPANYANG AMERIKANO SA PILIPINAS.


NOONG 1956, INUTUSAN NG IMPERYALISMONG U.S. SI MAGSAYSAY NA MAKIPAGKASUNDO SA JAPAN TUNGKOL SA BAYAD SA NAPINSALA SA GERA. PINIRMAHAN NG REHIMENG MAGSAYSAY AT NG GUBYERNONG HAPONES ANG KASUNDUANG OHNO-GARCIA AT BUNGA NITO AY ITINAMBAK DITO ANG MGA SOBRANG YARING PRODUKTO TULAD NG MGA BARKO, KAGAMITAN SA KONSTRUKSYON, KURYENTE, PAGSASAKA AT PAGMIMINA. PINABAYARAN ITO NANG HULUGAN PERO PINALITAW NA "TULONG". ANG KASUNDUANG ITO AY PAKANA PARA MULING MAKAPASOK ANG IMPERYALISMONG HAPONES SA PILIPINAS.
MITSUI LINE
MITSUBISHI
SA GANITO, NAGING "SUKI" ANG MGA KUMPANYANG HAPONES NG MGA PILIPINONG MALAKING BURGESYANG KUMPRADOR SA PAMIMILI NG MGA YARING PRODUKTO NG JAPAN AT PAGBEBENTA NG HILAW NA MATERYALES NG PILIPINAS.
SINUHULAN NG MGA IMPERYALISTANG HAPONES ANG MGA BURUKRATANG KAPITALISTA PARA MAGTAKDA NG NAPAKATAAS NA PRESYO NG MGA KALAKAL NA "REPARASYON" (BAYAD-PINSALA RAW SA NAGDAANG GERA).



IPINAGPATULOY NG REHIMENG MAGSAYSAY ANG MAPANLINLANG NA PROGRAMA SA RESETELMENT NG GUBYERNONG KOMONWELT NI QUEZON. PINALIPAT NG REHIMENG MAGSAYSAY SA ISABELA AT MINDANAO ANG MARAMING MAGSASAKA MULA SA GITNANG LUZON AT TIMOG KATAGALUGAN. GINAWA ITO PARA MAILAYO SILA SA HUKBONG BAYAN AT MAPALITAW NA IPINATUTUPAD NG GUBYERNO ANG PROGRAMANG "LUPA PARA SA MGA WALANG LUPA".



ITINAMBAK SILA SA MGA LIBLIB NA LUGAR NANG DI INAASIKASO ANG KANILANG HANAPBUHAY, PABAHAY, ILAW, TUBIG, DAAN, ESKWELA AT KALUSUGAN.


NOONG 1955, IDINEKLARA NI MAGSAYSAY NA BIBILHIN NG PAPET NA REHIMEN ANG MGA LUPAIN NG MGA PANGINOONG MAYLUPA NA MAHIGIT 300 EKTARYA AT IPAGBIBILI ITO SA MGA MAGSASAKANG WALANG LUPA. HINDI NAKAYANAN NG MGA MAGSASAKA ANG P2,000-P4,000 HALAGA BAWAT EKTARYA NA ITINAKDA NG MGA PANGINOONG MAYLUPA.


KUNWARI AY IPINAGBAWAL NG REHIMENG MAGSAYSAY ANG USURA. NILIKHA ANG MGA BANGKONG RURAL AT ANG PANGASIWAAN SA PAUTANG AT KOOPERATIBANG AGRIKULTURAL (ACCFA) PARA RAW TUSTUSAN ANG ABONO, BINHI AT PESTISIDYO NG MGA MAGSASAKA. PERO ANG MGA PAUTANGANG ITO AY KINUNAN LAMANG NG MGA PANGINOONG MAYLUPA, BURUKRATA AT MALALAKING KOMERSYANTE NG DAGDAG NA KAPITAL SA PAGNENEGOSYO AT PAMIMILI NG LUPA.


BINARAT NG MGA BANGKO RURAL ANG MGA LUPANG ISINASANGLA NG MGA MAGSASAKANG MAY LUPA. DAHIL ANG NAUTANG NILA'Y LUBHANG KULANG SA KANILANG PANGANGAILANGAN, MARAMI SA MGA ITO ANG NABANGKRAP AT TULUYANG NAWALAN NG LUPA. NALUGI RIN SILA SA MABABANG PRESYO NG BIGAS AT MAIS NA BINIBILI SA KANILA NG ACCFA.



ANG MGA MARALITANG MAGSASAKANG WALANG LUPANG MAISANGLA AY NAPILITANG KUMAPIT PA RIN SA MGA USURERO.


SAMANTALA, SA DAKONG KANLURAN NG PILIPINAS, TINALO NG MAMAMAYANG BYETNAMES ANG IMPERYALISMONG PRANSES NOONG 1954, SA PAMAMAGITAN NG MATAGALANG DIGMANG BAYAN. NAPILITAN ANG PRANSYA NA PUMAYAG SA ISANG PAMBANSANG ELEKSYON SA BUONG BYETNAM.
PARA MASABOTAHE ANG ELEKSYON AT MAPALITAN ANG MGA IMPERYALISMONG PRANSES SA BYETNAM AT IBA PANG BAHAGI NG INDOTSINA (KAMPUCHEA AT LAOS), NAGDAOS ANG IMPERYALISMONG U.S. NG ISANG KUMPERENSYA SA MAYNILA NA NAGTATAG NG SOUTHEAST ASIA TREATY ORGANIZATION (SEATO). ITINAGUYOD NG MGA MYEMBRONG-BAYAN NG SEATO, KABILANG ANG PILIPINAS, ANG PAKIKIALAM NG U.S. SA INDOTSINA AT PAGTATATAG NG PAPET NA REPUBLIKA SA TIMOG NA BAHAGI NG BYETNAM.
AIRPORT
SEARCH AND DESTROY
KASABAY NITO, ITINALAGA NG CIA SA INDOTSINA ANG MGA AHENTENG PILIPINO NITO. KINATASAN SILANG MANGALAP NG MGA ESPIYA AT MAGSANAY NG MGA SUNDALO NG PAPET NA GUBYERNONG BYETNAMES.

PAGKAMATAY NI MAGSAYSAY NOONG 1957, PUMALIT SA KANYA ANG BISE-PRESIDENTENG SI CARLOS P. GARCIA. DAHIL KINONTROL NIYA ANG DAYUHANG PERA AT PAG-IIMPORT, DUMAMI ANG MGA EMPRESA NG PAMBANSANG BURGESYA O MAKABAYANG KAPITALISTA, LALUNA SA MGA PANGGITNANG INDUSTRIYA TULAD NG TELA'T ARINA AT SA BAHAGYANG PAGYAYARI NG LOKAL NA HILAW NA MATERYALES TULAD NG BAKAL, PAPEL AT DELATANG PAGKAIN.




SA PAGLAKAS NG ANTI-IMPERYALISTANG KILUSAN, PINAGTIBAY NG REHIMENG GARCIA ANG PATAKARANG "PILIPINO MUNA". PERO ANG IBIG LAMANG SABIHIN NITO'Y UNAHIN ANG MGA NEGOSYANTENG PILIPINO SA MGA NEGOSYANTENG HINDI AMERIKANO, SA PAMAMAHAGI NG DOLYAR NG BANGKO SENTRAL PARA SA MGA OPERASYONG EKSPORT-IMPORT. PINALILITAW NINA GARCIA NA ANG MGA NEGOSYANTENG TSINO AT DI MGA IMPERYALISTANG AMERIKANO ANG PANGUNAHING SALOT SA EKONOMYA.


PARA MAPAGTAKPAN ANG PAGHAHARI NG IMPERYALISMONG U.S., SINULSULAN NG PAPET NA REHIMENG GARCIA ANG MGA KOMERSYANTENG PILIPINO NA PATALSIKIN ANG MGA NEGOSYANTENG TSINO SA PAGTITINGI, LALUNA SA PANGANGALAKAL NG BIGAS AT MAIS. PERO PINAYAGAN NAMAN ANG MALALAKING KUMPRADOR NA KUOMINTANG (TALUNANG NAGHAHARING URI SA TSINA NA UMATRAS SA TAIWAN), NA MAGKAROON NG MALAKING PARTE NA NEGOSYONG EKSPORT-IMPORT AT PAKYAWAN.
PINAYAGAN DIN ANG MALALAKING KOMERSYANTENG ITO NA IUWI ANG KANILANG KAPITAL AT GANANSYA SA TAIWAN AT MAGBAYAD NG BUWIS SA PAPET NA PASISTANG REHIMENG CHIANG KAI-SHEK.
SA KABILANG BANDA, ANG MGA MANGGAGAWA AT MALILIIT NA NEGOSYANTENG TSINO NA GUSTONG MAGING MAMAMAYAN NG PILIPINAS AY KINIKILAN NG HANGGANG P100,000 NG MGA LOKAL NA ALAGAD NG PANGKATING CHIANG AT MGA KASABWAT NITONG PAPET NA PULITIKONG PILIPINO.
Suave
PURICO
DRINK


UPANG MAAGAPAN ANG MULING SUMUSULONG NA ANTI-IMPERYALISTANG REBOLUSYONARYONG KILUSANG MASA, NAGKUMAHOG ANG MGA REAKSYUNARYO SA "MAKA-IMPERYALISTANG PANLOLOKO AT ANTI-KOMUNISTANG PANANAKOT. SA MGA ESKWELAHAN, DYARYO, RADYO, TELEBISYON, PELIKULA, DULA AT SA MGA SEMINAR NG MGA TITSER, PINABANGO NILA ANG UNITED STATES BILANG BALWARTE NG "MALAYANG DAIGDIG" AT "TAGAPAGDALA SA PILIPINAS NG KARIWASAAN, PAGKAKAPANTAY-PANTAY AT MABUTING GUBYERNO". MARAMI SILANG GINAWANG PANINIRA SA PARTIDO KOMUNISTA.
PARA LALONG IPALAGANAP ANG MGA KONTRA-REBOLUSYONARYONG IDEYA, NAGTAYO NG MGA AKLATAN ANG EMBAHADA NG U.S. AT ANG MGA IMPERYALISTANG PUNDASYONG ROCKEFELLER, FORD AT FULBRIGHT AT NAGBENTA NG LIBRO SA MGA ESKWELAHAN.
MOTHER AMERICA
DEMOCRACY VS COMMUNISM
free world
INILAGAY ANG MGA "TAGAPAYO" AT PROPESOR NA AMERIKANO SA KAGAWARAN NG EDUKASYON AT SA IBA'T IBANG UNIBERSIDAD AT KOLEHIYO PARA PANGIBABAWIN ANG KULTURANG KOLONYAL.

SA PAMAMAGITAN NG BATAS LABAN SA SUBERSYON NA PINAGTIBAY NOONG 1958, TINANGKA NG REHIMENG GARCIA NA DURUGIN ANG PARTIDO AT IBA PANG MGA PWERSANG ANTI-IMPERYALISTA. ANG BATAS NA ITO AY NAGPATAW NG MABIBIGAT NA PARUSA SA MGA LIDER AT MYEMBRO NG PARTIDO.




KASABAY NITO, NAGPASYA SI JESUS LAVA NA LUSAWIN ANG ORGANISASYON NG PARTIDO SA PAMAMAGITAN NG PATAKARANG "IISANG PILA". IBIG SABIHIN, ANG BAWAT KASAPI AY UUGNAYAN NG IISANG KASAMA LAMANG AT MAKAUUGNAY SA IISANG KASAMA RIN LAMANG.





SA ELEKSYONG PRESIDENSYAL NG 1961, TINALO NI DIOSDADO MACAPAGAL SI GARCIA. SINUPORTAHAN NG IMPERYALISMONG U.S. SI MACAPAGAL DAHIL SA PAGTATAGUYOD NIYA SA "MALAYANG PAGNENEGOSYO" NG MGA KORPORASYONG AMERIKANO. ANG UNANG BATAS NA INAPRUBAHAN NIYA AY ANG GANAP AT DAGLIANG PAG-AALIS NG KONTROL SA DOLYAR AT SA PAG-IIMPORT. DAHIL DITO, AGAD-AGAD AT LANTARANG NAKAPAG-UWI ANG MGA KUMPANYANG AMERIKANO NG $300 MILYON NA GANANSYANG NAIPON NOONG MAY KONTROL.
MALAYANG NAIPAGPALIT NG MGA MALAKING KUMPRADOR ANG MGA HAWAK NILANG PISO SA DOLYAR, PARA SA PAG-IIMPORT NG YARING PRODUKTO. BUKOD DITO, LUMARGA RIN SILA SA PAGLULUSTAY SA RESERBANG DOLYAR NG PILIPINAS.
BUNGA NG PAGTATAMBAK SA PILIPINAS NG MGA BILIHIN MULA SA U.S., BUMAGSAK ANG MAHIGIT 1,500 EMPRESA NG PAMBANSANG BURGESYA AT LALONG DUMAMI ANG MANGGAGAWANG WALANG TRABAHO.
CLOSED



SA PAGDAGSA NG MGA YARING PRODUKTONG INIIMPORT AT SA MABILISANG PAG-UUWI NG GANANSYA NG MGA IMPERYALISTANG KORPORASYON, NAUBOS NA NAMAN ANG RESERBANG DOLYAR NG GUBYERNO. IKINATWIRAN NG IMF NA KAILANGANG PABABAIN ANG PRESYO NG HILAW NA MATERYALES NG PILIPINAS PARA LUMAKAS ANG BENTA SA U.S. INUTUSAN NITO ANG REHIMENG MACAPAGAL NA IBABA ANG HALAGA NG PISO. GINAWANG P3.90 ANG DATI'Y P2.00 LAMANG NA KATUMBAS NG ISANG DOLYAR.
DOLLAR RESERVES
PERO SA PAGTAAS NG HALAGA NG MGA INIIMPORT MULA SA U.S., LALO LAMANG NASAID ANG DOLYAR NG BAYAN AT BIGLANG NAGTAASAN ANG PRESYO NG MGA BILIHIN. ITINAAS NGA ANG ARAWANG MINIMUM NA SWELDO, NA NAGING P6.00 MULA SA DATING P4.00, PERO MAHIGIT DOBLE NAMAN ANG ITINAAS NG MGA BILIHIN.
auto parts
HABANG LUMALAKI ANG KITA NG MGA MALAKING BURGES NA KUMPRADOR, MARAMING PAMBANSANG BURGES NA NAG-IIMPORT NG HILAW NA MATERYALES ANG NATULAK SA PAGBEBENTA NG KANILANG NEGOSYO O KAYA'Y NALUBOG SA PAGKAKAUTANG SA MGA DAYUHAN.
Esso
FILOIL
CLOSED
Esso
EssoEXTRA



KUNG TUTUUSIN, MALIIT NA BAHAGI LAMANG NG KABUUANG KAPITAL NG MGA IMPERYALISTA ANG IPINAPASOK NILA SA PILIPINAS. SIMULA NOONG 1960, ANG KALAKHAN NG KANILANG IPINUPUHUNAN DITO AY KINUKUHA SA PERANG NAIIMPOK NG MAMAMAYANG PILIPINO SA MGA BANGKO. NAUUBOS NA ANG KAPITAL NG MAMAMAYAN, NABABANSOT PA ANG PAMBANSANG INDUSTRIYALISASYON AT LALONG DUMARAMI ANG WALANG HANAPBUHAY.
LOANS



GSIS
SSS
PWERSADONG MAGPAUTANG ANG REHIMENG MACAPAGAL SA MGA IMPERYALISTANG KUMPANYA. PERA NG MGA MANGGAGAWA AT EMPLEYADO SA GUBYERNO NA NAKAIMPOK SA SSS AT GSIS ANG IPINAUUTANG SA MGA KUMPANYANG DAYUHAN. PARA MAKAKUHA NG DAGDAG NA KAPITAL SA PILIPINAS, INENGGANYO RIN NG IMPERYALISMONG U.S. ANG PAPET NA REHIMEN NA MAGDEPOSITO SA MGA BANGKO NG U.S. O BUMILI NG SAPI SA MGA KORPORASYONG U.S.
PAY HERE


IPINANG-AKIT NG REHIMENG MACAPAGAL SA DAYUHANG KAPITAL ANG PATAKARANG "BUKAS NA PINTO" PARA PALAKASIN PA ANG PAGNENEGOSYO NG IMPERYALISMONG U.S. SA PILIPINAS. HABANG IBINEBENTA SA MGA MALAKING BURGESYA KUMPRADOR ANG KARAMIHAN SA MGA SOSYO NG IMPERYALISTA SA MGA KUMPANYA TULAD NG MERALCO, PLDT AT PANTRANCO, KINONTROL PA RIN NILA ANG MGA ITO SA PAMAMAGITAN NG MGA PAUTANG, KONTRATA SA PAMAMAHALA, AT SOSYO NG MGA BANGKONG AMERIKANO.
PLDT
ITINAYO NG MGA KORPORASYON NG U.S. ANG NAGLALAKIHANG MGA PINYAHAN (DEL MONTE, DOLE) AT SAGINGAN (UNITED FRUIT-TADECO, STANFILCO) SA LIBU-LIBONG EKTARYANG LUPA NA INUPAHAN SA NAPAKABABANG HALAGA. NILABAG NILA ANG PROBISYON NG KONSTITUSYONG 1935 NA HANGGANG 1,024 EKTARYA LANG ANG MAARING UPAHAN NG ANUMANG KORPORASYON.
GINAMIT ANG MGA KORTE, PC AT PULIS PARA ITABOY ANG MGA SETLER AT PAMBANSANG MINORYA AT AGAWIN ANG KANILANG MGA SAKAHAN.


PINAGTIBAY NG REHIMENG MACAPAGAL ANG HUWAD NA KODIGO NG REPORMA SA LUPANG AGRIKULTURAL. AYON DITO,PARA MAGKAROON NG LUPA NA KADALASA'Y GASTADO NA, KAILANGANG BAYARAN NG MAGSASAKA ANG HALAGANG P3,500 O MAHIGIT PA BAWAT EKTARYA.
HABANG HINUHULUGAN ANG LUPA SA LOOB NG 25 TAON, KINAKAILANGANG "MAMUWISAN" ANG MGA KASAMA SA PANGINOONG MAYLUPA AT MAGBAYAD TAUN-TAON NG UPA SA LUPA NA KATUMBAS NG 25 PORSYENTO (25%) NG KARANIWANG ANI SA NAGDAANG TATLONG TAON.


MARAMING BUTAS ANG BATAS NA ITO PARA MAKALUSOT ANG MGA PANGINOONG MAYLUPA SA PAGPAPATUPAD. HALIMBAWA'Y PAGPAPARTE NG LUPA SA MGA KAANAK, PAGGAMIT NG TRAKTORA AT MAKINA, PAGPAPASAHOD SA MGA MAGSASAKA, PAGTATANIM NG TUBO AT NIYOG SA HALIP NA MAIS AT PALAY, AT PAGPAPAGAWA NG SUBDIBISYON AT PALAISDAAN.



SAMANTALA, LALONG NABUNYAG ANG KABULUKAN NG NAGSOSOLONG LIDERATO NI JESUS LAVA. SUMULAT SIYA KAY MACAPAGAL AT SINUPORTAHAN ANG MGA PATAKARAN NITO, LALUNA ANG HUWAD NA REPORMA SA LUPA. NOONG MAYO 1964, SUMUKO SI LAVA SA KAAWAY.
NGUNIT BAGO NITO, HINIRANG NIYA SA PAMUNUAN NG PARTIDO SI PEDRO TARUC, NA HUMIRANG NAMAN KAY "KUMANDER" SUMULONG BILANG PUNONG KUMANDER NG HUKBONG BAYAN. SA PAMUMUNO NILA, LUMAGANAP SA MGA MANDIRIGMA NG HMB ANG PAGIGING REBELDENG LAGALAG AT NAGING MGA BANDIDONG NAGTAKSIL AT NAMINSALA SA MASANG ANAKPAWIS. IPINAUPA NG PANGKATING TARUC-SUMULONG ANG HUKBONG BAYAN SA MGA PANGINOONG MAYLUPA PARA TAKUTIN ANG MGA MAGSASAKA, AT BANTAYAN ANG MGA BODEGA'T BUKIRIN NG MGA ASENDERO.
KAPALIT DIN NG PERA, KINASANGKAPAN NG PANGKATIN ANG HMB PARA TAKUTIN ANG MGA MANGGAGAWANG NAGWEWELGA.
WELGA KAMI!
AKATAONG KALAGAYAN SA PAGGAWA!




PAGKASUKO NI JESUS LAVA KAY MACAPAGAL, ANG MGA MARXISTA-LENINISTANG UMUSBONG SA REBOLUSYONARYONG KILUSAN AY NAGSIMULANG PUMUNA AT MAGTAKWIL SA KONTRA-REBOLUSYONARYONG GAWA NG MGA LAVA AT TARUC. PERO SA HARAP NG KILUSANG PAGWAWASTONG ITO, PATULOY NA IGINIIT NG MGA MAKA-LAVA ANG KANILANG MALING LINYA'T PATAKARAN.




SA TULONG NG U.S., TINALO NI FERDINAND MARCOS SI MACAPAGAL SA ELEKSYONG PRESIDENSYAL NOONG 1965. NAIS KASI NG MGA IMPERYALISTA ANG ISANG PAPET NA MAS TUSO AT MAS MARAHAS. SINISIMULAN NA NOON NG IMPERYALISMONG U.S. ANG PAGPAPALAKAS NG MILITARISASYON SA MGA MALAKOLONYA NITO SA TIMOG-SILANGANG ASYA, SA HARAP NG PAPALAKAS RING PAKIKIBAKA PARA SA PAMBANSANG PAGPAPALAYA NG MGA MAMAMAYAN LALUNA SA INDOTSINA.






PARA MAGARANTIYA ANG PATULOY NA KONTROL NG MGA IMPERYALISTA SA PILIPINAS, KAHIT SA PAGTATAPOS NG KASUNDUANG LAUREL-LANGLEY, PINAGTIBAY NG REHIMENG MARCOS NOONG 1967 ANG BATAS SA PANGGANYAK NG PAMUMUHUNAN. AYON DITO, "PILIPINONG NASYUNAL" ANG KORPORASYONG MAY MAKSIMUM NA DAYUHANG SOSYONG 40 PORSYENTO. IBIG SABIHIN, PWEDENG LUMIKHA ANG MGA IMPERYALISTA NG SISTEMA NG MAGKAKAKAWING NA KORPORASYON, KAYA'T ANG 40 PORSYENTONG SOSYO AY NALULUSUTAN UPANG MAGING 64 PORSYENTO ANG SOSYO SA MGA EMPRESANG NASA MGA "PILI'T DATIHANG" INDUSTRIYA (PREFERRED NON-PIONEER) AT 100 PORSYENTO SA MGA INDUSTRIYANG "PILI'T BAGO" (PREFERRED PIONEER). KABILANG SA MGA EMPRESANG ITO ANG SA NIKEL (MARINDUQUE MINING) AT PAPEL NG DYARYO (PAPER INDUSTRIES CORPORATION OF THE PHILIPPINES O PICOP).


KAHIT ANG MGA KORPORASYON SA MGA "PILI'T DATIHANG" INDUSTRIYA AY MAAARING BUUNG-BUONG ARIIN NANG WALANG TANING NG MGA IMPERYALISTA, HANGGA'T HINDI BINIBILI NG MGA PILIPINONG NASYUNAL" ANG MGA SOSYO NG IMPERYALISTA, LABING-ISANG TAON MATAPOS IREHISTRO ANG KORPORASYON SA LUPON NG PAMUMUHUNAN (BOI). SARI-SARI ANG PANG-ENGGANYO SA MGA DAYUHANG KORPORASYONG ITO TULAD NG PAGLILIBRE AT PAGBABAWAS SA BUWIS, PRAYORIDAD SA PAGPAPAUTANG NG GUBYERNO, PROTEKSYON LABAN SA KUMPITISYON NG GUBYERNO AT MARAMI PANG IBA.





" KORPORASYONG PILIPINO RAW "


HINIMOK NG REHIMENG MARCOS ANG MGA IMPERYALISTANG HAPONES NA MAGKAMAL NG LIMPAK-LIMPAK NA GANANSYA SA PILIPINAS. PINAGSAMANTALAHAN NILA ANG MURANG LAKAS-PAGGAWA RITO PARA MAG-ASEMBOL NG SASAKYAN (TOYOTA-DELTA, MARIWASA-HONDA), KAGAMITANG PAMBAHAY (MATSUSHITA-PRECISION, TOSHIBA-RADIOLA), SINULID NA GAMIT SA MGA PABRIKA NG TELA(FILSYN) AT BAHAGYANG PAGYAYARI NG BAKAL (ELISCO).
HOND


HABANG ITINATAMBAK DITO ANG MGA KALAKAL NA YARING-JAPAN, HINAHAKOT NILA PAPUNTANG JAPAN ANG BAKAL, TANSO, SAGING, PULOT AT TROSO NG PILIPINAS. NILILIMAS NG MGA BARKONG PANGISDA (FISHING TRAWL) NILA ANG ISDA, SUGPO, HIPON AT KORAL AT PINAPATAY ANG MARAMING MALILIIT PANG ISDA.
NAGPAPAUTANG ANG MGA BANGKONG HAPONES SA MGA ASENDERO-KUMPRADOR KAPALIT NG HILAW NA MATERYALES AT SOSYO SA MGA KORPORASYON. BILANG PABUYA KAY MARCOS SA PAGPAPATUTA NIYA, GINAGAWA SIYANG KASOSYO SA MGA KORPORASYONG HAPONES.
ASIAN DEVELOPMENT BANK



ASAL-ALIPING SINUNOD NG REHIMENG MARCOS ANG "BAGONG PATAKARAN SA ASYA" NI NIXON (PRESIDENTE NG U.S.) NA "ASYANO ANG PALABANIN SA KAPWA ASYANO". IBIG SABIHIN, PALALAKASIN ANG MGA PAPET NA MILITAR NA ASYANO AT BABAWASAN ANG MGA TROPANG AMERIKANO SA ASYA PARA MAKAPAGTIPID SA GASTOS AT MAPAGTAKPAN ANG PAKIKIALAM NG U.S. SA HARAP NG MALAKAS NA PROTESTA NG MAMAMAYANG AMERIKANO.
ISINABAK NG PAPET NA REHIMENG MARCOS ANG MARAMING SUNDALONG PILIPINO SA BYETNAM, AT SILA'Y TINUSTUSAN NG U.S. ANG SABI'Y GAGAWA LANG NG DAAN AT KIKILOS SA IBA PANG "AKSYONG SIBIKO", PERO SA KATUNAYAN, GINAMIT SILANG ESPIYA AT TUMULONG SA HUKBONG U.S.
BILANG KASABWAT NG IMPERYALISMONG U.S. SA PANUNUPIL SA REBOLUSYONG PILIPINO, NAGTAYO NAMAN ANG MGA IMPERYALISTANG HAPONES NG PLANTA NG BALA AT PULBURA PARA SA REHIMENG MARCOS.
MITSUBISHI






TINUTUSTUSAN NG MGA IMPERYALISTANG PUNDASYONG ROCKEFELLER AT FORD ANG SURIANG INTERNASYUNAL SA PANANALIKSIK SA PALAY (IRRI). ANG IRRI ANG TUMUKLAS NG MGA BINHING MATAKAW SA MGA PRODUKTONG KEMIKAL, HALIMBAWA, NG ESSO ENGRO ("PLANTERS PRODUCTS" NGAYON). SINAGKAAN NG IRRI ANG PAGPAPALAGANAP NG MGA BINHING DI NANGANGAILANGAN NG MARAMING ABONO AT GAMOT NA PINAUUNLAD NG MGA MAGSASAKA AT PILIPINONG MANANALIKSIK.









NAGLUNSAD ANG PAPET NA REHIMENG MARCOS NG MGA KAMPANYANG "KONTRA-INSUREKSYON" AT "ANTI-SUBERSYON". SA MGA EKSWELAHANG MILITAR SA U.S. AT SA PILIPINAS, ITINURO NG U.S. AGENCY FOR INTERNATIONAL DEVELOPMENT (USAID) AT IBA PANG AHENSYA NG IMPERYALISMONG U.S. SA MGA SUNDALONG METROCOM AT SA MGA PULIS KUNG PAANO MAGLANSAG NG MGA WELGA'T DEMONSTRASYON AT MANIKTIK SA MAMAMAYAN. NAGSUSUPLAY RIN ANG MGA AHENSYANG ITO NG BARIL, "TEAR GAS" AT IBA PANG KAGAMITAN SA PANUNUPIL SA REBOLUSYONARYONG KILUSANG MASA SA KALUNSURAN.
CROWD CONTROL
AFP
AFP
AFP


SA KANAYUNAN, BINUO ANG MONKEES, SPECIAL FORCES AT BARRIO SELF-DEFENSE UNIT (NA NAGING CIVILIAN HOME DEFENSE FORCES O CHDF NOONG PANAHON NG BATAS MILITAR AT NAGING CITIZEN'S ARMED FORCES GEOGRAPHICAL UNITS O CAFGU NGAYON). MINANMANAN, DINAKIP AT PINATAY NG MGA ITO ANG MARAMING PINAGSUSUSPETSAHANG KASAPI NG PARTIDO, MGA PULANG MANDIRIGMA AT AKTIBISTANG MASA. NILIGALIG ANG MASANG MAGBUBUKID UPANG PIGILIN ANG PAGLAHOK NILA SA REBOLUSYON.



ANG MGA BASENG MILITAR NG U.S. SA PILIPINAS, LALUNA ANG CLARK AIR BASE AT SUBIC NAVAL BASE SA KANLURANG GITNANG LUZON, ANG GINAWANG HIMPILAN NG IMPERYALISMONG U.S. SA PAMBOBOMBA'T PANGANGANYON SA MGA MAMAMAYAN AT SAKAHAN SA INDOTSINA. GINAGAMIT DIN ITONG IMBAKAN NG MGA SANDATANG NUKLEYAR AT MIKROBYO'T KEMIKAL PARA PAGHANDAAN ANG ISANG PANIBAGONG GERA NG MGA IMPERYALISTA. DAHIL DITO, NANGANIB ANG KALIGTASAN NG MILYUN-MILYONG MAMAMAYANG PILIPINO.
U.S. AIR FORCE
DANGER
RADIOACTIVE
ANG MGA BASE'Y GINAGAWA RING PUSALITAN NG NARKOTIKO AT MGA PRODUKTONG "PX" NA INIIMPORT NANG WALANG BINABAYARANG BUWIS. BUKOD DITO, ANG MGA ITO'Y NAGSISILBING PUGAD NG PROSTITUSYON PARA SA MGA UPISYAL AT SUNDALONG AMERIKANO.
HIGH N
MOONGATE
KASABAY NITO, LUMAGANAP SA PALIGID NG MGA BASE ANG PAMAMASLANG AT PANGGAGAHASA SA MGA PILIPINO NG MGA TAUHANG-MILITAR NG U.S.


BUMILIS ANG PAGSULONG NG PAMBANSA-DEMOKRATIKONG REBOLUSYON. SA SUNUD-SUNOD NA MARTSA'T RALI, TINULIGSA NG MAMAMAYAN ANG PAKIKISANGKOT NG REHIMENG MARCOS SA PANANALAKAY NG U.S. SA INDOTSINA. NOONG OKTUBRE 23-24,1966, LIBU-LIBONG MAMAMAYANG PINANGUNGUNAHAN NG KABATAANG MAKABAYAN ANG NAGDEMONSTRASYON SA HARAPAN NG MANILA HOTEL PARA BATIKUSIN ANG PULONG NG PUNONG IMPERYALISTANG SI LYNDON JOHNSON NG U.S. AT MGA PAPET NA ASYANO.
TUTULAN ANG
PANANALAKAY
E.U. SA BIYETN
MAKIISA
SA
AMAMAYANG
INDOTSINO!



PAWALANG-BISA ANG MGA
DI PANTAY NA KASUNDUAN
MANTLE U.S. LITARY BASES!
ABROGATE
ISINIWALAT SA MALALAKING DEMONSTRASYON AT MGA PULONG-PAG-AARAL ANG PAKANANG IBIGAY SA MGA NEGOSYANTE'T KORPORASYONG AMERIKANO ANG "NATIONAL TREATMENT" O KARAPATANG KAPAREHO NG SA MGA PILIPINO SA PAGNENEGOSYO SA PILIPINAS. TINULIGSA ANG PANG-AABUSO AT PAGPATAY SA MGA PILIPINO NG MGA AMERIKANONG TAUHAN NG MGA BASENG MILITAR AT ANG PAKIKIALAM NG MGA PUNDASYONG AMERIKANO SA MGA UNIBERSIDAD.
OPPOSE
AMERICANIZATION
OF
SCHOOLS!


BETTER SCHOOL FACILITI
RAISE TEACHERS' PAY
TUTULAN ANG KOLONYAL NA EDUKASYON
NOONG 1969, SUMIKLAB ANG MGA BOYKOT, WELGA AT IBA PANG PAGKILOS NG LIBU-LIBONG ESTUDYANTE AT TITSER NA NAGPROTESTA SA UMIIRAL NA SISTEMA NG EDUKASYON. NAGDAOS SILA NG MALALAKING PULONG-PAG-AARAL SA MGA TUNAY NA UGAT NG KAHIRAPAN NG BAYAN, NAGMARTSA'T NAGPIKET SA MGA KAMPUS MAGING SA MALAKANYANG.
SINALUBONG NG MGA ANTI-IMPERYALISTANG DEMONSTRASYON SI PRESIDENTE NIXON NG U.S. NANG DUMATING SIYA SA PILIPINAS NOONG 1969. GANOON DIN ANG NANGYARI NANG PUMARITO ANG KANYANG BISE-PRESIDENTENG SI AGNEW NOONG DISYEMBRE NG TAON DING IYON.
MARCOS-TUTA NG IMPERYALISMONG E.
MANGGAGAWA, MAGSASAKA, MAG-AARAL, MAGKAISA!
PARAMI NANG PARAMING AKTIBISTANG MANGGAGAWA'T INTELEKTWAL ANG NAGTUNGO SA KANAYUNAN PARA TUMULONG SA PAGPUKAW, PAG-OORGANISA'T PAGPAPAKILOS SA MGA MAGSASAKA PARA SA REBOLUSYON. NOONG ELEKSYON NG 1969, SINUPORTAHAN NG IMPERYALISMONG U.S. SI MARCOS LABAN KAY SERGIO OSMENA JR. DAHIL MAS GUSTO NITO ANG ISANG PAPET NA NAKAPAGPAPANGGAP NA MAKABAYAN HABANG GINAGAMIT ANG PASISTANG MILITAR SA PANUNUPIL SA NAKIKIBAKANG MAMAMAYAN.

PINAUNLAD NG IMPERYALISMONG U.S. ANG PAGPOPROSESO NG MGA EKSPORT NG PILIPINAS AT NG IBA PANG PARTE NG ASYA PARA LALONG MAPAGSAMANTALAHAN ANG MURANG LAKAS-PAGGAWA AT MAIWASAN ANG MATAAS NA PASAHOD SA U.S. NAGTAYO NG MGA PABRIKA NG DAMIT (LEVI'S ATBP), PYESA NG KOTSE (HALIMBAWA, FORD), KAGAMITANG ELEKTRONIKO AT MARAMI PANG IBA. INEEKSPORT SA IBANG MALAKOLONYA SA ASYA ANG MGA PYESANG NIYAYARI SA PILIPINAS AT INIIMPORT ANG MGA NIYAYARI SA MGA MALAKOLONYANG ITO PARA IASEMBOL NAMAN DITO.




ALINSUNOD SA BATAS NA PANGGANYAK SA PAG-EEKSPORT, PINAHINTULUTAN ANG MGA DAYUHANG KAPITALISTA NA 100 PORSYENTONG ARIIN ANG GANITONG KLASENG MGA EMPRESA. SA UTOS NG WORLD BANK ITINATAG NG PAPET NA REHIMENG MARCOS ANG MGA "SONA SA PAGPOPROSESO NG MGA PRODUKTONG PANG-EKSPORT", TULAD NG BATAAN EXPORT PROCESSING ZONE. INILIBRE SA HALOS LAHAT NG BUWIS ANG MGA KUMPANYANG ITINATAYO SA MGA SONANG GANITO AT PINABABA NANG HUSTO ANG KANILANG UPA SA LUPA.



SINAMANTALA NG IMPERYALISMONG U.S. ANG PAGKAKALUBOG NG PILIPINAS SA P8-BILYON UTANG SA MGA DAYUHANG BANGKO NOONG 1970. BILANG KUNDISYON PARA IPAGPALIBAN ANG PAGBABAYAD NG UTANG AT PARA MULING MAKAPANGUTANG SA MGA BANGKONG DAYUHAN, INUTUSAN NG IMF ANG GUBYERNONG MARCOS NA IBABA ANG HALAGA NG PISO. KAYA'T AYON SA PAKANANG *FLOATING RATE*, ANG DATING P3.90 NA KATUMBAS NG ISANG DOLYAR AY "PINALUTANG" SA P6-P8 KAPALIT NG BAWAT DOLYAR.





DAHIL DITO, BIGLANG DUMOBLE ANG HALAGA NG UTANG NG REHIMENG MARCOS AT MGA NEGOSYANTENG PILIPINO SA MGA BANGKONG DAYUHAN. DUMOBLE ANG PRESYO NG MGA BILIHING INIIMPORT MULA SA U.S. AT LALONG NAGHIRAP ANG MAMAMAYAN.




BILANG DAGDAG NA KUNDISYON SA MGA PAUTANG, INATASAN NG IMF ANG PAPET NA REHIMEN NA IPAKO ANG SAHOD NG MGA MANGGAGAWA AT LUBUSANG IBUKAS ANG PILIPINAS SA MGA YARING PRODUKTO MULA SA IBAYONG-DAGAT.




NOONG 1970, DUMATING SA RUROK ANG MGA MILITANTENG PROTESTA NG DEKADA 1960. UMAPAW SA MGA KALSADA AT PLASA SA KAMAYNILAAN ANG MGA DEMONSTRASYON NG 50,000 HANGGANG 100,000 MAMAMAYAN LABAN SA IMPERYALISMONG U.S., PYUDALISMO AT BURUKRATANG KAPITALISMO. NAGSIMULA ANG SIGWA NG UNANG KWARTO NG 1970 NANG MAGRALI NOONG 30-31 ENERO SA KONGRESO'T MALAKANYANG.




ANG "MAPAYAPANG REBOLUSYON" NA ISINISIGAW NG MGA REPORMISTA AY NALUNOD NG ISLOGANG "MATAGALANG DIGMANG BAYAN" BILANG SAGOT SA PAPAIGTING NA PASISMO. SA SIGWA NG UNANG KWARTO, LUMITAW ANG MARAMING MAKABAYAN AT DEMOKRATIKONG SAMAHAN NG MGA MANGGAGAWA, MAGSASAKA, KABATAAN, ESTUDYANTE, PROPESYUNAL AT IBA PA.







SA GITNA NG TERORISMO NG PANGKATING U.S.-MARCOS, NAMUKADKAD ANG PAMBANSA, SYENTIPIKO AT PANGMASANG KULTURA, LALUNA SA HANAY NG MASANG ANAKPAWIS. NILINAW NITO NA ANG IMPERYALISMONG U.S., PYUDALISMO AT BURUKRATANG KAPITALISMO ANG UGAT NG KAHIRAPAN AT PAGKABUSABOS NG BAYAN. NILINAW DIN NA NASA DEMOKRATIKONG REBOLUSYONG BAYAN ANG SOLUSYON SA MGA PROBLEMANG ITO. SA MGA MILITANTENG PAMAMAHAYAG AT PAGTATANGHAL NG MGA AWIT, TULA AT DULA, IPINAKITA NA ANG MASANG PILIPINO ANG SIYANG TUNAY NA BAYANI AT TAGAPAGLIKHA NG KASAYSAYAN. INILARAWAN NG REBOLUSYONARYONG SINING AT PANITIKAN ANG PAGHIHIRAP AT MAGITING NA PAKIKIBAKA NG MASA.






GINARANTIYAHAN NG MGA IMPERYALISTANG KUMPANYA SA LANGIS ANG MGA UTANG NG BANGKRAP NA GUBYERNO. BILANG KAPALIT, PINAYAGAN ANG MGA NASABING KUMPANYA NA MAGTAAS NG PRESYO NG KANILANG MGA PRODUKTO. SA PAGTAAS NG PRESYO NG GASOLINA AT LANGIS NA KAILANGAN SA PAGPAPAANDAR NG MGA MAKINA, GENERATOR, SASAKYAN AT PUGON AT PINAGKUKUNAN NG ABONO, PESTISIDYO AT ASPALTO, TUMAAS ANG PRESYO NG LAHAT NG BILIHIN.
Shellane


MULA PA NOONG DEKADA 1930, NAGSASABWATAN NA ANG MGA IMPERYALISTANG ITO SA PAGTATAKDA NG LABIS-LABIS NA PRESYO NG LANGIS. UMAABOT SA 30% ANG PATONG SA KARANIWANG PRESYO NITO. BUKOD DITO, NAGKAKAMAL SILA NG SOBRA-SOBRANG GANANSYA SA PAGMAMAY-ARI'T PAGKONTROL SA MGA MINAHAN NG PETROLYO, MGA BARKO, REPINERYA AT PAGBEBENTA.


SA KABILA NITO, PINALILITAW PA NILANG SILA'Y NALULUGI, NANG SA GAYO'Y MAPATAAS PA ANG KANILANG PRESYO AT GANANSYA. TUMATAGA RIN ANG PAPET NA REHIMEN NG BILYUN-BILYONG PISONG BUWIS SA MGA PRODUKTO NG LANGIS NA DAGDAG NA PATONG PA SA PRESYO NITO.
Net Income


IPINATAWAG NG IMPERYALISMONG U.S. ANG KUMBENSYONG KONSTITUSYONAL NOONG 1971 PARA LOKOHIN AT ILIGAW ANG MASA AT IPAGPATULOY ANG IMPERYALISTANG PAGSASAMANTALA AT PAGHAHARI SA KANILA. ANG KUMBENSYON AY KINONTROL NG MGA DELEGADO NG MALALAKING BURGESYANG KUMPRADOR AT PANGINOONG MAYLUPA TULAD NINA MACAPAGAL AT MANGLAPUS.
IBINANDERA NG GRUPONG MANGLAPUS ANG MAPANLINLANG NA MGA IDEYA TULAD NG "KAPITALISMONG BAYAN" AT "PARTIHAN SA GANANSYA". AYON DITO, ANG MGA MANGGAGAWA'Y MAARI RAW MAGING KASOSYO NG MGA KAPITALISTANG DAYUHAN. PERO ANG GUSTO LAMANG NG MGA REPORMISTA AY MAGAMIT NG MALALAKING KAPITALISTA ANG PERA NG MGA MANGGAGAWA PARA MADAGDAGAN PA ANG KANILANG KAPITAL AT MAPIGIL DIN ANG MGA WELGA.
SINUHULAN NG PANGKATING MARCOS ANG MARAMING DELEGADO PARA MAKONTROL ANG KUMBENSYON.


NAYANIG ANG MGA NAGHAHARING URI SA MALAWAKANG KILUSANG WELGA NG MGA MANGGAGAWA NOONG 1971. SUMIKLAB ANG MGA MILITANTENG WELGA SA MGA PABRIKA, RESTAWRAN, HOTEL, DEPARTMENT STORE, KUMPANYA SA SEGURO'T PAGKUKWENTA, PRIBADONG ESKWELAHAN AT MAGING SA EMBAHADANG U.S. AT CLARK AIR BASE.
CLARK AIR
STRIKE!
ANG MGA BASE MILITAR NG E.U. SA PILIPINAS!
MANGGAGAWA AT IBA PANG API MAGKAISA!
NAGSIPAGWELGA RIN ANG MGA MANGGAGAWA SA MGA TUBUHAN AT NIYUGAN SA IBA'T IBANG REHIYON.
SAHOD, ITAAS!
Mobil
PAMBANSANG SAMAHAN NG MAKABAYANG TSUPER
IBABA ANG PRESYO NG LANGIS
ISABANSA ANG INDUSTRIYA NG LANGIS!
PARA TUTULAN ANG WALANG-TIGIL NA PAGTAAS SA PRESYO NG LANGIS, NAGBUNSOD ANG MGA TSUPER AT MANGGAGAWA SA TRANSPORTASYON NG PANGKALAHATANG WELGA SA IBA'T IBANG DAKO NG KAPULUAN. NANAWAGAN ANG MGA MAKABAYANG SAMAHANG MANGGAGAWA NA KUMPISKAHIN ANG MGA ARI-ARIANG IMPERYALISTA SA PILIPINAS.


NOONG MGA TAONG 1970-72, NAGKAROON NG MALAKING BAHA AT TAGTUYOT DULOT NG PAGKALBO NG MGA IMPERYALISTA'T PANGINOONG MAYLUPA SA MAHIGIT LIMANG MILYONG EKTARYA NG KAGUBATAN SA PILIPINAS. SA GITNANG LUZON LAMANG, MAHIGIT NANG 100,000 EKTARYA NG KAGUBATAN ANG NAHAWAN PARA MAITAYO AT MAPALAWAK ANG MGA BASENG MILITAR NG U.S.


ANG PAGKALBO SA MGA GUBAT SA RIZAL, LAGUNA AT QUEZON AY BAHAGI NG PREPARASYON NG KAAWAY LABAN SA PAGKALAT NG PAKIKIDIGMANG GERILYA SA PALIGID NG KAMAYNILAAN. KASABAY NITO, DAAN-DAANG LIBONG EKTARYANG KAGUBATAN ANG KINAKALBO TAUN-TAON NG MGA DAYUHANG KUMPANYANG NAGTOTROSO'T NAGMIMINA.


HINDI TULOY MAPIGILAN ANG PAGRAGASA NG TUBIG-ULAN SA KAPATAGAN AT NABABARAHAN NG NATATANGAY NA SUKAL AT LUPA ANG MGA ILOG AT DAM. MARAMING TAO ANG NAMATAY SA MGA BAHANG ITO AT NASIRA ANG MGA PANANIM. BUKOD SA BAHA, NILALASON ANG MGA SAKAHAN NG DUMING ITINATAPON NG MGA KUMPANYANG IMPERYALISTA SA MGA ILOG.

IBINANDERA NG GUBYERNONG U.S.-MARCOS ANG DIUMANO'Y "MAPAYAPANG REBOLUSYONG MULA SA GITNA" (MULA KAY MARCOS) NGUNIT BUONG BANGIS NITONG DINAHAS ANG REBOLUSYONARYONG MAMAMAYAN. INARESTO, KINIDNAP AT PINATAY NG PAPET NA MILITAR ANG MGA LUMALABANG LIDER-MANGGAGAWA AT KABATAANG ESTUDYANTE SA KALUNSURAN. NAGMASAKER DIN ITO NG MGA SIBILYAN TULAD NG GINAWA SA MGA DEMONSTRADOR NOONG ENERO 13 AT MAYO 1, 1971.



PARA IPAGTANGGOL ANG PAGHAHARI NG MGA IMPERYALISTA AT PANGINOONG MAYLUPA, NAGING PATAKARAN NG REHIMENG U.S.-MARCOS NA "SUGPUIN HABANG MAAGA PA" ANG PARTIDO KOMUNISTA NG PILIPINAS AT ANG BAGONG HUKBONG BAYAN. HINDI PA MAN PORMAL NA IDINEDEKLARA ANG BATAS MILITAR, IKINULONG NANG WALANG TANING, TINORTYUR AT PINAGPAPATAY ANG MARAMING MAGSASAKA AT IBA PANG TAONG PINAGSUSPETSAHANG MYEMBRO O TUMUTULONG SA BHB.




SA MINDANAO, MINASAKER NG GUBYERNONG U.S.-MARCOS ANG DI KUKULANGIN SA 3,000 MORO AT SETLER MULA SA LUZON AT VISAYAS PARA LALONG MAKAPANGAMKAM ANG MGA IMPERYALISTA AT PANGINOONG MAYLUPA NG LUPAIN, TROSOHAN AT MINAHAN. KABILANG SA PINATAY NG MGA PASISTANG SUNDALO'T MAMAMATAY-TAONG PC-"ILAGA" ANG 79 NA MAMAMAYANG NAGSISIMBA SA MASJID (MOSKE) AT SAMPUNG MAMAMAYAN SA ESKWELAHAN NG CARMEN, COTABATO; 61 BOTANTE SA KAUSWAGAN, LANAO DEL NORTE; AT 67 MORO SA KISOLUN, BUKIDNON.
MARAMING BARYO SA SULU AT COTABATO ANG PINAULANAN NG BALA AT PULBOS NA LASON. GINABAYAN NG JUSMAG ANG PAPET NA MILITAR SA MGA AKSYONG ITO.
PARA ILAYO SA MGA MANDIRIGMANG MORO, PINALIKAS ANG MAHIGIT ISANG MILYONG MAMAMAYAN MULA SA KANILANG MGA KOMUNIDAD AT ITINIRA SA MGA KAMPONG KULUNGAN.


BILANG PAGHAHANDA SA DIREKTANG PAGHAHARING MILITAR, PINAG-IBAYO NG PANGKATING U.S.- MARÇOS ANG MILITARISASYON SA GUBYERNO, ALINSUNOD SA "DOKTRINANG NIXON". PINALAKI DI LAMANG ANG BADYET NG REHIMEN SA PANUNUPIL SA MASA, KUNDI PATI ANG "TULONG" NG U.S. SA AFP.
ARMY
SA FORT BONIFACIO, SINANAY NG CIA, JUSMAG AT USAID ANG MGA UPISYAL NG AFP SA "KONTRA-INSUREKSYON" AT PANLOLOKO SA TAUMBAYAN.
INILAGAY SA MATATAAS NA PUSISYON SA BURUKRASYANG SIBIL AT SA MILITAR, ANG MGA AKTIBO AT RETIRADONG UPISYAL-MILITAR NA KILALANG TAPAT KAY MARCOS, AT ITINAAS ANG RANGGO NG MGA NAMUNO SA MGA MASAKER SA MINDANAO AT IBA PANG LUGAR.
POST · OFFICE · BVILDING
PARA LALONG MAPAHIGPIT ANG HAWAK NITO SA AFP, HINAYAAN NG REHIMEN ANG MGA HENERAL NA MANGURAKOT SA GUBYERNO AT MAKIPAGSABWATAN SA MGA SINDIKATO SA PANGINGIKIL SA TAUMBAYAN.


UMIGTING ANG HIDWAAN SA HANAY NG MGA REAKSYUNARYONG NAGHAHARING URI AT MABILIS NAMANG SUMULONG ANG REBOLUSYONARYONG KILUSAN. SA HARAP NITO, NAGPAKANA ANG PANGKATING U.S.-MARCOS NG MGA DESPERADONG PANANAKOT AT INTRIGA LABAN SA OPOSISYON AT LALUNA SA PARTIDO KOMUNISTA. NOONG AGOSTO 21, 1971, HINAGISAN NG GRANADA NG PAPET NA MILITAR ANG RALI NG PARTIDO LIBERAL SA PLAZA MIRANDA SA MAYNILA. NAMATAY ANG ILANG TAO AT NASUGATAN NANG MALUBHA ANG MARAMING IBA PA.
AGAD IBININTANG NI MARCOS SA PARTIDO KOMUNISTA ANG MASAKER NA ITO. GINAWA NIYA ITONG DAHILAN PARA SUSPINDIHIN ANG KASULATANG HABEAS CORPUS. GARANTIYA ANG KASULATANG ITO LABAN SA MATAGALANG PAGKABILANGGO NINUMAN NANG WALANG PORMAL NA HABLA.
IKINULONG ANG MARAMING MANGGAGAWA, MAGSASAKA, KABATAAN AT PROPESYUNAL. PINABOMBA RIN NG PANGKATIN ANG MARAMING LUGAR AT IPINARATANG ITO SA PAMBANSA-DEMOKRATIKONG KILUSAN. SA HARAP NG PANUNUPIL NA ITO, BUONG SIGLANG IWINAGAYWAY NG MAMAMAYAN ANG PULANG BANDILA NG MILITANTENG PAKIKIBAKA.

SA UTOS NG IMPERYALISMONG U.S., PORMAL NA IDINEKLARA NG PASISTANG PAPET NA SI MARCOS ANG BATAS MILITAR NOONG SETYEMBRE 21, 1972. SINOLO NG PANGKATING U.S.-MARCOS ANG KAPANGYARIHAN AT NAGHARI SA MAMAMAYANG PILIPINO SA PAMAMAGITAN NG GARAPALANG TERORISMO. DESPERADONG TANGKA ITO NA DURUGIN ANG REBOLUSYONARYONG KILUSAN AT PATAGALIN ANG BUHAY NG IMPERYALISMONG U.S., PYUDALISMO AT BURUKRATANG KAPITALISMO SA PILIPINAS. IBINANDERA RIN NG PANGKATIN ANG PALABAS NA "BAGONG LIPUNAN" NADILI'T IBA KUNDI ANG LUMANG LIPUNAN NA BINANSAGAN NG PINABANGONG PANGALAN.



BILANG BAHAGI NG PAKANANG PIGILIN ANG REBOLUSYON AT LALONG PAGSAMANTALAHAN ANG MASA, BUONG LUPIT NA SINUPIL NG DIKTADURANG US-MARCOS ANG MGA DEMOKRATIKONG KARAPATAN NG BAYAN. NAGPATUPAD ITO NG MGA "PAGSOSONA" SA MARAMING KOMUNIDAD AT NAGLAGAY NG MGA "CHECKPOINT" SA MGA DAAN.






SA TANGKANG KUNAN NG IMPORMASYON ANG MGA BILANGGONG PULITIKAL, MADALAS NA SILA'Y KINUKURYENTE, BINABARTOLINA AT NILALAPATAN NG SARISARING TORTYUR SA MGA KAMPO AT LIHIM NA BAHAY-BUGBUGAN NG PAPET NA MILITAR.



SA KANAYUNAN, LAGANAP DIN ANG LIHIM NA PAGPATAY NG PASISTANG MILITAR SA MGA HINUHULI'T PINAGSUSUSPETSAHANG REBOLUSYONARYO.





PARA IPAGTANGGOL ANG SOBRA-SOBRANG GANANSYA NG MGA IMPERYALISTA AT AKITIN ANG DAGDAG NA DAYUHANG KAPITAL, IPINAGBAWAL NG PASISTANG DIKTADURA ANG MGA WELGA AT PROTESTA NG MASA.
WELGA!
IPAGLABAN ANG MGA DEMOKRATIKONG KARAPATAN!
HINAYAAN NG DIKTADURA NA HAKUTIN ANG LANGIS, NIKEL, KOBALT, KROMO, GINTO AT ALUMINYO NG PILIPINAS, AT ITAYO RITO ANG MGA PLANTANG IPINAGBABAWAL SA U.S. AT JAPAN DAHIL SA PINSALANG DULOT NG MGA ITO SA TAO AT KALIKASAN. KABILANG SA MGA ITO ANG PLANTA NG WESTINGHOUSE (NUKLEYAR) AT KAWASAKI (ASERO).
PINARAMI ANG "EXPORT PROCESSING ZONES" AT LALONG INILIBRE O DINISKWENTUHAN SA BUWIS ANG MGA KORPORASYONG IMPERYALISTA. BILYUN-BILYONG PISO ANG NAIDAGDAG SA TUBO NG MGA ITO TAUNTAON.


HINAYAAN NG DIKTADURA ANG MALALAKING KAPITALISTA NA MAGTANGGAL NG MGA REGULAR NA MANGGAGAWA AT KUMUHA NA LAMANG NG MGA "APRENTIS", "HOMEWORKER" AT "KONTRAKWAL" NA MANGGAGAWA PARA MAKATIPID SA PASAHOD.
MAAARING BAYARAN ANG MGA ITO NG KASIMBABA NG DALAWANG-KATLO (2/3) NG LIGAL NA MINIMUM NA SAHOD.
CASHIER
HINAYAAN NG DIKTADURA ANG PAGPAPATAAS PA NG KOTA SA PRODUKSYON AT PAGDARAGDAG SA SAPILITANG OBERTAYM NG MGA MANGGAGAWA.
ANG MGA MILITANTENG UNYONISTA AT NAGWEWELGANG MANGGAGAWA O SINUPAMANG MAPAG-INITAN AY MAARING SUSPINDIHIN NG KUMPANYA NANG WALANG KATWIRANG KAILANGANG IHARAP AT PATUNAYAN (PREVENTIVE SUSPENSION).


SINUNOD NG DIKTADURA ANG BILIN NG IMPERYALISTANG WORLD BANK NA HIGIT NA SUPORTAHAN ANG MGA ESKWELAHANG AGRIKULTURAL, PANGNEGOSYO AT BOKASYUNAL. PANIYAK ITO NG MGA MONOPOLYONG KAPITALISTA NA MAY SAPAT NA DAMI NG MGA TEKNISYAN AT KATULONG NA MANIDYER PARA SA KANILANG MGA EMPRESA.



SA MGA ESKWELAHAN, ISINASAKSAK NG DIKTADURA SA ISIP NG MGA BATA ANG MGA KASINUNGALINGAN TUNGKOL SA "KAUNLARAN", "PAGKAKAPANTAY-PANTAY", "PAGPANIG NG GUBYERNO SA MAHIHIRAP", "REPORMA SA LUPA" AT "DEMOKRASYA" NG "BAGONG LIPUNAN".




PARA PALAGANAPIN ANG PROPAGANDANG MAKA-IMPERYALISTA, MARAMIHANG NAG-IMPORT NG MGA PELIKULA, PALABAS SA TELEBISYON, PLAKA AT BABASAHIN MULA SA U.S. IKINALAT NG MGA ITO ANG KASINUNGALINGAN NA ANG PRINSIPAL NA PROBLEMA NG MAMAMAYAN AY ANG "SOBRANG POPULASYON", "KATAMARAN", "KAWALANG-KASANAYAN SA TRABAHO" AT "MALING PAGKAIN".




HINIKAYAT ANG MGA DAYUHANG KORPORASYON NA MAGTATAG AT MAGMAY-ARI NG MALALAWAK NA PALAYAN, KAPIHAN AT IBA PANG TIPO NG ASYENDA. HABANG INILULUWAS AT PINAGTUTUBUAN NG DIKTADURA ANG MARAMING BIGAS, PRUTAS, ISDA AT IBA PANG PAGKAIN NA PANG-EKSPORT, ANG NAKARARAMING MAMAMAYANG PILIPINO AY NAGUGUTOM AT KINUKULANG NG SUSTANSYA SA KATAWAN.
CORPORATE FARM OF BANCOM



SA MGA TRATADO NG PILIPINAS SA U.S., JAPAN AT IBA PANG BAYANG IMPERYALISTA, GARANTISADONG MABABA O KAYA'Y WALA SILANG BABAYARANG BUWIS SA KALAKALAN. KASABWAT NG MGA IMPERYALISTA AT NG MALALAKING BURGESYANG KUMPRADOR ANG DIKTADURA PARA TIYAKING LUMAKI PA ANG GANANSYA NILA SA DI PANTAY NA KOMERSYO.


SA LARANGAN NAMAN NG MILITAR, GINARANTYAHAN NG MGA PAGBABAGO SA KASUNDUAN SA MGA BASENG MILITAR NG U.S. ANG PATULOY NA KONTROL NG U.S. SA MGA BASE AT PAGGAMIT NG MGA ITO PARA SALAKAYIN ANG MGA MAMAMAYAN SA PILIPINAS AT IBA PANG BAYAN.
CLARK AIR BASE
TINIYAK DIN NG KASUNDUANG ITO NA BIBIGYAN NG UNITED STATES ANG DIKTADURA NG DAAN-DAANG MILYONG DOLYAR PARA SUPILIN ANG REBOLUSYON AT PANATILIHIN ANG KASALUKUYANG BULOK NA LIPUNAN.
NAGTATAG NG MGA SIKRETONG INSTALASYONG MILITAR SA IBA'T IBANG PARTE NG KAPULUAN PARA PANATILIHIN ANG PILIPINAS BILANG SENTRO NG ARMADONG LAKAS NG U.S. SA TIMOG-SILANGAN ASYA AT SA MGA KARAGATANG PASIPIKO AT INDYAN.
PINAKILOS ANG MGA "TAGAPAYONG" AMERIKANO AT HUKBONG PANG-HIMPAPAWID NG U.S. SA MGA OPERASYON NG DIKTADURA LABAN SA BHB AT MAKABAYANG KILUSANG MORO.
U.S. AIR FORCE






SAMANTALA, NAPANGIBABAWAN NG REBOLUSYONARYONG KILUSAN ANG MGA PANANALAKAY NG DIKTADURA AT NAANGKUPAN ANG MGA PAGBABAGO SA KALAGAYAN. INILANTAD NITO ANG IMPERYALISMONG U.S. BILANG PASIMUNO AT PRINSIPAL NA NAKIKINABANG SA BATAS MILITAR, AT NANAWAGAN SA MAMAMAYAN NA IBAYONG ISULONG ANG REBOLUSYONARYONG PAKIKIDIGMA.


BILANG PREMYO SA PAGPAPATUTA NG PASISTANG PANGKATING MARCOS, HINAYAAN ITO NG MGA IMPERYALISTA NA MAGPAYAMAN BILANG PINAKAMALAKING PANGINOONG MAYLUPA, BURGESYANG KUMPRADOR AT BURUKRATANG KAPITALISTA. MILYUN-MILYONG DOLYAR ANG ISINUHOL NG MGA KORPORASYONG DAYUHAN SA PANGKATING MARCOS PARA SA MGA KONTRATA AT PRIBILEHIYO.
CERTIFICATE OF STOCKS
SA PAMAMAGITAN NG MGA TAU-TAUHANG TULAD NINA CUENCA AT DISINI, ANG PERANG KINAKAMAL NG PANGKATING MARCOS AY ISINOSYO SA MGA KORPORASYONG DAYUHAN AT SA PAGEEKSPORT AT PAG-IIMPORT NG MGA PRODUKTO. IBINILI RIN ITO NG MGA BANGKO, ASYENDA, TROSOHAN, RANTSO, ASUKARERA, SUBDIBISYON, MALALAKING TINDAHAN AT SARISARING LUHO.
BUKOD SA PAGNANAKAW SA BUWIS NA PINIPIGA SA MAMAMAYAN, NAKIPAGSABWATAN PA RIN ANG PANGKATIN SA MGA SINDIKATONG NANGINGIKIL SA MGA NEGOSYANTE.
Republic Planters Bank
Rustan's
MERALCO
HERDIS GROUP
CDCP
Cellophil
DELTA MOTOR
Daily Express
UNITED DRUG
Allied Bank
United Coconut Planters Bank
Philcomsat
JAI-ALAI
Times Journal
FILSOV
Floating Casino
GMTFM
PNOC
PLDT
GMA
First Holdings Group
KBS
PAL


SA ILANG LUGAR NA MAUNLAD ANG REBOLUSYONARYONG ARMADONG PAKIKIBAKA, PWERSAHANG PINALIKAS NG DIKTADURA ANG MGA MAGSASAKA'T IBA PANG MAMAMAYAN PARA ILAYO SILA SA MGA PULANG MANDIRIGMA. DUMANAS SILA NG MATINDING GUTOM AT SAKIT DAHIL PINILIT SILANG IWAN ANG KANILANG SAKAHAN. WALANG MASILUNGAN AT MAKAIN SA MGA LUGAR NA PINAGTABUYAN SA KANILA.
BINOMBA'T MINASAKER NG PASISTANG MILITAR ANG MGA TUMATANGGING UMALIS SA MGA SAKAHAN AT ANG MGA PINAGSUSUSPETSAHANG MANDIRIGMA O MAY UGNAY SA BHB.
BINASTOS O GINAHASA NG PAPET NA MILITAR ANG KABABAIHAN, KINUMPISKA ANG MGA KALABAW AT ALAGANG HAYOP NG MASA, SINUNOG ANG MARAMING BAHAY AT WINASAK ANG MGA PANANIM.


PARA PALABASIN NA NILILIKIDA NA NG PAPET NA GUBYERNO ANG PYUDALISMO, IDINEKLARA NI MARCOS ANG HUWAD NA REPORMA SA LUPA. TULAD NG SA MGA NAKARAANG "REPORMA SA LUPA", KAILANGANG MAGBAYAD ANG MGA MARALITANG MAGSASAKA SA MGA PANGINOONG MAYLUPA NG NAPAKATAAS NA HALAGA PARA SA LUPA. KAYA NAMAN WALA NI ISANG MARALITA O NAKABABABANG-PANGGITNANG MAGSASAKA NA NAGKALUPA SA PROGRAMANG ITO.
ALINSUNOD NAMAN SA "MASAGANA 99", PINAUTANG NG DIKTADURA ANG MGA MAGSASAKA NG PAMBILI NG NAPAKAMAHAL NA ABONO'T PESTISIDYO NG MGA KORPORASYONG DAYUHAN AT NG PLANTERS PRODUCTS NA KONTROLADO NI MARCOS. IPINAGBABAWAL NA SA IBANG BAYAN ANG MARAMI SA MGA PESTISIDYONG IPINAGBIBILI SA PILIPINAS DAHIL SA MGA SAKIT NA DULOT NITO SA MGA MAGSASAKA AT SA ALAGANG MGA HAYOP.
Planters Products
KAILANGANG BAYARAN NG PALAY NA TINUTURINGAN NANG MABABANG PRESYO ANG UTANG NG MGA MAGSASAKA SA GUBYERNO. MALAKI ANG KINITA NG PASISTANG REHIMEN SA MATAAS NA INTERES SA MGA PAUTANG NA ITO AT SA PAMBABARAT SA PALAY NG MAGSASAKA NA IPINAGBIBILI NAMAN NANG MAHAL NG N.G.A.
NGA



SA UTOS NG IMPERYALISTANG WORLD BANK, PINALAYAS NG DIKTADURA ANG DAAN-DAANG LIBONG MAGSASAKA AT PAMBANSANG MINORYA SA KANILANG MGA SAKAHAN AT LUPANG MINANA PA SA MGA NINUNO.


GUMAWA NG MGA DAM, PLANTA NG KURYENTE AT HAYWEY NA NAGSISILBI SA MGA EMPRESA AT ASYENDA NG MGA MONOPOLYONG KAPITALISTA, MALALAKING BURGESYANG KUMPRADOR AT PANGINOONG MAYLUPA.


NAGSABWATAN ANG MGA KUMPANYANG DAYUHAN, MGA KORPORASYON NG PANGKATING MARCOS AT ANG PAPET NA GUBYERNO PARA PATAASIN ANG PRESYO NG MGA PROYEKTONG ITO AT MAS MAPALAKI ANG DAMBONG NILA. ANG GASTOS SA MGA PROYEKTO AY PINIGA SA MASA SA ANYO NG MGA BUWIS.



INAGAW NG MGA DAYUHANG KORPORASYON, LALUNA NG MGA KORPORASYONG HAPONES, ANG MGA PANGISDAAN SA DAGAT. KASABAY NITO, BINAKURAN NG MGA MALALAKING BURUKRATA AT PANGINOONG MAYLUPA ANG MARAMING LAWA AT HINULI KAHIT NAPAKALILIIT PANG ISDA.


MARAHAS NA ITINABOY NG PAPET NA REHIMEN ANG MGA MARALITA NA NASA KALUNSURAN. INILIPAT SILA SA MGA LUGAR NA MALAYO SA KANILANG LUGAR NG TRABAHO AT WALANG ILAW, TUBIG AT IBA PANG PANGANGAILANGAN.
SA MGA KOMUNIDAD NA NILISAN NILA, ITINAYO ANG MGA "POOK PANG-INDUSTRIYA" PARA SA MGA EMPRESANG DAYUHAN, POOK PANTURISTA AT ANG MALALAKING DAUNGAN, HAYWEY, HOTEL, SUGALAN, SUBDIBISYON AT SHOPPING CENTER.
ON THIS SITE WIL
The Most Luxur
PLEASE ASK FOR YOUR R
PARA KUMITA NG DAGDAG NA DOLYAR, IPINANGHALINA NG DIKTADURA SA MGA TURISTA AT SUNDALONG AMERIKANO ANG MGA PILIPINA NA NAGPUPUTA.
ON STAGE
IBINENTA NANG MURA NG DIKTADURA ANG LAKAS-PAGGAWA NG MGA MANGGAGAWA, TEKNISYAN AT PROPESYUNAL NA PILIPINO SA MGA KORPORASYONG KAPITALISTA SA IBAYONG DAGAT.
UAE
TRABAHO
USA
JAPAN
HONG KONG
PUMILA PO LAMANG
SAUDI ARABIA


PARA SOLOHIN ANG KAPANGYARIHANG PAMPULITIKA AT PANG-EKONOMYA, INIPIT NG PANGKATING MARCOS ANG MGA KARIBAL NITO SA PULITIKA. NILUSAW ANG KONGRESO AT SI MARCOS ANG MAG-ISANG NAGLABAS NG MGA BATAS. BUMUO SIYA NG "BATASANG PAMBANSA" NGUNIT ITO'Y INUTIL NA DEKORASYON LAMANG — TAGAPAG-APRUBA NG MGA BATAS NI MARCOS. ANG KORTE SUPREMA NAMAN AY PINAGBAWALANG TUMUTOL SA MGA BATAS NG DIKTADOR.
BILANG PANAKOT SA LIGAL NA OPOSISYON, HINULI AT IKINULONG NOONG UMPISA NG BATAS MILITAR ANG MGA KARIBAL NA SENADOR, KONGRESISTA AT DELEGADO SA KUMBENSYON KONSTITUSYONAL. DI NAGTAGAL, MULING PINAARESTO NI MARCOS ANG ILAN SA MGA ITO.
SINOLO NG PANGKATING MARCOS ANG PAG-EEKSPORT NG ASUKAL AT INAGAW ANG MALALAKING EMPRESA NG MGA KAKUMPITENSYA NILANG KUMPRADOR, TULAD NG MERALCO AT MARAMING DYARYO'T ISTASYON NG RADYO'T TELEBISYON.
The Manila Times
TALIBA
Daily Mirror


SA GANITONG SITWASYON, LUMITAW ANG BLOKE NG NG MGA REAKSYUNARYONG ANTI-MARCOS. NAKISAKAY SILA SA MILITANTENG KILUSANG MASANG ANTI-DIKTADURA HABANG IPINANAKOT ANG ARMADONG REBOLUSYON. PERO SA IMPERYALISMONG U.S. SILA TUNAY NA NAKASANDIG AT INTERESADO LANG NA PALITAN SA PODER ANG PANGKATING MARCOS.
NAGING MAS MASIGLA ANG PAGKILOS NG MGA PANGGITNANG PWERSA. HUMIGPIT ANG KANILANG UGNAY AT PAKIKIPAGTULUNGAN SA MGA ORGANISASYONG MASANG PAMBANSA-DEMOKRATIKO.
ANG
KOALISYON!

SA PANGUNGUNA NG MGA PILIPINONG AHENTE NG CIA, ANG MGA KLERIKO-PASISTA NA ANG TAWAG SA SARILI'Y MGA SOSYAL-DEMOKRATA O SOCDEM AY NANDAHAS AT NANG-INTRIGA SA REBOLUSYONARYONG KILUSAN. SINASABI NILANG ANG TUNAY NA RELIHIYON DAW AY ANG PAGBAKA SA PARTIDO KOMUNISTA.




MULA 1973, PORMAL NA SUMUKO ANG MGA MAKA-LAVA AT NAKIPAGSABWATAN SA PASISTANG DIKTADURA. AYON SA KANILA, "MAKABAYAN SI MARCOS AT KUMAKATAWAN SA PAMBANSANG BURGESYA NG PILIPINAS KUNG KAYA'T DAPAT SIYANG ITAGUYOD AT ITULAK PARA LALONG LABANAN ANG IMPERYALISMONG U.S.".
PARA ILIHIS ANG MASA SA PAMBANSA-DEMOKRATIKONG REBOLUSYON, PINALALABAS DIN NG MGA MAKA-LAVA NA PINAPAWI NA NG PANGKATING MARCOS ANG PYUDALISMO AT PINAUUNLAD ANG PAMBANSANG KAPITALISMO. MASIGASIG NILANG SINUPORTAHAN ANG HUWAD NA REPORMA SA LUPA, SAMAHANG NAYON AT IBA PANG PANLOLOKO NG DIKTADURA.
BAYARAN ANG MGA UTANG SA GOBYERNO
KASABAY NITO, NANIKTIK ANG MGA MAKA-LAVA PARA SA PASISTANG MILITAR LABAN SA MGA KADRE NG PARTIDO, GERILYA NG HUKBONG BAYAN AT REBOLUSYONARYONG ORGANISASYONG MASA.



NAGSABWATAN ANG IMPERYALISMONG U.S. AT ANG PAPET NA REHIMEN PARA PALITAWING UNTI-UNTING AALISIN ANG PASISTANG BATAS MILITAR. PINAGTIBAY NG DIKTADURA ANG KONSTITUSYONG MARCOS NG 1973, NAGDAOS NG MGA HUWAD NA REPERENDUM, PLEBISITO AT HALALAN. SINIMULAN NOONG 1977 ANG PALABAS NA "NORMALISASYON" AYON SA UTOS NG IMPERYALISMONG U.S.



SADYANG GINAGAMIT NG IMPERYALISMONG U.S. ANG MGA PALABAS NA ELEKSYON PARA PAGKASUNDUIN ANG MGA PANGKATIN SA HANAY NG MGA REAKSYUNARYONG URI.


GARAPALAN NAMANG NANDAYA AT NANAKOT SA MGA ELEKSYON ANG PANGKATING MARCOS PARA MASOLO ANG PODER AT MAIPWERA ANG MGA KARIBAL NILA.


BINUO'T PINAKILOS NG REHIMENG U.S.- MARCOS ANG MGA BARANGAY, SAMAHANG NAYON, AT KILUSANG BAGONG LIPUNAN (KBL) PARA MAGSILBING MASUGID NA TAGAPURI NIYA, PARA MANLOKO AT MANG-ESPIYA SA TAUMBAYAN.
PROJECT OF THE FIRST LADY AND METROMANILA GOV. IMELDA MARCOS
BARANGAY TANOD
BARANGAY TANOD
BARANGAY BRIGADE


# ANG SUMUNOD NA MGA PAPET NA REHIMENG AQUINO AT RAMOS




ANG ASASINASYON KAY BENIGNO AQUINO, JR. NOONG 1983 ANG SANDALING NAGPAALAB SA PINAKAMALAWAK NA POSIBLENG HANAY NG ANTI-PASISTANG PWERSA NA MAGBANGON LABAN SA DESPOTISMONG MARCOS. MULA NOON, KUMILOS ANG ANTI-MARCOS AT ANTI-PASISTANG PAKSYON NG MGA URING REAKSYUNARYO PARA SIRAAN ANG DIKTADURANG MARCOS.
JUSTICE FOR NINOY! JUSTICE FOR ALL VICTIMS OF POLITICAL REPRESSION & MILITARY TERRORISM!
SA WAKAS, NAGING POSIBLENG MAIBAGSAK ANG PASISTANG PANGKATING MARCOS NOONG 1986 DAHIL SA PAKIKIBAKANG ISINAGAWA NG REBOLUSYONARYONG MASA MULA NOONG 1972 AT KAHIT BAGO PA NITO, DAHIL NATAKOT ANG UNITED STATES AT SIMBAHANG KATOLIKO NA ANG PAGTATAGAL NI MARCOS SA KAPANGYARIHAN AY MAGPAPABILIS SA TAGUMPAY NG ARMADONG REBOLUSYON AT DAHIL ANG LAHAT NG MAKABAYAN AT PROGRESIBONG PWERSA AY LUMAHOK SA PAG-AALSA NG MAMAMAYAN NA NAGPROTEKTA AT SUMUPORTA SA MGA PWERSANG MILITAR NA HUMIWALAY SA REHIMEN.

SA PAGBAGSAK NI MARCOS, PANSAMANTALANG NALUTAS ANG KRISIS SA PULITIKA NG NAGHAHARING SISTEMA PERO HINDI NITO NILUTAS ANG KRISIS NG LIPUNANG MALAKOLONYAL AT MALAPYUDAL. ANG IMPERYALISMONG U.S. AY NAGPALIT LAMANG NG PAPET NA MAS EPEKTIBONG MAKAPAGSISILBI SA KANYANG INTERES. PINABURAN NITO SI AQUINO NA NAKALABAN NI MARCOS SA ELEKSYONG "SNAP" AT PINAKAEPEKTIBONG MAKAPANLILINLANG SA MAMAMAYAN HABANG MARAHAS NA PINANANATILI ANG NAGHAHARING SISTEMA.










ITO'Y NAGPOSTURANG DEMOKRATIKO AT NAGSAGAWA NG ILANG KOSMETIKONG PAGBABAGO TULAD NG PAGBABALIK SA PROSESO NG ELEKSYON AT INSTITUSYON NG KONGRESO KUNG SAAN ANG NAGRIRIGODON LAMANG SA PWESTO AY ANG MGA KINATAWAN NG NAGHAHARING URI.





NAGKUNWARING MAKA-MAMAMAYAN ANG REHIMENG AQUINO AT KAALINSABAY AY NAGPATIBAY NG MGA KONTRA-MAMAMAYANG MGA BATAS TULAD NG:
...COMPREHENSIVE AGRARIAN REFORM PROGRAM (CARP) - NA PUNO NG BUTAS AT EKSEMSYON AT NAGPAHIGPIT SA HAWAK NG MGA PANGINOONG MAYLUPA SA MGA LUPAING AGRIKULTURAL;
TITULO
..HERRERA BILL - NA LALO LAMANG SUMIKIL SA KARAPATANG MAG-UNYON AT MAG-WELGA NG MGA MANGGAGAWA AT NAGPAHIRAP NG KANILANG KALAGAYAN SA PAGGAWA;
HERRERA BILL
...AT OMNIBUS INVESTMENTS CODE - NA NAG-ALIS NG LAHAT NG RESTRIKSYON SA LAKI NG PAMUMUHUNANG DAYUHAN SA ANUMANG KLASE NG NEGOSYO SA PILIPINAS BASTA'T PANG-EKSPORT.


ANG REHIMENG AQUINO AY NAGKUNWARING PARA SA KAPAYAPAAN. NAG-ALOK ITO NG REKONSILYASYON AT "USAPAN SA KAPAYAPAAN" PERO TUMANGGI ITONG HARAPIN ANG UGAT NG ARMADONG LABANAN,
NDF
MAXIMUM TOLERANCE
...PINANATILI ANG PASISTANG MGA BATAS NA SUMUSUPIL SA DEMOKRATIKONG KARAPATAN NG MAMAMAYAN AT NAGLUNSAD NG "TOTAL WAR" LABAN SA REBOLUSYONARYONG KILUSAN.
NAGLUNSAD ITO NG MGA OPERASYONG MILITAR NA MAS MALAKI, MALAWAK, MABANGIS AT MAPANIRA KAYSA SA MGA INILUNSAD NG PASISTANG REHIMENG MARCOS.

SA KABILA NG PAULIT-ULIT NA PAGSAMBULAT NG MGA TANGKANG KUDETA SA PANAHON NG KANYANG PAGHAHARI, ANG PANGKATING AQUINO AY NAKAPAGPANATILI SA PODER HANGGANG SA PAGTATAPOS NG KANYANG TERMINO NOONG 1992.




ANG MASUGID NITONG PAGSUNOD SA KAGUSTUHAN NG IMPERYALISMONG U.S., LALUNA ANG PUSPUSAN NITONG PANGANGAMPANYA SA PAGPAPANATILI NG MGA BASE MILITAR, AY SINUKLIAN NG PATULOY NA BASBAS AT SUPORTA NG U.S. SA KANYANG REHIMEN. ANG SUPORTA NG IMPERYALISMONG U.S. ANG NAGING MAPAGPASYA SA KANYANG PANANATILI SA PODER.



## B. ANG REHIMENG RAMOS








KAGAYA NINA MARCOS AT AQUINO, SI RAMOS AY ISANG SUBOK AT TAPAT NA TUTA NG IMPERYALISMONG U.S. WALANG KAHIHIYAN NITONG SINUNOD ANG KAGUSTUHAN NG MGA IMPERYALISTA. BINIGYAN NIYA ANG MGA ITO NG DAGDAG NA KALUWAGAN SA BUWIS, GARANTIYA NG SUPERTUBO AT MALUWAG NA PAGLALABAS NITO SA BAYAN.





HIGIT NIYANG PINALUWAG ANG PAGPASOK SA PILIPINAS NG MGA PRODUKTONG DAYUHAN AT DALI-DALING INAPRUBAHAN ANG GENERAL AGREEMENT ON TARIFFS AND TRADE (GATT) NA LALONG NAGPAHIGPIT SA DOMINASYON NG MGA IMPERYALISTA SA MALILIIT NA BAYANG TULAD NG PILIPINAS.



ANG PAGPAPATUPAD NG GRANDYOSONG PROGRAMANG "PHILIPPINES 2000" NI RAMOS, NA DIUMANO'Y MAG-IINDUSTRIYALISA SA PILIPINAS BAGO SA PAGTATAPOS NG SIGLO AY NAKASALALAY SA GARAPALANG PAGSUNOD NG REHIMEN SA DIKTA NG IMPERYALISMONG U.S. AT HIGIT PANG NAGBUBUKAS SA BAYAN SA PANDARAMBONG NG MGA DAYUHAN.





KASABAY NG KANYANG PANINILBIHAN SA MGA DAYUHANG IMPERYALISTA AT KATUTUBONG NAGHAHARING URING MALAKING BURGESYANG KUMPRADOR AT PANGINOONG MAYLUPA, MATINDING GINIPIT NI RAMOS ANG MAMAMAYANG PILIPINO. KANYANG SINIKIL ANG KARAPATANG MAG-UNYON AT MAGWELGA NG MGA MANGGAGAWA SA BISA NG INAPRUBAHANG HERRERA BILL (RA 6715),


...PINARAMI ANG MGA ESPESYAL NA SONA SA EKONOMYA AT SONA SA PAGPOPROSESO NG EKSPORT NA KANYANG GINARANTIYAHANG WALANG-UNYON AT WALANG-WELGA AT IPINANUKALA ANG PAG-AMYENDA SA LABOR CODE PARA TIYAKIN ANG MAS MURANG LAKAS-PAGGAWA.


WALA NI PAKUNWARING INTERES NA IPINAKITA ANG REHIMEN SA PAGPAPATUPAD NG ILANG ULIT NANG PINALABNAW NA CARL. SA HALIP, BINIGYAN PA NITO ANG MGA DAYUHANG MAMUMUHUNAN NG KARAPATANG UMUPA NG LUPA NANG HANGGANG 75 TAON AT NAGTAYO ITO NG MGA AGRARIAN REFORM COMMUNITIES ( ARCs ) NA NAGSISILBING TUNTUNGAN SA PAG-IWAS SA REPORMA SA LUPA AT PAGPAPAIRAL NG SISTEMANG BUWISAN NA PABOR SA PANGINOONG MAYLUPA.
PRIBADONG PAG-AARI
AGRARIAN REFORM COMMUNITY
PHILIPPINES 2000


BILANG MASUGID NA TAGAPAGTANGGOL NG DAYUHAN AT KATUTUBONG NAGHAHARING INTERES, WALANG PAKUNDANGANG SINUPIL AT SINALAKAY NG REHIMENG RAMOS ANG LUMALABANG MAMAMAYAN. IBAYONG PINAIGTING ANG "TOTAL WAR", PINANATILI ANG MGA MAPANUPIL NA BATAS NG DIKTADURANG MARCOS AT NAGPANUKALA NG MAS MAPANUPIL NA BATAS TULAD NG ANTI-TERRORISM BILL AT NATIONAL REFERENCE CARD SYSTEM. KAALINSABAY, NAGPATUPAD DIN ITO NG MGA PAKANANG PSYWAR UPANG LINLANGIN ANG MAMAMAYAN, PAGHATI-HATIIN ANG MGA REBOLUSYONARYONG PWERSA AT ENGGANYUHIN ANG PAGSUKO.
ANG
GATT!
ANTI-TERRORISM BILL
OPLAN
BALIK-ARMAS


SI RAMOS AY NAGPAKANANG PANATILIHIN ANG SARILI SA PODER NANG LAMPAS SA 1998. AKTIBO AT GARAPALAN NIYANG PINALAKAS ANG SARILING PANGKATIN. KASABAY NITO ANG MGA HAKBANG PARA NYUTRALISAHIN AT PAHINAIN ANG REAKSYUNARYONG MGA KARIBAL SA KAPANGYARIHAN, SA KALAGAYANG LUMILIIT ANG PUWANG SA AKOMODASYON SA PAGITAN NILA. NAGMANIOBRA SIYA PARA AMYENDAHAN ANG KONSTITUSYON AT GAWING PARLAMENTARYO ANG SISTEMA NG GUBYERNO MULA PRESIDENSYAL. KASAMA NG MGA PAKANANG PSYWAR, HINAWAN NG MGA ITO ANG DAAN SA WALANG-BALATKAYONG MONOPOLYO NG PANGKATING RAMOS SA KAPANGYARIHAN.
NO TO IMPERIALIST GLOBALIZATION!
ITAAS ANG SAHOD!
NO TO CHARTER CHANGE!
LABANAN ANG ATAKE
REHIMENG U.S.-RAMOS
KABUHAYAN AT KARAP
NG MAMAMAYAN!

# IX. Ang Pagpapatuloy ng Pakikibaka ng Sambayanang Pilipino sa Ilalim ng Papet na Republika

Ang pagkakaloob ng huwad na kasarinlan at pagkakatatag ng papet na republika noong Hulyo 4, 1946 ay hindi nakapigil sa pakikibaka ng mamamayan para sa tunay na kalayaan at demokrasya. Mula 1946 hanggang 1955, ang pinakamakabuluhang rebolusyonaryong pakikibaka ng mamamayan ay nasa pamumuno ng Partido Komunista.

Muling nabuo at lumawak ang mga organisasyon ng mga manggagawa at magsasaka. Naglunsad ang mga ito ng maraming welga at iba pang pakikibaka laban sa mga dayuhan at lokal na mapagsamantala. Sa maraming pagkakataon, tuwirang nagtutulungan sa pakikibaka ang mga manggagawa at magsasaka.

Kasama ang makabayang mga propesyunal, intelektwal at kilalang personahe, masigasig silang nangampanya laban sa mga di pantay na kasunduan na ipinapataw ng imperyalismong US. Nilabanan din ang pangungurakot at panunupil sa mamamayan ng mga burukarata kapitalista at ang mga abuso ng mga panginoong maylupa.

Nang bumalik ang mga imperyalistang US noong 1945, ang mga kontra-rebolusyonaryong rebisyunistang ahente ng burgesya, sina Lava at Taruc, ay nagmaniobrang dalhin ang Partido sa maling landas ng parlamentaryong pakikibaka at pumayag na bawiin ng imperyalismong US at pyudalismo ang mga lugar na may natamo nang makabuluhang demokratikong tagumpay ang mga manggagawa't magsasaka.

Napakalaking pinsala ang idinulot ng pagbitiw sa armadong pakikibaka at pagkabulid sa parlamentarismo at repormismo at iba pang maling patakaran ng mga Lava at Taruc. Maraming kadre at kasapi ng Partido, pulang mandirigma at mamamayan ang pinaslang at dinakip ng mga sundalo at bayarang maton ng mga naghaharing uri. Hindi mabisang nasagkaan ng rebolusyonaryong kilusan ang mga pakana ng kaaway.



Kahit patagong tumutol sa armadong pakikibaka ang mga Lava at Taruc, nagkaroon ng ispontanyong mga pagtatanggol ang masa laban sa pananalakay ng kaaway. Noong 1948, matatag na iniharap ng mga kadre at kasapi ng Partido at ng rebolusyonaryong masa ang paglulunsad ng armadong pakikibaka. At sa sumunod na taon, lumaganap ang armadong pakikibaka sa Gitnang Luzon at sa mga bahagi ng Timog Luzon.

Sa kabila ng kagitingan ng mga kadre at kasapi ng Partido, mga mandirigma ng hukbong bayan at ng rebolusyonaryong masa, nabigo ang armadong pakikibakang ito. Bunga ito ng mga patakaran ng pamunuang Lava sa madaliang pag-agaw ng kapangyarihan sa loob ng dalawang taon. Pinaigting nang husto ang armadong pakikibaka nang lampas sa kakayahan ng Partido, hukbong bayan at kilusang masa. Patuloy ding sinabotahe ni Luis Taruc ang armadong pakikibaka sa pamamagitan ng kaisipang palasuko, paghingi ng amnestiya sa kaaway at pagsuko noong 1954.

Noong 1955, ipinatupad ni Jesus Lava ang patakarang itigil ang armadong pakikibaka. Nilansag niya ang mga yunit ng hukbong bayan na naimpluwensyahan niya. Nagtago siya sa syudad hanggang noong 1964 nang sumuko siya sa rehimeng Macapagal.

May mga yunit ng hukbong bayan na nagpursigi sa rebolusyonaryong pakikibaka sa Gitnang Luzon. Pero dahil sa kawalan ng wastong pamumuno ng Partido, ang malaking bahagi nito ay nadomina sa kalaunan nina Pedro Taruc at Sumulong. Kinasangkapan nila ito sa pangingikil, pananakot at pangungurakot sa masa.

Nasabotahe ang rebolusyonaryong kilusang masa dahil matagal na nangibabaw sa loob ng lumang Partido Komunista ang kontra-rebolusyonaryong linyang rebisyunista nina Lava at taruc. Hindi lamang nabigong mang-agaw ng kapangyarihan ang lumang Partido Komunista, kundi nabigo rin itong iligtas ang sarili para maipagpatuloy ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka.

Noong huling bahagi ng dekada 1950 at maagang bahagi ng dekada 1960, naging aktibo ang mga pambansang burges sa pamumuno ni Recto. Nagpropaganda sila laban sa pagkontrol ng imperyalismong US sa Pilipinas.

Noong 1961, nagsimula ang muling paglakas ng rebolusyonaryong kilusang masa. Inihudyat ito ng demonstrasyon ng mga kabataan laban sa Komite sa mga Aktibidad na Anti-Pilipino (CAFA) ng papet na Kongreso. Nagtangka ang CAFA na gamitin ang Batas na Anti-Subersyon para pagbawalan ang mga estudyante, guro at mamamayan sa pagpapahayag ng mga adhikain nilang makabayan at demokratiko.

Sa sumunod na mga taon, sumulong ang rebolusyonaryong kilusang masa sa kalunsuran. Lumaganap ang propagandang makabayan. Patuloy na lumaki ang mga demonstrasyong nilalahukan ng mga manggagawa, magsasaka, estudyante at iba pang nagmamahal sa kalayaan ng bayan. Noong 1964, itinayo ang Kabataang Makabayan. Gumanap ito ng mahalagang papel sa pagsusulong ng pakikibaka para sa pambansang kalayaan at demokrasya.

Sa hanay ng mga nagtataguyod sa Marxismo-Leninismo, nagsimula ang pag-aaral sa kasaysayan ng Partido Komunista at ang pagpuna sa mga kamalian ng mga Lava at Taruc.

Sa ilalim ng rehimeng Marcos, ibayong lumakas at lumawak ang rebolusyonaryong kilusan. Libu-libong manggagawa, magsasaka at estudyante ang lumahok sa sunud-sunod na demonstrasyon laban sa:

a) pagsali ng Pilipinas sa pananalakay ng US sa Indotsina

b) pagkontrol ng mga monopolyong US sa ekonomya ng bansa

k) pananatili ng mga base militar ng US at mga kalupitang nagaganap sa mga ito

d) pagpapahigpit ng kontrol ng imperyalismong US sa sistema ng edukasyon ng Pilipinas.

Noong Disyembre 26, 1968, muling itinatag ng dati at bagong mga proletaryong rebolusyonaryo ang Partido Komunista ng Pilipinas sa patnubay ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong. Iniluwal ito ng unang dakilang kilusang pagwawasto na inilunsad isang taon bago muling itatag ang Partido na puspusang pumuna at nagtakwil sa linya ng mga Lava at Taruc. Nilinaw ang wastong linya ng pagsusulong ng demokratikong rebolusyon ng bayan sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan.

Sa sumunod na mga taon, lumakas at lumaganap ang rebolusyonaryong kilusang masa sa buong kapuluan. Naitayo ang iba't ibang organisasyong masa ng mga manggagawa, kabataan, guro, at mga panggitnang pwersa. Noong Marso 29, 1969 itinatag ng Partido ang Bagong Hukbong Bayan at muling pinasigla ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka.

Sa pamumuno ng Partido, binigo ang tangka ng rehimeng Marcos at ng imperyalismong US na sugpuin ang rebolusyonaryong kilusan. Sa kanayunan, patuloy na lumawak ang armadong pakikibaka at lumakas ang hukbong bayan kahit nagtayo ang rehimeng Marcos ng iba't ibang task force at yunit sa "kontra-insureksyon". Sa kalunsuran, patuloy na lumaganap at lumakas ang rebolusyonaryong kilusang masa sa kabila ng marahas na pananalakay ng rehimeng Marcos at pagsuspindi sa kasulatang habeas corpus.

Nang tugunin ng rehimeng Marcos ng pagpapataw ng paghaharing militar ang lumalakas na rebolusyonaryong kilusan, lalo lamang lumawak ang armadong paglaban ng mamamayan."

Subalit lumitaw sa loob ng Partido ang mga sakit ng adbenturismong militar at insureksyunismong lunsod. Nagsimulang malantad ang mga pinsalang dulot nito noong ikalawang hati ng dekada otsenta, kasabay ng unti-unting pagkakalantad ng pinakamasusugid na tagapagtaguyod ng mga nasabing linya na sina Felimon Lagman, Ricardo Reyes, Arturo Tabara at Romulo Kintanar. Noong Disyembre 1988, sinimulan ng mga tapat na proletaryong rebolusyonaryong kadre ang pagwawasto ng mga pagkakamaling ito sa loob ng Partido, hanggang sa maging puspusan, lahatang-panig at sumaklaw sa buong Partido at rebolusyonaryong kilusan. Ito ang ikalawang dakilang kilusang pagwawasto.

Matagumpay na naitakwil ng Partido ang mga kontrarebolusyonaryong taksil, naiwaksi ang masasahol na anyo ng mga paglihis at pagkakamali. Ang Partido ay higit ngayong konsolidado sa ideolohiya, pulitika at organisasyon. Nagpupursige ito sa tamang landas ng demokratikong rebolusyong bayan sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan.


NOONG 1961, NAGDAOS NG IMBESTIGASYON ANG KOMITE (NG REAKSYUNARYONG KONGRESO) SA ANTI-PILIPINONG AKTIBIDAD (CAFA) SA MGA PINAGHIHINALAAN NITONG KASAPI NG PARTIDO SA MGA ESKWELAHAN, PARA SINDAKIN ANG MGA MAKABAYANG ESTUDYANTE AT TITSER. NAGPROTESTA ANG MGA KABATAAN SA ISANG DEMONSTRASYONG BUMULABOG SA SESYON NG CAFA NOONG 14 MARSO 1961. DOON NAGSIMULA ANG KILUSANG PROPAGANDA PARA SA PAMBANSANG DEMOKRASYA.
PROTEST FASCIST SUPPRESSION
SA KALUNSURAN, DUMALUYONG ANG REBOLUSYONARYONG KILUSANG NAGLANTAD AT BUMAKA SA MGA PATAKARAN NG PAPET NA GUBYERNONG MACAPAGAL. NOONG OKTUBRE 2, 1964, NAGDEMONSTRASYON SA TAPAT NG EMBAHADANG U.S. AT MALAKANYANG ANG MAHIGIT 15,000 MANGGAGAWA AT ESTUDYANTE LABAN SA MGA BASENG MILITAR NG U.S. AT "PARITY RIGHTS" NG MGA IMPERYALISTANG AMERIKANO.
IBAGSAK ANG IMPERYALISMO E.U.!
ABOLISH PARITY RIGHTS!
MULA SA HANAY NG MGA PINAKAMILITANTENG DEMONSTRADOR, ITINATAG NOONG NOBYEMBRE 30, 1964 ANG KABATAANG MAKABAYAN (KM). NAGSIMULA ITONG PUMUKAW, MAG-ORGANISA AT MAGPAKILOS NG MGA KABATAANG PILIPINO PARA SA PAMBANSANG DEMOKRASYA. HINIKAYAT DIN NITO ANG MGA KABATAAN NA MAKISALAMUHA'T MAKIPAGKAPIT-BISIG SA MGA ANAKPAWIS NA PILIPINO AT MGA REBOLUSYONARYONG MAMAMAYAN SA IBANG MGA BAYAN.


NOONG DISYEMBRE 26, 1968, MULING ITINATAG ANG PARTIDO KOMUNISTA NG PILIPINAS MAKARAAN ANG ILANG TAONG PAMUMUNA'T PAGPUNA-SA-SARILI NG MGA DATIHAN AT BATANG PROLETARYONG REBOLUSYONARYO. MULI ITONG BINUO BATAY SA MARXISMO-LENINISMO-MAOISMO, ANG WASTO AT PINAKAMALINAW NA PAGLALAPAT NG MARXISMO SA PAGREREBOLUSYON NG URING MANGGAGAWA, LALUNA SA ISANG LIPUNANG MALAKOLONYAL AT MALAPYUDAL. PINUNA'T ITINAKWIL NITO ANG MALING PAMUMUNO NG MGA LAVA'T TARUC NA TUMALIKOD SA MARXISMO-LENINISMO AT SA PAMBANSA-DEMOKRATIKONG REBOLUSYON. ALINSUNOD SA PROGRAMA NG DEMOKRATIKONG REBOLUSYONG BAYAN, NA PINAGTIBAY NG KONGRESO NG MULING PAGTATATAG, NANAWAGAN ANG PARTIDO SA SAMBAYANANG PILIPINO NA IBAGSAK ANG IMPERYALISMONG U.S., PYUDALISMO AT BURUKRATANG KAPITALISMO, AT KAMTIN ANG PAMBANSANG DEMOKRASYA. MAGMULA NOON, KINATAWAN NA NG PARTIDO ANG WASTO AT MATATAG NA LIDERATO NG URING MANGGAGAWA SA REBOLUSYONARYONG ARMADONG PAKIKIBAKA AT SA NAGKAKAISANG HANAY NG MGA MAKABAYAN AT DEMOKRATIKONG PWERSA.



BINUO NG PARTIDO ANG BAGONG HUKBONG BAYAN NOONG MARSO 29, 1969. ITINAKWIL NG MGA PULANG KUMANDER AT MANDIRIGMA ANG MGA KONTRA-MAMAMAYANG KILOS NG MGA LAVA AT PANGKATING TARUC-SUMULONG. ITINAGUYOD NG PARTIDO AT BHB ANG ESTRATEHIYA NG MATAGALANG DIGMANG BAYAN. ALINSUNOD DITO, KINUKUBKOB NG ARMADONG LAKAS NG BAYAN ANG MGA SYUDAD MULA SA MGA KANAYUNAN AT PINAKIKILOS ANG MASANG MAGSASAKA BILANG PANGUNAHING PWERSA NG REBOLUSYON. SA KANAYUNAN PINAKAMAHINA ANG KAAWAY AT PINAKAMALAWAK ANG MANIOBRAHAN NG HUKBONG BAYAN. DITO INILULUNSAD ANG ARMADONG PAKIKIBAKA, REBOLUSYONG AGRARYO AT PAGTATATAG NG MGA REBOLUSYONARYONG BASE. MULA SA ILAMPUNG MANDIRIGMA AT ARMAS SA GITNANG LUZON, NAGSIMULANG MAGPALAKAS AT MAGPALAWAK ANG BHB SA BUONG KAPULUAN.


LALONG SUMIGLA ANG MILITANTENG KILUSAN NG MGA ANAKPAWIS. DUMAMI ANG MGA WELGA, LALUNA SA MGA EMPRESA'T BANGKO NG MGA IMPERYALISTA, MALALAKING BURGES-YANG KUMPRADOR AT PANGINOONG MAYLUPA. MINANDUHAN NG MALALAKING KAPITALISTA ANG PAPET NA MILITAR AT MGA BAYARANG SANGGANO NA SUPILIN ANG MGA WELGISTA'T AKTIBISTANG ESTUDYANTE.
RESPECT PICKET LINE
GAWING REGULAR NG MGA KASWAL
UMUGONG ANG MGA DEMONSTRASYON NG LIBU-LIBONG MAGSASAKA LABAN SA PANG-AAPI NG MGA PANGINOONG MAYLUPA AT PASISTANG PAN-DARAHAS SA KANAYUNAN. TINUTULAN NILA ANG PANG-AARESTO'T PAGTOTORTYUR SA MGA AKTIBISTANG MAGSASAKA, PAGPAPA-TAW NG KARPYU, AT PAGHAHALUGHOG AT PAGNANAKAW NG MGA PASISTA SA MGA BAHAY NG MASA.
IBABA ANG UPA SA LUPA!
WAKASAN ANG USURA!
TUTULAN ANG PASISMO!


SA LALONG PAGBAGSAK NG KABUHAYAN NG MAMAMAYAN, UNTI-UNTING LUMAGANAP SA BUONG KAPULUAN ANG SUPORTA NG MGA MANGGAGAWA, MAGSASAKA, PETIBURGESYA AT PAMBANSANG BURGESYA SA DIGMANG BAYANG PINANGUNGUNAHAN NG HUKBONG BAYAN. ITINAGUYOD DIN ITO NG MGA PROGRESIBONG TAONG-SIMBAHAN, ILANG UPISYAL AT SUNDALO NG AFP, KARANIWANG SUNDALONG AMERIKANO SA MGA BASENG MILITAR NG US AT MGA MAMAMAYAN SA IBAYONG DAGAT.
DIGMANG BAYAN, SAGOT SA BATAS MILITAR!
MOVEMENT OF CONCERNED CITIZENS FOR CIVIL LIBERTIES
mdp
MAMAMAYAN PARA SA ISANG DEMOKRATIKONG PILIPINAS
MABUHAY ANG BAGONG HUKBONG BAYAN!
SA TIMOG-KANLURAN AT GITNANG MINDANAO, SUMIKLAB ANG ARMADONG PAKIKIBAKA NG MGA MORO LABAN SA REAKSYUNARYONG GUBYERNO PARA SA KANILANG KARAPATANG MAGPASYA-SA-SARILI.
BUNGA NG PAGSULONG NG PAMBANSA-DEMOKRATIKONG KILUSAN SA KALUNSURAN, DUMAMI ANG MGA REBOLUSYONARYONG MANGGAGAWA MARALITA NG LUNSOD AT INTELEKTWAL NA SUMAMPA SA BHB.


SA HARAP NG MGA KAMPANYANG "PAGKUBKOB AT PANUNUPIL" NG DIKTADURANG REHIMEN, HINDI LAMANG NAPANGALAGAAN NG BAGONG HUKBONG BAYAN ANG SARILING PWERSA KUNDI NAKAPAGPALAWAK PA ITO. PATULOY NA BINIGO O BINANATAN NG HUKBONG BAYAN ANG MARAMING OPERASYON NG PAPET NA PASISTANG MILITAR.


HABANG YUMAYAMAN ANG KARANASAN NG PARTIDO, BHB AT REBOLUSYONARYONG MASA SA ARMADONG PAKIKIBAKA, HIGIT NA NASASAPOL ANG MGA PARTIKULAR NA KATANGIAN NG DIGMANG BAYAN SA PILIPINAS AT MAS MAHUSAY NA NAPAPAMUNUAN AT NAISUSULONG ITO.


DAHIL SA PAGLAWAK NG PARTIDO AT NG HUKBONG BAYAN SA BUONG KAPULUAN, NAKAKILOS ANG MGA ITO NANG MALUWAG SA MARAMING LUGAR, BAGAMAT NAGKUKUMAHOG ANG KAAWAY NA WASAKIN ANG MGA ITO.


NAKAUGAT ANG PARTIDO AT BAGONG HUKBONG BAYAN SA HANAY NG MASA SA PINAKAESTRATE-HIKONG MGA LUGAR SA BUONG KAPULUAN. MILYUN-MILYONG MAMAMAYAN ANG PINUPUKAW, PINAKI-KILOS AT INOORGANISA NG PARTIDO AT BHB.
SA PAMAMAGITAN NG AMBUS AT PAGLUSOB SA KA-AWAY, MABILIS NA DUMAMI ANG MGA MANDIRIG-MA AT ARMAS NG BHB. SA PINAKAABANTENG MGA LARANGANG GERILYA, SINALAKAY AT DINIS-ARMAHAN NG HUKBONG BAYAN ANG KAAWAY SA MGA POBLASYON.
SA TULONG NG MILISYANG BAYAN AT IBA PANG ORGANISASYONG MASA, KINUMPISKA NG BHB ANG ARMAS NG MARAMING PULIS AT KASAPI NG CHDF (NA NAGING CAFGU SA PANAHON NI AQUINO) KAHIT DI NAGPAPAPUTOK. SA MARAMING SYUDAD AT BAYAN, BINANATAN AT DINIS-ARMAHAN NG MGA PAR-TISANO ANG MGA NAG-IISANG PAPET NA SUNDALO O MALILIIT NA GRUPO NG MGA PASISTA.
CHDF


NAGPURSIGI ANG MAMAMAYANG MORO SA TIMOG-KANLURANG MINDANAO SA MAKATARUNGANG ARMADONG PAKIKIBAKA PARA SA PAMBANSANG PAGPAPASYA-SA-SARILI. INAMBUS NG MAMAMAYANG MORO ANG MGA PATRULYA AT SASAKYANG MILITAR NG DIKTADURA AT NILUSOB ANG MGA KWARTEL AT KAMPO NITO.
BINIGO O WINASAK NG MAMAMAYANG MORO ANG MALAKIHANG KAMPANYANG "PAGKUBKOB" NG PASISTANG MILITAR.


MATATAG NA SUMULONG ANG REBOLUSYONARYONG KILUSAN NG MANGGAGAWA. SA MGA PABRIKA, ASYENDA AT KOMUNIDAD NG MGA MANGGAGAWA, PINALAGANAP ANG PAMBANSA-DEMOKRATIKONG PROGRAMA AT ANG MARXISMO-LENINISMO-MAOISMO.
NAKAPAGPADALA RIN SA KANAYUNAN AT SA HUKBONG BAYAN NG MGA AKTIBISTANG MANGGAGAWA ANG REBOLUSYONARYONG KILUSAN NG MASANG MANGGAGAWA.
KAHIT PINAGBABAWALAN, TINATAKOT AT DINADAHAS NG DIKTADURANG REHIMEN, MAPANGAHAS NA NAGBUNSOD NG MGA DEMONSTRASYON AT WELGA ANG MGA MANGGAGAWANG INDUSTRIYAL AT MANGGAGAWANG BUKID PARA IGIIT ANG KANILANG MGA KARAPATAN AT ANG MGA KARAPATAN NA RIN NG BUONG SAMBAYANAN.
HOD!
IGIIT ANG KARAPATANG AGWELGA!
LAYAIN ANG MGA LIDER
AGAWIN ANG MGA EMPRESA NG MGA MPERYALISTA!
ALIS
AN


SA KANAYUNAN, BUONG SIGLANG UMUNLAD ANG REBOLUSYONARYONG KILUSANG MAGSASAKA NA NAGSISILBING MATIBAY NA PUNDASYON NG DIGMANG BAYAN. DITO NANGGALING ANG PINAKAMARAMING KADRE'T MANDIRIGMA NG BHB. SA KANAYUNAN, ANG MGA PULANG GERILYA AY PARANG MGA ISDANG LUMANGOY SA TUBIG NG REBOLUSYONARYONG KILUSANG MAGSA SAKA. SUMUPORTA ANG MASA SA BHB SA MARAMING PARAAN.
PC
SA PAMUMUNO NG PARTIDO, SAMA-SAMANG IPINAGLABAN NG MGA MAGSASAKA NA IBABA ANG UPA SA LUPA, ANG INTERES SA PAUTANG, BAYAD SA IRIGASYON, AT MGA HAYOP AT KAGAMITANG PANSAKAHAN; AT IPINAGLABAN DIN ANG MAS MATAAS NA SAHOD NG MANGGAGAWANG BUKID. PINALAGANAP NILA ANG PAGTUTULUNGAN PARA PAUNLARIN ANG PRODUKSYONG AGRIKULTURAL AT PANDAGDAG NA HANAPBUHAY AT MAGTATAG NG KOOPERATIBANG NAGTATAKDA NG TAMANG PRESYO PARA SA KANILANG MGA PRODUKTO.
KASABAY NITO, LIBU-LIBONG MAGSASAKA ANG NAGDEMONSTRASYON SA MGA BARYO'T POBLASYON PARA ILANTAD AT TUTULAN ANG PAGSASAMANTALA AT PANGAAPI NG MGA PANGINOONG MAYLUPA AT ANG TERORISMO NG REHIMEN.
BAKAHIN ANG MGA PASISTANG KALUPITAN!
IPAGLABAN ANG TUNAY NA REPORMA SA LUPA
LUPA SA NAGBUBUNGKAL


LUMAWAK AT TUMATAG DIN ANG REBOLUSYONARYONG KILUSAN NG MGA KABATAAN AT ESTUDYANTE. MALAKI ANG TULONG NITO SA PAGPAPALAGANAP SA BUONG KAPULUAN NG PROPAGANDA PARA SA DEMOKRATIKONG REBOLUSYONG BAYAN.



SA PAMAMAGITAN NG MGA SESYON NG PAG-AARAL, BABASAHIN, PULONG-BAYAN, LIKHANG-SINING, BOYKOT AT DEMONSTRASYON, BINIGO NILA ANG PAKANA NG MGA PASISTA NA ITAGO ANG KATOTOHANAN AT PIGILIN ANG MILITANTENG PROTESTA.
UNIVERSITY
AKIBAKA PARA SA PAMBANSANG EMOKRASYA!


MALAKING BILANG SA KANILA ANG LUMUBOG SA HANAY NG MASANG ANAKPAWIS AT NATUTO SA PAKIKIBAKA NITO. KASABAY NITO, TUMULONG SILA SA PAGMUMULAT SA MGA MANGGAGAWA'T MAGSASAKA.


TUMULONG ANG KILUSANG LIHIM NG KABATAAN AT ESTUDYANTE SA PANGANGALAP NG IBA'T IBANG MATERYAL NA TULONG SA DIGMANG BAYAN, SAMANTALANG PARAMI NANG PARAMI SA KANILA ANG KUMIKILOS BILANG BUONG-PANAHONG MGA KADRE, MANDIRIGMA AT AKTIBISTANG MASA.

## IKALAWANG KABANATA


# Mga Pundamental Na Problema Ng Sambayanang Pilipino





# I. Lipunang Malakolonyal at Malapyudal

**M**ALAKOLONYAL AT MALAPYUDAL ang lipunang Pilipino ngayon. Ang katayuang ito ay itinatakda ng imperyalismong US, pyudalismo at burukratang kapitalismo na ngayo'y walang awang nagsasamantala sa malawak na masa ng mamamayang Pilipino. Ang tatlong kasamaang ito, na bunga ng kasaysayan, ang mga pundamental na suliraning nagpapahirap sa lipunang Pilipino.


NANANATILING MALAKOLONYAL AT MALAPYUDAL ANG LIPUNANG PILIPINO DAHIL SA IMPERYALISMONG U.S., PYUDALISMO AT BURUKRATANG KAPITALISMO, NA SIYANG TATLONG PUNDAMENTAL NA PROBLEMA NG MAMAMAYAN.
MALAKOLONYAL DAHIL KAHIT NA HINDI NA TUWIRANG SAKOP NG UNITED STATES ANG PILIPINAS, PATULOY ANG KONTROL NG MGA IMPERYALISTANG U.S. SA PAMAMAGITAN NG MGA DI PANTAY NA KASUNDUAN, PAGDIDIKTA NG MGA PATAKARAN SA PAPET NA GUBYERNO'T MILITAR, AT PAGPILI SA PINAKAMATAAS NA MGA UPISYAL DITO.
JUSMAG
MALAPYUDAL DAHIL PINANATILI NG IMPERYALISMONG U.S. ANG LUMANG PYUDAL NA SISTEMA, KASABAY NG ILANG INDUSTRIYANG UMAASA SA MAKINARYA AT KAGAMITANG IMPORTED. PINIPIGIL NG IMPERYALISMONG U.S. ANG PAG-UNLAD NG PAMBANSANG KAPITALISMO AT INDUSTRIYALISASYON SA PILIPINAS.


PYUDALISMO ANG BATAYANG PANLIPUNAN NG IMPERYALISMONG U.S. SA PILIPINAS. KATULONG NITO SA PANG-AAPI SA MAMAMAYAN ANG MGA BURUKRATA NG GUBYERNO. SA EKONOMYANG MALAKOLONYAL AT MALAPYUDAL, KULANG ANG TRABAHONG MAPAPASUKAN NG MANGGAGAWA, MAGSASAKA AT IBA PANG MAMAMAYAN.
WALANG BAKANTE
NO VACANCY
NO VACANCY
DAHIL SA PAGKUKUMPITENSYAHAN SA IILANG TRABAHO SA MGA PABRIKA'T TANIMAN, NANANATILING MABABA ANG SAHOD NG MGA MANGGAGAWA. NAGKAKAMAL NG MALAKING GANANSYA ANG MGA IMPERYALISTA SA PAMAMAGITAN NG PAGSASAMANTALA SA MURANG LAKAS-PAGGAWANG ITO AT SA MURANG HILAW NA MATERYALES MULA SA LIKAS NA YAMAN NG BAYAN.
HABANG HINDI INDUSTRIYALISADO ANG PILIPINAS, HINDI NAWAWASAK ANG MONOPOLYO SA LUPA NG MGA PANGINOONG MAYLUPA, AT HABANG ANG KAPANGYARIHAN SA ESTADO AY HINDI HAWAK NG MGA DEMOKRATIKONG URI, MADALING ITAMBAK SA ATING BAYAN ANG MGA YARING PRODUKTO, MADALING HAKUTIN ANG ATING HILAW NA MATERYALES AT MADALI TAYONG IBAON SA UTANG.

# II. Imperyalismong US

ANG IMPERYALISMONG US ANG PANGUNAHING NAKIKINABANG at pinakamapagpasyang pwersang nagtataguyod sa kasalukuyang naghaharing sistema sa Pilipinas.


Kailangang-kailangan ng mga imperyalistang bayan ang mga kolonya at malakolonyang tulad ng Pilipinas. Ang mga bayang ito ang pinagkukunan ng murang hilaw na materyales, pinagtatambakan ng mga produktong yari sa imperyalistang bayan at pinagdadalhan ng sobrang kapital. Mula sa pamumuhunan, kalakalan at pagpapautang sa mga atrasadong bayan, nagkakamal ang mga imperyalista ng supertubo. Kung wala ang mga kolonya at malakolonya, hindi mapapanatili ng mga imperyalistang bayan ang mabilis na pagpapalawak sa produksyon at kalakalan at ang pagkakamal ng supertubo sa pamumuhunan. Kung hindi mapapanatili ang mga ito, matatalo sila sa pakikipagkumpitensya sa ibang imperyalistang bayan at babagsak ang negosyo nila.

Sa mga kolonya at malakolonya, ginagamit ng mga imperyalista ang lakas sa militar para supilin ang mga mamamayan at sugpuin ang mga rebolusyonaryong kilusan at pakikibaka. Digmang mapanalakay ang pangunahing ginagamit ng mga imperyalista para magparami ng kolonya at malakolonya.

Mahigit 90 taon nang nasa ilalim ng kapangyarihan ng imperyalismong US ang Pilipinas. Mula 1900-1946 ang tuwiran o kolonyal na paghahari at 1946 hanggang kasalukuyan ang di-tuwiran o malakolonyal na paghahari ng imperyalismong US sa bayan.




ANG IMPERYALISMO AY ANG MONOPOLYONG YUGTO NG KAPITALISMO. INIHAYAG NI LENIN ANG LIMANG ESENSYAL NA KATANGIAN NG IMPERYALISMO: 1. ANG KONSENTRASYON NG PRODUKSYON AT KAPITAL AY UMABOT NA SA YUGTONG LUMIKHA NA ITO NG MGA HIGANTENG MONOPOLYO NA MAY MAPAGPASYANG PAPEL SA BUHAY PANG-EKONOMYA.





2 NAGSANIB ANG KAPITAL SA BANGKO AT KAPITAL SA INDUSTRIYA AT LUMITAW ANG ISANG OLIGARKYA SA PINANSYA MULA SA "KAPITAL SA PINANSYANG" ITO:





3 KATANGI-TANGI ANG IMPORTANSYA NG PAG-EEKSPORT NG KAPITAL NA IBA PA SA PAG- EEKSPORT NG KALAKAL;





4 MAYROON NANG MGA INTERNASYUNAL NA MONOPOLYONG KAPITALISTA NA NAGSASALU-SALO SA MGA NEGOSYO SA MUNDO;





5 LUBOS NA ANG PAGKAKAHATI-HATI NG TERITORYO NG DAIGDIG SA PAGITAN NG PINAKAMALALAKING KAPITALISTANG KAPANGYARIHAN.




ANG PILIPINAS AY MALAKOLONYA NG IMPERYALISMONG U.S.. PAG-AARI NG MGA IMPERYALISTA ANG KARAMIHAN SA PINAKAMALALAKING KORPORASYON DITO. KONTROLADO NILA ANG DI KUKULANGIN SA KALAHATI NG HALAGA NG LAHAT NG ARI-ARIAN PANG-NEGOSYO SA BUONG KAPULUAN. HAWAK DIN NILA ANG PINAKA-ESTRATEHIKONG MGA INDUSTRIYA.






KINUKUHA NG MGA EMPRESA NG U.S. ANG BILYUN-BILYONG PISONG INIIPON NG MAMAMAYANG PILIPINO SA MGA BANGKONG PRIBADO AT HAWAK NG PAPET NA GUBYERNO. GINAGAMIT ITONG KAPITAL SA MGA NEGOSYO SA PILIPINAS.





MABILIS NA NAGKAKAMAL NG SUPERTUBO ANG MGA MONOPOLYONG KAPITALISTA NG U.S. SA ATING BAYAN. SA BAWAT DOLYAR NA PUHUNAN, KARANIWANG KUMIKITA SILA NG HANGGANG 10 DOLYAR. TAUN-TAON, NAG-UUWI SILA SA U.S. NG DAAN-DAANG MILYONG DOLYAR.





DAHIL SA ATRASADO AT DI-INDUSTRIYALISADONG EKONOMYA, ANG PILIPINAS AY NAKATALI SA PALITAN NG HILAW NA MATERYALES AT DAYUHANG YARING PRODUKTO. DAHIL HALOS MGA MURANG PRODUKTONG AGRIKULTURAL LAMANG ANG INEEKSPORT NG PILIPINAS, DI NITO KAYANG KUMITA NG SAPAT NA DOLYAR PARA BAYARAN ANG MAHAL NA MGA PRODUKTONG INIIMPORT.
SUGAR
COCONUT OIL
HILAW NA MATERYALES
ESTADOS UNIDOS
YARING PRODUKTO


KAHIT NA AGRIKULTURAL ANG PILIPINAS, KAILANGAN PA RING MAG-IMPORT NG MGA PRODUKTONG AGRIKULTURAL TULAD NG GATAS, KESO AT TRIGO. KAHIT NAPAKAYAMAN ANG KAPULUAN SA ISDA, NAG-IIMPORT PA RIN NG DELATANG ISDA. NAGSASABWATAN ANG MGA IMPERYALISTA PARA LALONG ITAAS ANG PRESYO NG MAHAL NA MGA YARING PRODUKTO NILA. KASABAY NITO, BINABARAT NILA ANG BINIBILING HILAW NA MATERYALES.
BAYANG IMPERYALISTA
POWDERED MILK
CHEESE
PILIPINAS

NAGKAKAMAL DIN NG SUPERTUBO ANG MGA IMPERYALISTA SA PAMAMAGITAN NG USURA AT PAMUMWERSA SA MGA MAHIHINANG BAYAN NA IBABA ANG HALAGA NG KANILANG PERA (MAGDEBALWASYON). DAHIL KULANG ANG DOLYAR NA KINIKITA NG PILIPINAS SA PAG-EEKSPORT NG HILAW NA MATERYALES, KAILANGANG UMUTANG ANG PAPET NA GUBYERNO PARA MABAYARAN ANG MGA YARING PRODUKTONG INIIMPORT AT ANG DATI NANG MGA UTANG NA MAY MALAKI PANG INTERES. NOONG 1992, ANG BAYAD SA INTERES SA PAUTANG AY UMABOT SA $4.5 BILYON; NOONG 1993, UMABOT ITO NG $8.6 BILYON.




BILANG KUNDISYON SA PAUTANG IDINIDIKTA NG IMPERYALISMONG U.S. SA GUBYERNO NA IBABA ANG HALAGA NG PISO. DAHIL DITO, TUMATAAS ANG HALAGA NG MGA UTANG NG PILIPINAS SA DAYUHAN. LALONG NAGIGING MURA ANG MGA YARING PRODUKTONG INIIMPORT.



# III. Pyudalismo

MAHIGIT APATNARAANG TAON NANG UMIIRAL ang pyudalismo sa Pilipinas. Mga palatandaan ng patuloy pang pag-iral nito ang sumusunod:

a. Pag-aari at kontrol o monopolyo ng iilang panginoong maylupa sa malalawak na lupain at kakulangan o kawalan ng lupa ng masang magsasaka

b. Laganap na pagsasamantalang pyudal tulad ng napakataas na upa sa lupa, usura at pang-aalila sa masang magsasaka


k. Atrasado at maliitang pagsasaka sa malaking bahagi ng kanayunan





SA SISTEMANG PYUDAL, ANG PRINSIPAL NA PWERSA SA PRODUKSYON AY ANG MGA MAGSASAKA AT ANG LUPAING BINUBUNGKAL NILA. SA SISTEMANG ITO, ANG MALALAWAK NA LUPAIN AY INAARI NG MGA PANGINOONG MAYLUPANG DI NAGBUBUNGKAL NG LUPA. ANG PANGINGIKIL NG PARTE NG ANI BILANG UPA SA LUPA ANG PRINSIPAL NA PORMA NG PAGSASAMANTALA NG MGA PANGINOONG MAYLUPA. NAGHIHIRAP ANG MGA MAGSASAKA DAHIL KULANG PA ANG KANILANG PARTE SA ANI PARA MABUHAY SA ARAW-ARAW.


KUNTENTO ANG MGA PANGINOONG MAYLUPA SA ATRASADONG PARAAN NG PAGSASAKA, DAHIL SAPAT ITO PARA SA KANILANG LUHO. ANG MGA MAGSASAKA ANG NAGHIHIRAP SA ATRASADONG PAMAMARAAN NG PAGSASAKA.
PINAGSASAMANTALAHAN DIN SILA SA PAMAMAGITAN NG MGA PYUDAL NA PAMAMALAKAD TULAD NG USURA, PANG-AALILA AT SARISARING PANGINGIKIL.



PINAUUNLAD NG IMPERYALISMONG U.S. ANG MALAPYUDALISMO SA KANAYUNAN SA PAMAMAGITAN NG PAGPAPASIGLA SA KAPITALISTANG PAGSASAKA, PAG-AARI NG MGA KORPORASYONG IMPERYALISTA SA MGA LUPAIN AT USURA NG MGA KOMERSYANTE. SA MGA PALAYAN AT MAISAN, NANGINGIBABAW ANG PYUDAL NA PANGINGIKIL NG UPA SA LUPA SA MGA MAGSASAKA. SA MGA ASYENDA NAMAN, MATINGKAD ANG MATINDING PAGSASAMANTALA SA MGA SAHURANG MANGGAGAWANG BUKID.
Dole
FARMS



BAHAGYA LAMANG, PABUGSU-BUGSO AT DI-PANTAY ANG PAG-UNLAD NG KAPITALISMO SA PILIPINAS. NAMUMUHUNAN LAMANG ANG MGA IMPERYALISTA SA AGRIKULTURA, BAHAGYANG PAGPOPROSESO NG HILAW NA MATERYALES (LOKAL O INIIMPORT MULA SA U.S.), PAG-AASEMBOL AT MULING PAGEEMPAKE, AT MGA PLANTANG IPINAGBAWAL NA SA MGA BAYANG IMPERYALISTA.


MULA 50 HANGGANG 80 PORSYENTO NG ANI ANG KARANIWANG UPA NG MGA MAGSASAKA SA LUPA. KARANIWAN DING SA KANILA ANG GASTOS SA PRODUKSYON. KAPAG ANG MGA PANGINOONG MAYLUPA NAMAN ANG GUMAGASTOS, SINOSOBRAHAN NILA ANG TURING SA PRESYO NG MATERYALES AT KAGAMITANG PANSAKA.




GINAGAMIT NG MGA PANGINOONG MAYLUPA ANG USURA PARA PALAKIHIN ANG PARTE NILA SA ANI AT PARA MAKAPAG-ANGKIN PA NG MAS MARAMING LUPAIN. ANG KANILANG INTERES SA UTANG AY UMAABOT SA 50 HANGGANG 300 PORSYENTO BAWAT ANIHAN. ANG KARAMIHAN NG NAGIGING BIKTIMA NG USURA AY ANG MGA MARALITANG MAGSASAKA DAHIL LAGING KULANG ANG PARTE NILA SA ANI AT WALA SILANG MAISANGLA KUNDI ANG KANILANG PARTE SA SUSUNOD NA ANI.




KAHIT NAPAKALAKI NG GANANSYA NG MGA ASENDERO SA MGA TANIMANG PANG-EKSPORT, INIIPIT PA RIN NILA NANG HUSTO ANG MGA MANGGAGAWANG BUKID. ITINUTURING NILANG KASWAL AT PANAHUNAN ANG KARAMIHAN NG MANGGAGAWA SA ASYENDA PARA BAYARAN LAMANG NG MAS MABABA PA SA MINIMUM NA PASAHOD. HALIMBAWA NITO ANG MGA SAKADA, MGA PANAHUNANG MANGGAGAWA SA TUBUHAN NA HINAHAKOT PA MULA SA IBANG PROBINSYA O ISLA. INILALAGAK SILA SA MGA TIRAHANG NAPAKALIIT AT NAKASASAMA SA KALUSUGAN.


PWERSADONG BUMILI ANG MGA SAKADA NG MAHAL NA PANINDA SA MGA KANTINA NG MGA PANGINOONG MAYLUPA. ITINATALI SILA SA UTANG NG MGA KONTRATISTA PARA SA PASAHE PAPUNTANG ASYENDA. MALAKING KOMISYON ANG KINIKITA NG MGA KONTRATISTA SA SERBISYO NILA SA MGA PANGINOONG MAYLUPA.
GANANSYA
₱
₱ ₱
HALAGA NG PRODUKTO
KOMISYON
SAHOD


# IV. Burukratang Kapitalismo

ANG BURUKRATANG KAPITALISMO ay ang pagpapatakbo sa gubyerno nang parang negosyo at para sa pagpapayaman ng mga nakaupo sa kapangyarihan.

Ang malalaking burukrata o upisyal ng reaksyunaryong gubyerno ay pawang mga kinatawan at bahagi ng uring malaking burgesyang kumprador at uring panginoong maylupa. Ginagamit nila ang kapangyarihang pampulitika para magsilbi sa mga dayuhang imperyalista, malaking burgesyang kumprador at mga panginoong maylupa. Kasabay nito, kinakasangkapan nila ang kanilang pusisyon para mangurakot at magpalawak ng pag-aaring lupa at negosyo.

Lahat ng papet na presidente, mula kay Quezon hanggang kay Ramos, ay mga burukratang kapitalista. Gayundin ang karamihan sa mga nangungunang burukrata sa pamahalaang pambansa, probinsyal at munisipal.




SA BAWAT ANTAS NG PAPET NA GUBYERNO, MAY MGA BURUKRATANG KAPITALISTA NA NAGSISILBING TUTA NG IMPERYALISMONG US, MALAKING BURGESYANG KUMPRADOR AT URING PANGINOONG MAYLUPA. BILANG BAYAD SA KANILANG SERBISYO, HINAHAYAAN SILANG MAGBULSA NG PERA NG BAYAN. SA ISANG MALAKOLONYAL AT MALAPYUDAL NA LIPUNAN, NATURAL ANG PANGUNGURAKOT AT ANOMALYA SA GUBYERNO. MULA KINA QUEZON AT OSMEÑA HANGGANG KAY RAMOS, SINUSUHULAN ANG MGA BURUKRATANG KAPITALISTA SA PAGGAWA NG BATAS, UTOS AT DESISYON NG KORTE AT PAG-AAPRUBA NG MGA KONSESYON, PRANGKISA AT LISENSYA.
INAANGKIN NILA ANG MGA LUPAING PUBLIKO AT IPINAGNENEGOSYO ANG PERA NG GUBYERNO. NAMUMUHUNAN SILA SA MGA GAWAING ILIGAL TULAD NG ISMAGLING AT PANGINGIKIL.
STERFIELD
PALL MALL
ITES
FIELD
TTES
CAMEL






PARA SUGPUIN ANG MGA KILUSAN AT PAKIKIBAKA NA NAGLALAYONG PALAYAIN ANG LIPUNANG PILIPINO SA PAGHAHARI NG IMPERYALISMO, PYUDALISMO AT BURUKRATANG KAPITALISMO, ITINATAGUYOD NG MGA BURUKRATANG KAPITALISTA ANG PASISMO. ITO ANG MARAHAS NA PANANALAKAY AT PANUNUPIL NG REAKSYUNARYONG ESTADO SA MAMAMAYAN. HINDI TANDA NG LAKAS ANG PAGTINDI NG PASISMO. TANDA ITO NG PAGKA-DESPERADO AT KAHINAAN NG MGA PUSAKAL NA REAKSYUNARYO (KONTRA SA REBOLUSYON). IBIG SABIHIN, DI NA SILA MAKAPANLOKO SA MAMAMAYAN SA PAMAMAGITAN NG MATATAMIS NA SALITA. TANDA ITO NG MABILIS NA PAGSULONG NG REBOLUSYON AT NG PAG-IGTING NG MGA HIDWAAN SA HANAY NG REAKSYUNARYONG MGA URI.

## IKATLONG KABANATA

# ANG DEMOKRATIKONG REBOLUSYON NG BAYAN

MALINAW SA PAG-AARAL NG KASAYSAYAN ng Pilipinas na hindi kailanman kusang isusuko ng mga dayuhan at lokal na naghaharing uri ang kanilang kapangyarihan. Hindi rin nila kusang isusuko ang kayamanang dinambong nila sa mamamayang Pilipino.

Bilang pinakamahalagang kasangkapan sa pagtatanggol at pagtataguyod sa kanilang paghahari't interes, itinayo at patuloy na pinalalakas ng mga naghaharing uri ang reaksyunaryong estado. Para mapalaya ang sambayanan sa paghahari ng imperyalismong US, pyudalismo at burukratang kapitalismo, kailangang ibagsak ang reaksyunaryong estado. Kailangang palitan ito ng bagong estadong likha ng mamamayan at nagtataguyod sa kanilang mga interes. Kailangan ang rebolusyonaryong dahas para magapi ang mga naghaharing uri at mahawan ang landas sa pagtatatag ng lipunang malaya, makatarungan at maunlad.

Mapapalaya lamang ang sambayanang Pilipino mula sa tatlong salot pangunahin sa pamamagitan ng armadong pakikibaka at segundaryo, sa pamamagitan ng ligal na pakikibaka. Repormismo ang paniniwalang makakamit ang tunay na kalayaan at demokrasya sa pamamagitan ng parlamentaryong mga paraan lamang.






# I. ANG SALIGANG KATANGIAN NG REBOLUSYONG PILIPINO




PARA MAKAMIT ANG PAMBANSANG KALAYAAN AT DEMOKRASYA, BUONG GITING NA ISINUSULONG NG MAMAMAYANG PILIPINO ANG DEMOKRATIKONG REBOLUSYONG BAYAN LABAN SA REHIMENG U.S.-RAMOS NA PINAKAKONSENTRADONG KINATAWAN NGAYON NG IMPERYALISMONG U.S., PYUDALISMO AT BURUKRATA KAPITALISMO SA PILIPINAS. SA BUONG KAPULUAN, LUMALAWAK AT UMIIGTING ANG DIGMANG BAYANG KUMUKUBKOB SA KALUNSURAN MULA SA KANAYUNAN. SA PAMUMUNO NG PARTIDO, LUMALAGANAP ANG REBOLUSYONARYONG KILUSANG LIHIM AT ANG MILITANTENG HAYAG NA KILUSANG MAKABAYAN AT DEMOKRATIKO. TUMITIBAY ANG PAGKAKAISA NG MGA MANGGAGAWA, MAGSASAKA, PETI-BURGESYA AT PAMBANSANG BURGESYA SA PAKIKIBAKA LABAN SA MGA IMPERYALISTA, PANGINOONG MAYLUPA, AT MALAKING KUMPRADOR.
IBAGSAK ANG REHIMENG U.S.-RAMOS!


SOSYALISMO ANG PERSPEKTIBA NG DEMOKRATIKONG REBOLUSYONG BAYAN. KAGYAT NA SISIMULAN ANG REBOLUSYONG SOSYALISTA SA TAGUMPAY NG DEMOKRATIKONG REBOLUSYONG BAYAN, KAPAG NAIBAGSAK NA ANG KAPANGYARIHAN NG IMPERYALISMO, PYUDALISMO AT BURUKRATANG KAPITALISMO AT NAAGAW NA NG MAMAMAYAN ANG KAPANGYARIHANG PAMPULITIKA SA BUONG BAYAN. SA SOSYALISMO, ANG KAPANGYARIHANG PANG-ESTADO AY NASA KAMAY NG URING MANGGAGAWA AT ANG KAGAMITAN SA PRODUKSYON AY PAG-AARING PUBLIKO.


ILALATAG NG DEMOKRATIKONG REBOLUSYONG BAYAN ANG KUNDISYON SA PAGLULUNSAD AT PAGSUSULONG NG SOSYALISTANG REBOLUSYON. PAUUNLARIN AT PALALAKASIN NITO ANG MGA SOSYALISTANG SALIK GAYA NG PAMUMUNO NG URING PROLETARYADO SA PAMAMAGITAN NG PARTIDO KOMUNISTA, ABSOLUTONG PAMUMUNO NG PARTIDO SA BHB AT ...
.. IBA PANG INSTRUMENTO NG KAPANGYARIHANG PAMPULITIKA, ANG PAGTATAYO NG SEKTOR PANG-ESTADO AT SEKTOR PANG-KOOPERATIBA NG EKONOMYA BILANG MAPAGPASYANG MGA SALIK SA EKONOMYA, AT ANG PAGTATAYO NG DIKTADURA NG PROLETARYADO SA BAG-AS NG DEMOKRATIKONG DIKTADURANG BAYAN.
PATATAGIN ANG DIKTADURA NG PROLETARYADO!
ITAGUYOD ANG MARXISMO LENINISMO MAOISMO
ISULONG ANG SOSYALISMO!

## II. Mga Kaibigan at Kaaway ng Rebolusyon

SA PAGLULUNSAD NG DEMOKRATIKONG REBOLUSYONG BAYAN, mahalagang makilala kung sino ang mga kaibigan at sino ang mga kaaway. Sa gayon, natutukoy natin kung paano wastong pakikitunguhan ang bawat isa sa mga ito.

Mga kaaway ng sambayanang Pilipino ang imperyalismong US, malaking burgesyang kumprador at uring panginoong maylupa. Bilang mga naghaharing uri, sila ang kumokontrol at nagpapasasa sa yaman ng Pilipinas. Kontrolado din nila ang reaksyunaryong gubyerno at mga armadong pwersa nito.

Magkakakampi sa rebolusyon ang proletaryado, uring magsasaka, petiburgesya at sa ilang panahon at limitadong saklaw, ang pambansang burgesya. Sila ang dumaranas ng pagsasamantala at pang-aapi ng imperyalismong US, pyudalismo at burukratang kapitalismo.

Ang proletaryado ang uring namumuno sa rebolusyon. Ito ang pinakaabanteng pwersa sa produksyon at puspusang rebolusyonaryo. Ito ang uring tagapamandila ng pinakamaunlad na rebolusyonaryong teorya, ang Marxismo-Leninismo. Ang Partido Komunista ang partidong pampulitika nito.

Ang uring magsasaka, partikular ang maralita at panggitnang magsasaka, ang pangunahing pwersa ng rebolusyon. Sila ang pinakamalaking uri sa kasalukuyang lipunan. Ang problema ng mga magsasaka, ang problema sa lupa at pyudal na pagsasamantala, ang pangunahing nilalaman ng demokratikong rebolusyon ng bayan.

Ang petiburgesya ay mapagkakatiwalaang kaalyado sa rebolusyon. Dumaranas din ito ng matinding pagsasamantala at pang-aapi at handang aktibong lumahok sa rebolusyon, kasama ng uring manggagawa at magsasaka. Ang mga estudyante at intelektwal ay gumaganap ng mahalagang papel sa pagpapalaganap ng rebolusyonaryong propaganda.



Mapalalahok sa rebolusyon ang pambansang burgesya kahit mabuway ang paninindigan. Kahit nagsasamantala rin ito sa mga manggagawa at may mga kuneksyon sa imperyalismo at pyudalismo, nagigipit ito bunga ng pagkontrol ng imperyalismong US sa Pilipinas.


Para matagumpay na maipatupad ang kagyat at matagalang mga tungkulin sa rebolusyon, kailangang kilalanin at wastong pakitunguhan ang mga tunay na kaaway at mga tunay na kakampi.

Pwedeng mangyari na maikaklasipika ang isang tao sa dalawa o higit pang kategorya ng uri. Dahil sa malakolonyal at malapyudal na katangian ng ekonomya, ang isang kabilang sa uring panginoong maylupa ay pwedeng kabilang din sa malaking burgesya o sa panggitnang burgesya. Pwedeng tukuyin ang prinsipal na katangian ng uri ng taong ito batay sa kanyang prinsipal na pinagkakakitaan. Kapag isa ring pambansang burges ang isang panginoong maylupa, magkahiwalay at tamang hinaharap ang kanyang interes bilang panginoong maylupa at interes sa industriya o komersyo. Ang isang myembro ng intelihensya ay pwedeng magmula sa pamilyang panginoong maylupa, pambansang burges o mayamang magsasaka, pero naghahanapbuhay siya bilang petiburges ng lungsod. Sa esensya, kinikilala siyang myembro ng petiburgesya ng lungsod.

Gayunman, hindi lamang pamantayang pangkabuhayan ang dapat gamitin sa pagkaklasipika ng mga indibidwal. Nahuhubog ang rebolusyonaryo o kontra-rebolusyonaryong katangian ng isang indibidwal sa takbo ng pakikibaka, laluna pagdating sa usapin ng pagiging proletaryong rebolusyonaryo. Walang isinisilang na Pula kahit sa mga anakpawis. Sa mga inaapi't pinagsasamantalahan, pwedeng magkaroon ng sandakot na eskirol na dahil sa kontra-rebolusyonaryong aktitud ay napupunta sa panig ng mga kaaway ng mamamayan. Sa mga myembro ng petiburgesya, may pwedeng maging abanteng elemento sa rebolusyonaryong pakikibaka. Kahit sa mga myembro ng mga mapagsamantalang uri may mga bukod-tanging kaso ng mga indibidwal na nagbabago at sumasama sa mga rebolusyonaryo. Kung gayon, dapat bigyan ng nararapat na importansya ang pamantayan ng paninindigang pampulitika at ang proseso ng pagbabago ng ideolohiya.

## 1. ANG PROLETARYADO

ANG URING MANGGAGAWA O ANG PROLETARYADO AY WALANG ANUMANG PAG-AARING KAGAMITAN SA PRODUKSYON. PARA MABUHAY, IPINAGBIBILI NILA ANG KANILANG LAKAS-PAGGAWA SA MGA KAPITALISTANG MAY-ARI NG MGA KAGAMITAN SA PRODUKSYON.




LUMILIKHA SILA NG SOBRANG HALAGA (TUBO) PARA SA KAPITALISTA, AT TUMATANGGAP NG NAPAKABABANG SAHOD NA HALOS IKABUHAY LAMANG NILA SA ARAW-ARAW. DAHIL MALAKOLONYAL AT MALAPYUDAL ANG PILIPINAS, KAKAUNTI PA LAMANG ANG MGA MANGGAGAWANG INDUSTRIYAL KUNG IKUKUMPARA SA MGA MAGSASAKA. SA MGA ASYENDA NAMAN, DUMARANAS ANG MGA MANGGAGAWANG BUKID NG PINAKAMASAHOL NA KALAGAYAN SA PAGGAWA.




MALA-PROLETARYADO:
ANG MALA-PROLETARYADO O MALA-MANGGAGAWA AY WALA O KULANG ANG HANAPBUHAY. MAYORYA NG MALA-PROLETARYADO AY BINUBUO NG MARALITA AT MABABANG PANGGITNANG MAGSASAKA. SA LIPUNANG PILIPINO NGAYON, MALAKI ANG MALA-PROLETARYADO. KABILANG DITO ANG MAY SIMPLENG KAGAMITAN TULAD NG MGA ARTISANO O TAGAYARING-KAMAY, KARPINTERO, MASON, MALIIT NA LITRATISTA AT GUMAGALANG TAGAKUMPUNI.
KABILANG DIN ANG MAY KAUNTING PONDO TULAD NG MAGLALAKO AT MALILIIT NA TINDERA SA PALENGKE.
KASAMA RIN SA MALA-MANGGAGAWA ANG MGA WALANG MAIPAGBILI KUNDI ANG KANILANG LAKAS-PAGGAWA NGUNIT WALA SA TUWIRANG PRODUKSYON AT HINDI REGULAR NA NAMAMASUKAN, TULAD NG MGA KARGADOR SA PYER AT PALENGKE...
...KATULONG SA BAHAY, SA RESTAWRAN O SA TINDAHAN, APRENTIS SA TALYER AT TSUPER NG TRAYSIKEL AT DYIPNI. PWERSA NG REBOLUSYON ANG MALA-PROLETARYADO.

## 2. ANG URING MAGSASAKA






## K. MARALITANG MAGSASAKA:


ANG MARALITANG MGA MAGSASAKA, KASAMA NG MGA MANGGAGAWANG BUKID, ANG BUMUBUO NG 75 HANGGANG 80 PORSYENTO NG POPULASYON SA KANAYUNAN. ANG MGA MARALITANG MAGSASAKA AY WALANG SARILING PAG-AARING LUPA AT KARANIWA'Y KASAMA NG PANGINOONG MAYLUPA.





## A. PETI-BURGESYA

ANG PETIBURGESYA ANG PINAKAMABABA AT PINAKAMALAKING SARAY NG BURGESYA SA PILIPINAS. KUMIKITA SILA SA PAGKAKAROON NG KAUNTING KAGAMITAN SA PRODUKSYON O NG ESPESYAL NA KASANAYAN O TALINO. KUMPARA SA MASANG ANAKPAWIS, NAKASASAPAT ANG KITA NG PETIBURGES. PERO KAPAG IKUKUMPARA NAMAN SA PAMBANSANG BURGESYA AT LALUNA SA MALAKING BURGESYANG KUMPRADOR, NAPAKALIIT NG KANILANG KITA (KAYA TINAWAG NA PETIBURGES — MALIIT NA BURGES). BINUBUO ITO NG KARAMIHAN SA MGA INTELEKTWAL TULAD NG MGA TITSER, KABATAANG ESTUDYANTE, PROPESYUNAL, KLERK AT MABABANG OPISYALES NG GUBYERNO.



**B. PAMBANSANG BURGESYA:**

ANG PANGGITNA O PAMBANSANG BURGESYA AY ANG MGA KAPITALISTA SA KANAYUNAN AT KALUNSURAN NA NAGHAHANGAD NG PAMBANSANG INDUSTRIYALISASYON. SILA AY NASA LINYA NG PAGYAYARING-KAMAY, PANGINGISDA, MAGAANG NA PAGMAMANUPAKTURA, PAGBEBENTA, TRANSPORTASYON AT MGA MAGAANG NA INDUSTRIYA. ANG MGA REAKSYUNARYO SA KANILA NA BUMUBUO NG KANANG PANIG NG PAMBANSANG BURGESYA AY MADALING PUMANIG SA KONTRA-REBOLUSYON DAHIL MAHIGPIT ANG UGNAY SA MALAKING BURGESYA AT DAHIL DIN SA TAKOT SA MASA. SAMANTALANG ANG MGA PROGRESIBO NA BUMUBUO NG KALIWANG PANIG AY HIGIT NA API AT MAY SIMPATYA SA REBOLUSYON.




**LUMPEN PROLETARYADO**

DAHIL LAGANAP ANG KAWALAN NG TRABAHO, MARAMI ANG LUMPEN-PROLETARYADO. SILA ANG MGA MAGNANAKAW, HOLDAPER, PULIBI, BUGAW, PUTA, SALAMANGKERO AT IBA PANG MAY TRABAHONG ANTI-SOSYAL. HINDI SILA BAHAGI NG URING PROLETARYADO BAGAMAT WALA RIN SILANG ANUMANG PAG-AARING KASANGKAPAN SA PRODUKSYON. ANG ILAN SA KANILA AY MAAARING MAGBAGO NG KAISIPAN AT SUMAMA SA REBOLUSYON.



**K. MALAKING BURGESYANG KUMPRADOR:**


ANG MALAKING BURGESYANG KUMPRADOR AY ANG MGA KAPITALISTANG YUMAYAMAN PRINSIPAL SA PAMAMAGITAN NG PAG-EEKSPORT NG HILAW NA MATERYALES AT PAG-IIMPORT NG MGA PRODUKTONG IMPERYALISTA. BILANG AHENTE NG MGA IMPERYALISTA SA KOMERSYO'T PINANSYA, SILA ANG PINAKAMALALAKING LOKAL NA KAPITALISTA. SINA MARCOS, SORIANO, AYALA-ZOBEL, ABOITIZ, TAN, GOKONGWEI, SY, COYIUTO, UYTENSU, FLOIRENDO, GAISANO, OSMEÑA, CONCEPCION, RAMOS, COJUANGCO, ORTIGAS, ROXAS-CHUA, AT ENRILE ANG ILAN SA PINAKAMALALAKING REPRESENTANTE NILA.





## 4. ANG URING PANGINOONG MAYLUPA

ANG MGA PANGINOONG MAYLUPA AY ANG MGA MAY-ARI NG MALALAWAK NA SAKAHAN. HINDI SILA LUMALAHOK SA PAGGAWA. PRINSIPAL NILANG IKINABUBUHAY ANG PANGUNGULEKTA NG UPA SA LUPA MULA SA MGA MAGSASAKA.






# Mga Natatanging Grupong Panlipunan

Walang grupong panlipunan sa Pilipinas na maihihiwalay sa pagsusuri sa mga uri. Kapag binibigyan ng Partido ng espesyal na atensyon ang mga grupong panlipunan tulad ng mga mangingisda, pambansang minorya, setler, kababaihan at kabataan, hindi ito ginagawa para palabuin o pawalan ng halaga ang makauring nilalaman kundi para bigyan ng nararapat na atensyon ang partikular na kundisyong taglay o kailangang ng bawat grupong panlipunan.




MANGINGISDA
DAHIL KAPULUAN ANG PILIPINAS, MARAMI ANG MANGINGISDA. MAY MGA PANGUNAHING NABUBUHAY SA PANGINGISDA AT SILA'Y NAHAHATI SA TATLONG SARAY. ANG MAYAMANG MANGINGISDA AY MAY SARILING BANGKANG DEMOTOR, MALALAKING LAMBAT AT KAGAMITAN SA PANGINGISDA. UMUUPA SILA NG MGA MARALITANG MANGINGISDA AT KUMIKITA NANG LAMPAS SA KANILANG PANGANGAILANGAN.
ANG PANGGITNANG MANGINGISDA AY MAY SARILING BANGKANG DEMOTOR, LAMBAT NA KATAMTAMAN ANG LAKI AT KAGAMITANG DI KASING HUSAY NG SA MAYAMANG MANGINGISDA. SA PANGISDAANG MUNISIPAL LAMANG SILA NANGINGISDA AT KUMIKITA NANG SAPAT LAMANG PARA SA PAMILYA.
ANG MGA MARALITANG MANGINGISDA AY MAAARING MAY SARILING BANGKA'T KAGAMITANG MAHINA ANG KLASE AT SA MAY BABAYIN PANGUNAHING NANGINGISDA. DI SAPAT ANG KANILANG KITA PARA SA KANILANG PANGANGAILANGAN. MAHALAGA SA REBOLUSYON ANG MGA MANGINGISDA PARA SA PAGKAKAWING AT PAGDEDEPENSA SA MGA PULO AT SA PAGSUSUPLAY NG PAGKAIN SA MAMAMAYAN.


**B. PAMBANSANG MINORYA:**

BINUBUO NG MGA PAMBANSANG MINORYA ANG HUMIGIT-KUMULANG 14 PORSYENTO NG POPULASYON. ANG PINAKAMARAMI SA KANILA AY ANG MGA TRIBUNG MUSLIM (NA MAS TAMANG TAWAGING MAGUINDANAO MARANAO, TAUSUG ATBP.). KASUNOD ANG MGA TRIBUONG IGOROT. MADALAS INAAGAW NG MGA NAGHAHARING URI ANG LUPAIN NG MGA PAMBANSANG MINORYA. KASAMA RIN SA MGA PAMBANSANG MINORYA ANG MINORYANG TSINO. SILA AY HINAHAMAK AT MINAMALIIT DAHIL SA KANILANG RELIHIYON.



**K. SETLER**

ANG MGA SETLER SA MGA BULUBUNDUKIN AT KAGUBATAN AY MAGSASAKANG NAWALAN NG LUPA AT HINDI MAKAPAGTRABAHO SA MGA PABRIKA AT TANIMAN SA MGA LUGAR NA PINANGGALINGAN NILA. ANG KARAMIHAN SA KANILA AY MGA MARALITA O MABABANG-PANGGITNANG MAGSASAKA. PINIPIGIL SILA NG REAKSYUNARYONG GUBYERNO NA MAGKATITULO SA LUPA.




D. KABABAIHAN:
KABABAIHAN ANG KALAHATI NG POPULASYONG PILIPINO. ANG MAS NAKARARAMI SA KANILA AY KABILANG SA APING URI. BUKOD DITO, INAAPI SILA NG KALALAKIHAN. ALINSUNOD SA PYUDAL NA PANANAW, ITINATALI SILA SA GAWAING-BAHAY AT SA PAG-AALAGA NG PAMILYA. O KAYA, ALINSUNOD NAMAN NA PANANAW, ITINUTURING SILANG PANG-ALIW LAMANG NG MGA LALAKI. KAILANGANG PALAHUKIN SILA NANG LUBOS SA REBOLUSYON. MAAARI SILANG GUMAMPAN NG MGA PANGKALAHATAN AT ESPESYAL NA TUNGKULIN SA REBOLUSYON.


E. KABATAAN:
KABATAAN ANG BUMUBUO SA MAYORYA NG POPULASYONG PILIPINO. ANG KARAMIHAN SA KANILA AY KABILANG SA URING MANGGAGAWA'T MAGSASAKA. DAPAT PAGSANIBIN ANG REBOLUSYONARYONG KARANASAN NG MGA NAKATATANDA AT ANG REBOLUSYONARYONG SIGLA AT TALAS NG ISIP NG KABATAAN. MAHALAGANG PAKILUSIN ANG KABATAAN PARA TIYAK NA WALANG PATID NA MAKAHALILI SA MGA NAUNA NA SA REBOLUSYONARYONG KILUSAN.


# III. Ang Tatlong Mahahalagang Sandata ng Demokratikong Rebolusyong Bayan

ANG TATLONG SANDATA NG REBOLUSYONG PILIPINO ay ang Partido Komunista ng Pilipinas, ang Bagong Hukbong Bayan at ang pambansang nagkakaisang prente. Sa madaling sabi, ang Partido Komunista ng Pilipinas, na kumakatawan sa proletaryado, ay gumagamit ng dalawang makapangyarihang sandata ang armadong pakikibaka at ang nagkakaisang prente.




**ANG PARTIDO :**

WALANG REBOLUSYONG MAGTATAGUMPAY KUNG WALANG WASTONG PAMUMUNO NG ISANG TIYAK NA URI. ANG NAMUMUNONG URI SA REBOLUSYONG PILIPINO AY ANG PROLETARYADONG PILIPINO. ITO ANG PINAKAABANTENG PWERSA SA PRODUKSYON AT SA PULITIKA AT SIYANG TAGAPAMANDILA NG MARXISMO-LENINISMO-MAOISMO. BILANG TALIBA NG URING MANGGAGAWA, BINUBUO ANG PARTIDO KOMUNISTA NG PILIPINAS NG PINAKAABANTENG MGA ELEMENTO NG URING ITO. TUNGKULIN NG PARTIDO NA WASTONG ILAPAT ANG UNIBERSAL NA TEORYA NG MARXISMO-LENINISMO-MAOISMO SA KALAGAYAN NG LIPUNANG PILIPINO.




ARMADONG PAKIKIBAKA:
ARMADONG PAKIKIBAKA ANG PRINSIPAL NA PORMA NG PAKIKIBAKA SA DEMOKRATIKONG REBOLUSYONG BAYAN. ITO'Y DAHIL HINDI KUSANG ISUSUKO NG MGA REAKSYUNARYONG NAGHAHARING URI ANG KAPANGYARIHANG PULITIKAL. KAILANGAN MARAHAS NA AGAWIN ITO. SA MATAGALANG DIGMANG BAYAN, UNTI-UNTING KINUKUBKOB NG REBOLUSYONARYONG PWERSA ANG MGA KALUNSURAN MULA SA KANAYUNAN.
23rd Inf. Batal
NASA KANAYUNAN ANG MGA MAGSASAKA, ANG PINAKAMALAKING PWERSA NG REBOLUSYON AT ANG PINAKAMALAWAK NA MAPAGKUKUNAN NG MGA PULANG MANDIRIGMA SA BAGONG HUKBONG BAYAN. SA KANAYUNAN, HAKBANG-HAKBANG NA WINAWASAK NG REBOLUSYONARYONG MAGSASAKA ANG PYUDALISMO, ANG BATAYANG PANLIPUNAN NG IMPERYALISMONG U.S. SA PILIPINAS. WALANG IBANG SOLUSYON SA PROBLEMA NG MGA MAGSASAKA KUNDI ANG MAGLUNSAD NG ARMADONG PAKIKIBAKA, MAGSAGAWA NG REBOLUSYONG AGRARYO, AT MAGTAYO NG REBOLUSYONARYONG MGA BASE SA KANAYUNAN. ANG TATLONG ITO AY NAGTUTULUNGAN AT DI-MAPAGHIHIWALAY NA MGA TUNGKULIN.
SA KANAYUNAN, MAKAKAPAGPAUNLAD TAYO NG ILANG LARANGAN NG LABANAN NA IBA'T IBA ANG KALIDAD, MULA SONANG GERILYA HANGGANG MGA BASENG PUROK. SA PAGLIKHA NG MGA BASENG PUROK, UMAASA TAYO SA MATATAG NA ORGANISASYON NG PARTIDO, MALAKAS-LAKAS NA PULANG HUKBO, TEREYN NA PABORABLE AT SAPAT NA MAPAGKUKUNAN NG KABUHAYAN. MALILIKHA NATIN ANG ARMADONG INDEPENDYENTENG REHIMEN SA KANAYUNAN KAHIT HINDI PA NATATALO ANG KAAWAY SA KALUNSURAN.


PAMBANSANG NAGKAKAISANG PRENTE:
ANG PUNDASYON NG PAMBANSANG NAGKAKAISANG PRENTE AY ANG SALIGANG ALYANSA NG URING MANGGAGAWA AT MAGSASAKA. BATAY SA PUNDASYONG ITO MAAARING MAAKIT SA PAMBANSANG NAGKAKAISANG PRENTE ANG MGA PETIBURGES AT PAMBANSANG BURGES PARA MAIHIWALAY ANG MGA PUSAKAL NA KAAWAY.
ANG TUNAY NA NAGKAKAISANG PRENTE PARA SA DEMOKRATIKONG REBOLUSYONG BAYAN AY, PANGUNAHIN, PARA SA PAGLULUNSAD NG ARMADONG PAKIKIBAKA AT SUPORTA PARA SA IBA PANG ANYO NG PAKIKIBAKA. KAILANGANG IMANTINI LAGI NG PROLETARYADO AT NG PARTIDO ANG KANILANG LIDERATO, KALAYAAN AT INISYATIBA SA LOOB NG NAGKAKAISANG PRENTE.

# IV. Ang Matagalang Digmang Bayan at ang Estratehikong Linya ng Pagkubkob sa Kalunsuran mula sa Kanayunan

ANG MATAGALANG DIGMANG BAYAN ay ang rebolusyonaryong digma na pangunahing inilulunsad sa kanayunan ng Partido Komunista ng Pilipinas, bagong Hukbong Bayan at mamamayang Pilipino para kamtin ang tunay na kalayaan at demokrasya.

Sa matagalang digmang bayan pangunahing diin ang pagsusulong ng rebolusyon sa kanayunan. Dito matatagpuan ang pinakamahinang kawing sa kapangyarihan ng kaaway, ang malawak na kalupaang paborable sa armadong pakikibaka, at ang masang magsasaka na pangunahing pwersa ng rebolusyon. Dito pangunahing inilulunsad ang pakikibakang anti-pyudal para ibagsak ang kapangyarihan ng mga panginoong maylupa at itayo ang demokratikong kapangyarihan ng bayan.

Sa paglulunsad ng matagalang digmang bayan, ginagamit natin ang estratehikong linyang kubkubin ang mga lunsod mula sa kanayunan. Matatag nating pinauunlad ang mga base at sonang gerilya sa iba't ibang estratehikong lugar sa bayan. Sa susunod na yugto, ang mga lugar na ito'y pag-uugnayin ng mga regular na puwersang makilos na nasa pusisyon nang magtanggol sa higit na malalaki at matatag na baseng rebolusyonaryo sa kanayunan. Mula sa ganoong mga base ay maaagaw natin sa wakas ang mga lunsod at makasusulong tayo tungo sa tagumpay sa buong bansa.

Habang pangunahing tungkulin na isulong ang matagalang digma sa kanayunan, segundaryong tungkulin naman na paunlarin ang rebolusyonaryong kilusang lihim, at ang malawak na demokratikong kilusang masa sa kalunsuran. Ang pangunahing katangian ng rebolusyonaryong kilusang inilulunsad sa kalunsuran ay ang pagiging ligal at depensiba.



Sa kalunsuran pinupukaw, inoorganisa't pinapakilos ang masa ng mga manggagawa at iba pang maralita, gayundin ang petiburgesya (laluna ang mga estudyante't guro), at iba pang gitnang pwersa para sa mga pakikibakang anti-imperyalista at antipasista, at para suportahan ang rebolusyonaryong kilusan sa kanayunan.

Matagalang tungkulin ng rebolusyonaryong kilusan sa kalunsuran ang paghahanda ng masang tagalunsod para sa panahong handa nang agawin ng hukbong bayan ang mga kalunsuran.

Ang pagsulong ng rebolusyonaryong kilusan sa kanayunan ay nagbibigay-sigla sa rebolusyonaryong kilusan sa kalunsuran. Nakakapagpainam sa kalagayan para sa pagsusulong ng rebolusyonaryong pakikibaka sa kalunsuran ang pagsulong ng armadong pakikibaka sa kanayunan na nagpapahina sa kaaway.

Sa kabilang banda, ang rebolusyonaryong kilusan sa kalunsuran ay nagbibigay ng kinakailangang suportang pampulitika, tao at materyal sa rebolusyonaryong kilusan sa kanayunan.


# V. Ang Programa ng Demokratikong Rebolusyong Bayan

ISINASAAD NG PROGRAMA NG DEMOKRATIKONG REBOLUSYONG BAYAN ang mga saligang prinsipyo, layunin at tungkulin ng demokratikong rebolusyong bayan. Batay ito sa "Programa sa Demokratikong Rebolusyong Bayan" na pinagtibay ng PKP noong 1968. Tinatanggap ito ngayon ng malawak na masa bilang gabay sa pagsusulong sa demokratikong rebolusyong bayan. Napatunayan nang wasto ang pangunahing mga nilalaman nito, sa rebolusyonaryong pakikibaka sa nakaraang mahigit dalawang dekada.




ANG SENTRAL NA TUNGKULIN
NG DEMOKRATIKONG
REBOLUSYONG BAYAN
SENTRAL NA TUNGKULIN NG DEMOKRATIKONG REBOLUSYONG BAYAN NA IBAGSAK ANG IMPERYALISMONG U.S., PYUDALISMO AT BURUKRATANG KAPITALISMO AT AGAWIN AT KONSOLIDAHIN ANG KAPANGYARIHANG PAMPULITIKA. LAYUNIN NITONG PALAYAIN ANG SAMBAYANANG PILIPINO SA DAYUHAN AT PYUDAL NA PAGSASAMANTALA AT PANG-AAPI.


KAGYAT NA TUNGKULIN ANG PAGKAISAHIN ANG LAHAT NG ANTI-IMPERYALISTA, ANTI-PASISTA AT DEMOKRATIKONG PWERSA PARA IBAGSAK ANG NAGHAHARING REHIMEN
ISULONG ANG
PAMBANSA-DEMOKRATI
IBAGSAK ANG
IMPERYALISMON


SA LARANGAN NG PULITIKA.
IBABAGSAK ANG MAGKASANIB NA REAKSYUNARYONG DIKTADURA NG MALAKING BURGESYANG KUMPRADOR, URING PANGINOONG MAYLUPA AT MGA BURUKRATANG KAPITALISTA AT ITATATAG ANG DEMOKRATIKONG ESTADONG BAYAN, ANG DIKTADURA NG NAGKAKAISANG PRENTE NG PROLETARYADO, URING MAGSASAKA, PETIBURGESYA, PAMBANSANG BURGESYA AT LAHAT NG IBA PANG MAKABAYAN. ISA ITONG BAGONG DEMOKRATIKONG REPUBLIKA NA PINAMUMUNUAN NG PROLETARYADO AT NAGTUTUGMATUGMA SA MGA INTERES NG LAHAT NG REBOLUSYONARYONG URI'T SARAY.


MAGKAKAROON NG MGA KONGRESO O KUMPERENSYA NG BAYAN MULA PAMBANSANG ANTAS NG GUBYERNO HANGGANG SA ANTAS NG PROBINSYA O DISTRITO. SA MGA NAKAKABABANG ANTAS, MAGKAKAROON DIN NG MGA KINATAWANG ORGANONG NAMAMAHALA.


SA BAWAT ANTAS, IHAHALAL ANG MGA KINATAWAN NG MAMAMAYAN AYON SA SISTEMA NG PANLAHATAN AT PANTAY-PANTAY NA PAGBOTO. ANG PRINSIPYO NG DEMOKRATIKONG SENTRALISMO ANG MAGIGING PANGUNAHING PRINSIPYONG PANG-ORGANISASYON NG DEMOKRATIKONG REPUBLIKANG BAYAN NG PILIPINAS.


KAHIT HINDI PA LUBUSANG NAIBABAGSAK SA BUONG BAYAN ANG REAKSYUNARYONG ESTADO, ITATATAG NA ANG DEMOKRATIKONG GUBYERNONG BAYAN SA MGA LUGAR KUNG SAAN NAGTAGUMPAY NA ANG MAMAMAYAN. ITATAYO ANG MGA KOMITENG REBOLUSYONARYO SA MGA BARYO BILANG BINHI O AKTWAL NA ORGANO NG DEMOKRATIKONG KAPANGYARIHANG PULITIKAL.

## SA LARANGANG MILITAR



## SA LARANGAN NG EKONOMYA







ANG AGRIKULTURA ANG MAGIGING BASEHAN NG INDUSTRIYALISASYON AT NG BUONG EKONOMYA. SA BUONG KANAYUNAN, LILIKHAIN ANG MGA PANGKAT SA PAGTUTULUNGAN AT SISTEMA NG PALITAN SA PAGGAWA. SA PAMAMAGITAN NG KOOPERASYONG AGRIKULTURAL, PAPLANUHIN AT PATATAASIN ANG PRODUKSYON AT TITIYAKIN ANG PINAKAMAHUSAY NA PRESYO NG MGA PRODUKTO. NGAYON PA MAN AY IPINAGLALABAN NA ANG PAGBABAWAS NG UPA SA LUPA AT PAGPAWI SA USURA BILANG KAGYAT NA HAKBANG SA TUNAY NA REPORMA SA LUPA. BATAY SA LAKAS NG DEMOKRATIKONG KAPANGYARIHANG PAMPULITIKA IPINATUTUPAD NANG HAKBANG-HAKBANG ANG TUNAY NA REPORMA SA LUPA.




KUKUMPISKAHIN AT ISASABANSA ANG MGA EMPRESA NG MGA IMPERYALISTA, MALAKING BURGESYANG KUMPRADOR, MALAKING BURUKRATANG KAPITALISTA AT MGA TAKSIL.
PAG-AARI NG MAMAMAYANG PILIPINO
PAMAMAHALAAN NG ESTADO ANG LAHAT NG PRINSIPAL NA PINAGKUKUNAN NG HILAW NA MATERYALES AT ENERHIYA, ANG LAHAT NG BATAYANG INDUSTRIYA AT IBA PANG EMPRESANG KINUMPISKA. MAGKAKAROON NG KATANGIANG SOSYALISTA ANG SEKTOR NA PANG-ESTADO NG EKONOMYA AT MAGIGING NAMUMUNONG SALIK SA PAMBANSANG EKONOMYA.
IMINUMUNGKAHING MGA REGULASYON SA INDUSTRIYA
PAUUNLARIN ANG MGA KOOPERATIBA NG MGA MANGINGISDA AT TAGAYARING-KAMAY.
PAPAYAGAN ANG PAMBANSANG BURGESYA NA MAGPATUPAD NG KAPITALISTANG PRODUKSYON PERO HINDI ITO DAPAT MAKAPANGIBABAW O MAKAHADLANG SA KABUHAYAN NG SAMBAYANANG PILIPINO.

## SA LARANGAN NG KULTURA

IPALALAGANAP ANG ISANG PAMBANSA, SYENTIPIKO AT PANGMASANG KULTURA AT PANGINGIBABAWAN AT IBABAGSAK NITO ANG IMPERYALISTA, PYUDAL AT ANTIPOPULAR NA KULTURANG UMIIRAL NGAYON. ANG KONSEPTO NG DEMOKRASYANG BAYAN ANG DAPAT MAGING BUOD NG PANGKULTURANG AKTIBIDAD NG REBOLUSYONARYONG KILUSANG MASA. IUUGNAY ANG REBOLUSYONARYONG KULTURANG ITO SA MGA KULTURANG SOSYALISTA AT KULTURA NG BAGONG DEMOKRASYA SA IBANG BANSA. MAGIGING DEMOKRATIKO ANG SISTEMA NG EDUKASYON AT GAGAWIN ITONG LIBRE SA LAHAT NG ANTAS.




LUBUSANG PASISIGLAHIN AT SUSUPORTAHAN ANG SYENTIPIKONG PAG-EEKSPERIMENTO AT KAUNLARAN SA TEKNOLOHIYA. BABAKAHIN ANG MGA PAMAHIIN AT PAUUNLARIN ANG KAKAYAHAN NG MASA NA BUMASA'T SUMULAT.



BIBIGYAN NG REBOLUSYONARYONG NILALAMAN ANG SINING AT PANITIKAN. ANG MGA LUMA'T DAYUHANG PORMA AY MAAARING IANGKOP SA PAMBANSANG KULTURA. SA PANGUNAHIN, DAPAT UMASA SA MAPANLIKHANG KAKAYAHAN NG REBOLUSYONARYONG MASA.




SA LARANGAN NG RELASYONG PANLABAS
PAGKATATAG SA DEMOKRATIKONG REPUBLIKANG BAYAN NG PILIPINAS, MAGBUBUKAS ITO'T MAGPAPANATILI NG RELASYONG DIPLOMATIKO AT KALAKALAN SA LAHAT NG BAYANG RUMERESPETO SA SOBERANYA AT INTEGRIDAD NG TERITORYO NG BANSA. SUSUNDIN ANG MGA PRINSIPYO NG MAPAYAPANG PAKIKIPAMUHAYAN: PAGRESPETO SA SOBERANYA AT INTEGRIDAD NG TERITORYO NG ISA'T ISA; DI PAGSASALAKAYAN; DI PAKIKIALAM SA PANLOOB NA MGA USAPIN NG BAWAT ISA; PAGKAKAPANTAY AT KAPAKINABANG NG ISA'T ISA; MAPAYAPANG PAKIKIPAMUHAYAN SA IBANG BAYAN ANUMAN ANG SISTEMA NG LIPUNAN. AGAD PAWAWALAMBISA ANG LAHAT NG DI PANTAY NA TRATADO AT KASUNDUAN SA IMPERYALISMONG U.S. AT IBA PANG IMPERYALISTANG BAYAN.
ITATAGUYOD ANG PINAKAMATALIK AT PINAKAMASIGLANG PAKIKIPAG-UGNAYAN SA MGA KAPATID NA SOSYALISTANG ESTADO, PARTIDO AT LAHAT NG REBOLUSYONARYONG KILUSANG LUMALABAN SA IMPERYALISMO, MODERNONG REBISYUNISMO AT LAHAT NG REAKSYON.
DAPAT MAKIPAGKAISA SA LAHAT NG SAMBAYANANG LUMALABAN SA IMPERYALISMO AT LAHAT NG REAKSYON AT HINGIN ANG KANILANG SUPORTA SA REBOLUSYONG PILIPINO.

SA ASYA, APRIKA AT AMERIKA LATINA, NAGSISIMULANG MULING LUMAKAS ANG MGA REBOLUSYONARYONG KILUSAN NA LUMALABAN SA IMPERYALISMONG U.S. AT IBA PANG MGA IMPERYALISTANG BAYAN. HABANG TUMITINDI ANG KRISIS SA MGA BAYANG KAPITALISTA, NAGHAHANDA ANG REBOLUSYONARYONG URING MANGGAGAWA NA MAG-ALSA AT IBAGSAK ANG MGA MONOPOLYONG KAPITALISTA. SA MGA BAYANG NAGPUPURSIGI SA SOSYALISTANG LANDAS, ISINUSULONG NG PROLETARYADO ANG SOSYALISTANG REBOLUSYON AT KONSTRUKSYON AT NILALABANAN ANG PANUNUMBALIK NG KAPITALISMO. SA PAMUMUNO NG PROLETARYADO AT MGA PARTIDONG MARXISTA-LENINISTA, NAGPAPATULOY SA BUONG DAIGDIG ANG REBOLUSYON TUNGO SA KOMUNISMO — ANG LIPUNANG WALANG URI AT GANAP NANG MALAYA ANG SANGKATAUHAN MULA SA PANG-AAPI'T PAGSASAMANTALA NG TAO SA TAO.

